ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MARSO 2011

# Liahona




## Mapapagaling Niya Tayo, Tayong Lahat, p. 18

**Pahayag nina Elder at Sister Holland tungkol sa Relief Society, p. 28**

**Piliin ang Landas ng mga Napili, p. 54**

**Nakahanap ng Isang Kaibigan si Rosa, p. 66**



*Paghawak sa Gabay na Bakal,* ni Louise Parker

*Sa kanyang ipinintang larawan ng isang babae na mahigpit na nakahawak sa gabay na bakal, ipinapaalala sa atin ng pintor na ito mula sa South Africa na bahagi tayo ng isang pandaigdigang Simbahan na pinag-ugnay ng maraming bagay, kabilang na ang ating paniniwala sa Aklat ni Mormon.*

*"At nakamalas ako ng gabay na bakal, at ito ay nasa kahabaan ng pampang ng ilog, at patungo sa kinatatayuan kong punungkahoy.*

*"At nakamalas din ako ng makipot at makitid na landas, sa kahabaan ng gabay na bakal, maging sa kinatatayuan kong punungkahoy; . . .*

*"At ito ay nangyari na, na nakamalas ako ng iba pang nagpapatuloy sa paglalakad, at nagtungo sila at mahigpit na humawak sa dulo ng gabay na bakal; at sila ay nagpatuloy sa paglalakad sa abu-abo ng kadiliman, mahigpit na nakakapit sa gabay na bakal, maging hanggang sa makalapit sila at makakain ng bunga ng punungkahoy" (1 Nephi 8:19–20, 24).*




## MGA MENSAHE

**4** **Mensahe ng Unang Panguluhan: Paghahanap sa Mabuti**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Sa Ilalim ng Pamamahala ng Priesthood at Ayon sa Pagkakaayos ng Priesthood**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

**14** **Pinaghiwalay ng Baha, Pinag-isa ng Panalangin**
Ni Melissa Merrill

**18** **Ang Kapangyarihan ng Tagapagpagaling**
Ni Elder Yoshihiko Kikuchi

**24** **Isang Malaking Komunidad ng mga Banal**
*Saanman nakatira ang mga miyembro ng Simbahan, binibigyan sila ng ebanghelyo ng lakas na harapin ang mga hamon ng buhay.*

**28** **"Ang Pagibig sa Kapwa ay Hindi Nagkukulang Kailan Man": Isang Talakayan sa Relief Society**
Nina Elder Jeffrey R. Holland at Patricia T. Holland
*Nagbahagi ng mga ideya sina Elder at Sister Holland tungkol sa banal na tungkulin ng Relief Society.*

## MGA BAHAGI

**8** **Maliliit at mga Karaniwang Bagay**

**10** **Ang Ating Paniniwala: Naghahayag ng Katotohanan ang Diyos sa Kanyang mga Propeta at sa Atin**

**12** **Mga Klasikong Ebanghelyo: Huwag Magpalinlang**
Ni Pangulong Joseph Fielding Smith

**17** **Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo: Upang Gamutin ang mga Bagbag na Puso**
Ni Georges A. Bonnet

**32** **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Pagtuturo ng Doktrina tungkol sa Pamilya**
Ni Julie B. Beck

**38** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**74** **Mga Balita sa Simbahan**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ligtas sa Aking Kinabibilangang Ward**
Ni Caroline Kingsley


**SA PABALAT**
Harap: *Si Cristo ang Nag-aalo,* ni Carl Heinrich Bloch © IRI. Likod: paglalarawan ni David Stoker.

## MGA YOUNG ADULT





**42 Home Teaching at Visiting Teaching: Isang Gawain ng Paglilingkod**
*Bago sa home o visiting teaching? Makakatulong ang siyam na ideyang ito.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: sa ilalim ng bahaghari.***

## MGA KABATAAN


**46 Tuwirang Sagot**

**48 Poster: Super!**

**49 Aalis Ba Ako o Hindi?**
Ni Rodolfo Giannini
*Nang oras nang umalis para sa aking mission, parehong naospital ang aking mga magulang. Hindi ko alam kung kaya ko silang iwanan.*

**50 Tagapagtanggol ng Pananampalataya**
Ni Richard M. Romney
*Depensa ang posisyon ni Celva sa loob at labas ng laruan ng football.*

**52 Ano ang Ibig Sabihin ng Pagpaparaya?**
Ni Elder Russell M. Nelson
*May mga limitasyon ba ang pagmamahal at pagpaparaya ng isang Kristiyano?*

**54 Ang Landas ng mga Napili**
Ni Elder Koichi Aoyagi

**58 Ang Babaeng May Magandang Ngiti**
Ni Michelle Glauser
*Hindi ko kayang pigilin ang aking sitwasyon, ngunit kaya kong pigilin ang aking pag-uugali.*





## MGA BATA





**59 Natatanging Saksi: Paano Ako Matutulungan ng Ebanghelyo na Maging Masaya?**
Ni Elder David A. Bednar

**60 Ang Operasyon ni Eli**
Ni Jane McBride Choate
*Ooperahan si Eli at kailangan niyang mapanatag.*

**62 Mga Pagpapala ay Bilangin**
Ni Pangulong Henry B. Eyring
*Maaalala natin ang mga pagpapala sa atin sa pagsunod sa payong ito.*

**64 Pagdadala sa Tahanan ng Natutuhan sa Primary: Ang Ama sa Langit ay Nangungusap sa Atin sa pamamagitan ng Kanyang mga Propeta**
Nina JoAnn Child at Cristina Franco

**66 Ang Sagot noong Araw ng Aktibidad**
Ni Rebecca Barnum
*Wala akong mga kaibigan sa bagong lugar na nilipatan namin at ayaw kong sumali sa aktibidad.*

**68 Ang Ating Pahina**

**69 Poster ng Banal na Kasulatan: Moises**

**70 Para sa Maliliit na Bata**

**MARSO 2011 TOMO 14 BLG. 3**
**LIAHONA 09683 893**

Opisyal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Stanley G. Ellis, Christoffel Golden Jr., Yoshihiko Kikuchi

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na Patnugot:** Ryan Carr
**Assistant na Patnugot:** Susan Barrett
**Staff sa Patnugutan:** David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Larry Hiller, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Janet Thomas, Paul VanDenBerghe, Julie Wardell
**Senior na Sekretarya:** Laurel Teuscher

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Staff sa Disenyo at Produksyon:** Cali R. Arroyo, Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Thomas S. Child, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Eric P. Johnsen, Denise Kirby, Scott M. Mooy, Ginny J. Nilson
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.


**For Readers in the United States and Canada:** March 2011 Vol. 14 No. 3. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pa Online

Liahona.lds.org

## PARA SA MATATANDA



Tinalakay nina Elder at Sister Holland kung **paano mapapalakas ng Relief Society ang mga** indibiduwal, pamilya, at ward at branch (tingnan sa pahina 28). Para malaman ang iba pa, bisitahin ang www.reliefsociety.lds.org.

Pinatotohanan ni Elder Kikuchi ang kapangyarihan ng Tagapagligtas na pagalingin, maging yaong mga may kimkim na galit sa iba (tingnan sa pahina 18). **Para malaman ang iba pa tungkol sa misyon ng Tagapagligtas,** bisitahin ang www.JesusChrist.lds.org.




## PARA SA MGA KABATAAN

**Humanap ng mga video tungkol sa ebanghelyo, mga patotoo, artikulo,** at iba pa sa www.youth.lds.org.

## PARA SA MGA BATA



**Matatagpuan ang maraming aktibidad** na pambata sa www.liahona.lds.org.

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **www.languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

**Banal na kasulatan,** mga, 10, 13, 73
**Binyag,** 54, 68
**Biyaya o pagpapala,** mga, 62
**Doktrina,** 32
**Gawaing misyonero,** 39, 40, 47, 48
**Halimbawa,** 40, 70, 72
**Jesucristo,** 17
**Kadakilaan,** 32
**Kapatawaran,** 18
**Katapatan,** 40
**Pag-asa,** 17
**Pagbabalik-loob,** 38, 54
**Pagbabayad-sala,** 17, 18
**Paghahayag,** 10
**Paghihirap,** 14
**Pagkakaibigan,** 66, 80
**Pagkakaisa,** 24
**Paglilingkod,** 28
**Pagmamahal,** 18, 52, 80
**Pagpapagaling,** 18
**Pagpapanatiling aktibo,** 80
**Pagpaparaya,** 52
**Pagsunod,** 50
**Pagtitiis,** 54
**Pagtuturo,** 32
**Pag-uugali,** 4, 58
**Pamilya,** 28, 32, 49
**Panalangin,** 14, 41, 66, 70
**Pananampalataya,** 39, 41, 50, 60, 66
**Pasasalamat,** 62
**Patotoo,** 24
**Pinuno ng Simbahan,** mga, 9, 47
**Priesthood,** 7, 60
**Propeta,** mga, 10, 64, 69
**Relief Society,** 7, 28
**Sakripisyo,** 39
**Templo, mga,** 46



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Paghahanap SA MABUTI

Habang naghahanap ng bagong matitirhan, kinausap ng bata pang mag-asawang Banal sa mga Huling Araw ang maaari nilang maging mga kapitbahay tungkol sa paligid at mga paaralan sa lugar.

Sabi ng isang babaeng nakausap nila tungkol sa pinapasukang paaralan ng kanyang mga anak: "Ito ang pinakamagandang paaralan! Magaling at mabait ang prinsipal; mahuhusay, mababait, at magigiliw ang mga guro. Natutuwa ako at nakakapag-aral ang mga anak namin sa magandang paaralang ito. Magugustuhan ninyo rito!"

Sabi naman ng isang babae sa paaralan ng kanyang mga anak: "Napakapangit ng paaralang iyan. Sarili lang niya ang iniisip ng prinsipal; ang mga guro ay hindi mahuhusay, walang-galang, at masusungit. Kung kaya ko lang lumipat ng ibang lugar, gagawin ko iyon kaagad!"

Ang kapansin-pansin ay iisang prinsipal, mga guro, at paaralan ang tinutukoy ng dalawang babaeng ito.

Napansin na ba ninyo na karaniwan ay nakikita ng mga tao ang hinahanap nila? Tingnan ninyong maigi, at matutuklasan ninyo kapwa ang mabuti at masama sa halos sinuman at anumang bagay. Nagawa na ito ng mga tao sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw noon pang magsimula ito. Yaong naghahanap sa mabuti ay makikita ang mga taong mababait at mahabagin—mga taong mahal ang Panginoon at hangad Siyang paglingkuran at tulungan ang kanilang kapwa. Ngunit totoo rin na yaong naghahanap sa masama ay tiyak na makikita ang mga bagay na di-gaanong nakasisiya.

Ang nakakalungkot, nangyayari ito kung minsan maging sa loob ng Simbahan. Palaging may naiisip, naiimbento, at iginigiit ang mga yaong naghahanap ng mga maipipintas. Tila hindi nila malimutan ang kanilang mga hinanakit. Sinisiraan at hinahanapan nila ng mali ang iba. Matagal silang nagkikimkim ng sama ng loob, sinasamantala ang bawat pagkakataong siraan at hamakin ang iba. Hindi ito kasiya-siya sa Panginoon, "sapagka't kung saan mayroong paninibugho at pagkakampikampi, ay doon mayroong kaguluhan at lahat ng gawang masama" (Santiago 3:16).

Kilalang-kilala ni Pangulong George Q. Cannon (1827–1901) si Pangulong Brigham Young (1801–77), dahil nakasama niya ito nang maraming taon, kapwa bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol at bilang tagapayo nito sa Unang Panguluhan. Nang pumanaw si Pangulong Young, isinulat ni Pangulong Cannon sa kanyang journal: "Hindi ko kailanman pinintasan o hinanapan ng mali ang ugali, payo o mga turo [ni Brigham Young] sa puso ko, at lalo na sa salita o sa gawa. Ito ay kasiya-siya sa akin ngayon. Ang

LARAWANG KUHA NI MATTHEW REIER



laging nasasaisip ko ay: Kung pipintasan o hahanapan ko ng mali, o huhusgahan si Brother Brigham, hanggang saan ako aabot; kung magsisimula ako, saan ako titigil? Hindi ko tinangkang gawin ang bagay na iyon. Alam ko na ang apostasiya kadalasan ay bunga ng walang-sawang pamimintas at paghahanap ng kamalian. Ang iba, na mas malakas, matalino at bihasa kaysa akin, ay maaaring gumawa ng maraming bagay at takasan ang masasamang kahihinatnan na hindi ko tatangkaing gawin."[1]

*Ang tingin ng ilan sa laman ng basong ito ay kalahati na ang laman. Ang tingin naman ng iba ay walang laman ang kalahati. Ang tingin ninyo rito ay nasasainyo.*

Ang magandang payo ni Pangulong Cannon ay isang bagay na dapat nating pag-isipang mabuti bilang mga miyembro ng Simbahan. Ang salita ng Diyos ay nagpapayo sa mga alagad ni Cristo na maging "malinis, . . . mapayapa, banayad, madaling panaingan, puspos ng kaawaan at ng mabubuting bunga, walang inaayunan, walang pagpapaimbabaw." Sa mga yaong nakikipagkasundo, "ang bunga ng katuwiran ay natatanim sa kapayapaan" (Santiago 3:17, 18)

Makakapili tayo. Maaari nating hanapin ang masama sa iba. O makipagkasundo at sikapin nating ipaabot sa iba ang pag-unawa, pantay na pagtingin, at pagpapatawad na labis nating hangad na gawin din nila sa atin. Tayo ang pipili; sapagkat anuman ang hanapin natin, tiyak natin itong makikita. ■

**TALA**

1. George Q. Cannon, Journal, Ene. 17, 1878; ginawang makabago ang pagbabaybay.

**PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO**

"Maaari ninyong madama na kulang kayo sa pag-unawa sa ilang alituntunin na inihahanda ninyong ituro," mula sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* ([2000], 22). "Gayunpaman, habang pinag-aaralan ninyo ito nang may panalangin, nagsisikap na ipamuhay ito, naghahandang ituro ito at pagkatapos ibinabahagi ito sa iba, ang inyong sariling patotoo ay lalakas at lalalim."

Kapag hinanap ninyo ang mabuti sa buhay at sa iba sa buwang ito, magiging mas handa kayong ituro ang mensaheng ito at patotohanan ang katotohanan nito.

## Ang Positibong Epekto ng Kagat ng Aso

Ni Tara Stringham

Noong tag-init ng 2009, nakagat ako ng aso ng kaibigan ko sa mukha. Ang nakakalungkot, nabiyak ang labi ko, at kinailangang tahiin.

Kasunod ng pinsalang iyon, lungkot na lungkot ako. Tinulutan kong manaig sa aking isipan ang paghihirap, at pakiramdam ko ay sira na ang buong buhay ko. Asiwa ako sa aking labi at ayaw ko man lang lumabas ng bahay. Sa aking isipan ang mga plano kong mag-aral ng piyano, maglaro ng volleyball, magsimba, lumangoy, at mag-aral ay sinira ng kapinsalaan ko.

Ngunit tuwing ako ay nagdarasal, binabasbasan ng priesthood, nakikipag-usap sa aking mga magulang, o dinadalaw ng aking mga kapamilya at kaibigan, sumisigla at sumasaya ako sa oras ng kalungkutan. Di naglaon ay natanto ko na kung iniisip ng mga tao ang kapinsalaan ko, naaawa sila sa akin.

Ang karanasang ito ay naghubog sa aking pagkatao, at natutuhan kong huwag alalahanin ang iniisip ng ibang tao tungkol sa akin. Mapalad din ako dahil ipinatanto sa akin ng kapinsalaan ko na dapat ay hindi ko gaanong isipin ang aking sarili at mas magmalasakit ako sa iba. Napalakas nang husto ang aking espiritu sa panahong ito.

Nalaman ko na ang paghihirap ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit para sa atin. Kung hahanapin natin ang mabuti at hindi ang masama, madaraig natin ang paghihirap, magiging mas mabuting tao tayo, at hahayaan nating palakasin ng karanasan ang ating patotoo.

MGA BATA

## Hanapin ang Mabuti sa Inyong Paligid

Makikita ninyo ang mabuti sa inyong paligid kung matututuhan ninyong hanapin ito. Ang isang paraan para makilala ninyo ang mga pagpapala ay ugaliing bilangin bawat gabi ang mabubuting bagay na nakita ninyo sa araw na iyon.

Tingnan ang larawang ito. Gaano karaming mabubuting bagay ang nakikita ninyo?

Mag-ukol ng oras sa gabing ito na ikuwento sa isang kapamilya ang ilan sa mabubuting bagay na nakita ninyo sa inyong buhay ngayon.



PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

# Sa Ilalim ng Pamamahala ng Priesthood at ayon sa Pagkakaayos ng Priesthood

*Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang binibisita ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong kababaihan at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya • Pamilya • Kapanatagan**

Mga kapatid, napakapalad natin! Hindi lamang tayo mga miyembro ng Simbahan, kundi mga miyembro rin tayo ng Relief Society—"ang organisasyon ng Panginoon para sa kababaihan."[1] Ang Relief Society ay katibayan ng pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak na babae.

Hindi ba kayo nagagalak kapag ginugunita ninyo ang nakatutuwang simula ng samahang ito? Noong Marso 17, 1842, inorganisa ni Propetang Joseph Smith ang kababaihan "sa ilalim ng pamamahala ng priesthood ayon sa pagkakaayos ng priesthood."[2]

Ang maorganisa *"sa ilalim ng pamamahala ng priesthood"* ay nagbigay ng awtoridad at direksyon sa kababaihan. Itinuro ni Eliza R. Snow, pangalawang pangkalahatang pangulo ng Relief Society, na ang Relief Society "ay hindi iiral nang walang Priesthood, dahil sa katotohanang kinukuha nito ang lahat ng awtoridad at impluwensya nito mula sa kapangyarihang yaon."[3] Ipinaliwanag ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang awtoridad na gagamitin ng mga namumuno at guro ng Relief Society . . . ay ang awtoridad na dadaloy sa kanila sa pamamagitan ng kaugnayan ng kanilang organisasyon sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling araw at sa pagtatalaga sa bawat isa sa kanila sa ilalim ng mga kamay ng mga lider ng priesthood na tumawag sa kanila."[4]

Ang maorganisa *"ayon sa pagkakaayos ng priesthood"* ay nagbigay ng mga sagradong responsibilidad sa kababaihan. Ipinaliwanag ni Julie B. Beck, pangkalahatang pangulo ng Relief Society: "Gumagana tayo ayon sa pamamaraan ng priesthood—ibig sabihin naghahangad, tumatanggap, at kumikilos tayo ayon sa paghahayag; nagdedesisyon sa mga kapulungan; at inaalala natin ang pangangalaga sa bawat tao. Layunin natin ang layunin ng priesthood na ihanda ang ating sarili para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan sa paggawa at pagtupad ng mga tipan. Samakatwid, tulad ng mga kapatid nating may hawak ng priesthood, ang ating gawain ay magligtas, maglingkod, at maging banal na mga tao."[5]

***Barbara Thompson, pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency.***

## *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Paano ko matutulungan ang kababaihang binibisita ko na matamasa ang mga pagpapala ng sagradong gawain ng Relief Society?

**2.** Ano ang gagawin ko sa buwang ito para maragdagan ang kakayahan kong tumanggap ng personal na paghahayag?

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

I Mga Taga Corinto 11:11; Doktrina at mga Tipan 25:3; 121:36–46

## *Mula sa Ating Kasaysayan*

Habang itinatayo ang Nauvoo Temple, isang grupo ng kababaihan ang nag-organisa upang tumulong sa pagtatayo nito. Nagbalangkas ng mga tuntunin si Eliza R. Snow para sa bagong grupong ito. Nang ipakita niya ito kay Propetang Joseph, isinagot nito: "Sabihin sa kababaihan na tinatanggap ng Panginoon ang kanilang mga handog, at Siya ay may inilalaang mas mainam para sa kanila. . . . Aking isasaayos ang kababaihan sa ilalim ng priesthood ayon sa pagkakaayos ng priesthood."[6] Hindi nagtagal, sinabi ng Propeta sa bagong tatag na Relief Society: "Ipinipihit ko ngayon ang susi para sa inyo sa ngalan ng Diyos, at ang Samahang ito ay magagalak, at kaalaman at katalinuhan ang dadaloy mula sa oras na ito."[7] Ang kababaihan ay inaasahang pag-ibayuhin ang kabanalan at maghanda para sa mga ordenansa ng priesthood na malapit nang pangasiwaan sa templo.

**MGA TALA**

1. Spencer W. Kimball, "Relief Society—Its Promise and Potential," *Ensign,* Mar. 1976, 4.
2. Joseph Smith, sinipi sa aklat ni Sarah Granger Kimball, "Auto-biography," *Woman's Exponent*, Set. 1, 1883, 51.
3. Eliza R. Snow, "Female Relief Society," *Deseret News,* Abr. 22, 1868, 81.
4. Dallin H. Oaks, "The Relief Society and the Church," *Ensign,* Mayo 1992, 36.
5. Julie B. Beck, "Relief Society: Isang Sagradong Gawain," *Liahona,* Nob. 2009, 111.
6. Joseph Smith, sinipi sa Kimball, "Auto-biography," 51.
7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 529.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang www.reliefsociety.lds.org.



PAGLALARAWAN NI BRANDON FLINT

# **Maliliit** at **mga Karaniwang** Bagay

*"Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay" (Alma 37:6).*

**KASAYSAYAN NG SIMBAHAN SA IBA'T IBANG DAKO NG MUNDO**

## Ang Netherlands

Limampung taon na ang nakararaan sa buwang ito, inorganisa ang unang stake sa Netherlands, ang Holland Stake, sa The Hague. Ito ang unang stake sa Simbahan na hindi wikang Ingles ang gamit. Isandaang taon na ang nakararaan, noong Agosto 1861, sina Paul Augustus Schettler at A. Wiegers van der Woude ang unang mga misyonerong nangaral ng ebanghelyo sa Holland. Sa sumunod na 100 taon, mahigit 14,000 katao sa Netherlands ang nabinyagan, at marami sa mga ito ang nandayuhan sa Estados Unidos. Ngayon ay halos 9,000 miyembro ang naninirahan sa Netherlands.

Noong Setyembre 8, 2002, inilaan ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ang The Hague Netherlands Temple, na nagsisilbi sa limang stake at isang district sa Netherlands, Belgium, at ilang bahagi ng France.



*The Hague Netherlands Temple*




| ANG SIMBAHAN SA NETHERLANDS | |
|---|---|
| Bilang ng mga Miyembro | 8,909 |
| Mga Mission | 1, kabahagi ang Belgium |
| Mga Stake | 3 |
| Mga Ward at Branch | 33 |
| Mga Templo | 1 |

**SA KALENDARYO**

## Pangkalahatang Pulong ng Young Women


Lahat ng kabataang babaeng edad 12 hanggang 18, kasama ang kanilang mga ina, at ang mga lider ng Young Women ay inaanyayahang makibahagi sa pangkalahatang pulong ng Young Women sa Marso 26. Ang pulong ay kabibilangan ng mga mensahe ng isang miyembro ng Unang Panguluhan at ng pangkalahatang panguluhan ng Young Women. Ang tema ng pulong sa taong ito ay "Naniniwala Kami" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13).

Kung maaari, hinihikayat ang mga kabataang babae, kanilang mga ina, at kanilang mga lider na magtipun-tipon sa mga chapel para panoorin ang brodkast. Alamin sa inyong lider ng priesthood o sa www.broadcast.lds.org kung kailan at saan gaganapin ang brodkast.

LARAWAN NG THE HAGUE NETHERLANDS TEMPLE NI CHARLES BAIRD © IRI; MAPA NI THOMAS S. CHILD; LARAWAN NG EROPLANO SA KAGANDAHANG-LOOB NI PANGULONG BOYD K. PACKER; IBA PANG MGA LARAWAN © GETTY IMAGES

# Gaano Ninyo Kakilala ang Ating mga Pinuno ng Simbahan?

Sa susunod na buwan na ang pangkalahatang kumperensya, at kabilang sa maraming tagapagsalita ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol. Tingnan kung maitutugma ninyo ang kanilang pangalan sa mga pangyayari o iba pang detalye mula sa kanilang buhay.






A. Noong kabataan niya mahilig siyang maglaro ng vanball, isang pasadyang bersyon ng volleyball.

B. Kapangalan ng lider na ito ang kanyang ama at kilala siya ng kanyang pamilya at mga kaibigan bilang si Hal.


C. Noong deacon pa ang Apostol na ito, dinala siya ng kanyang ama, na isang pintor, sa Sagradong Kakahuyan. Pagkauwi nila, ipininta ng kanyang ama ang Sagradong Kakahuyan para sa kanya. Mula noon, isinabit na ng Apostol na ito ang ipinintang larawang iyon sa kanyang opisina bilang paalaala ng espesyal na pagbisitang iyon.



D. Noong siya ay limang taon, lumipat ang kanyang pamilya sa isang bukirin sa Pocatello, Idaho, USA, kung saan nag-alaga siya ng mga kuneho, nangabayo, at naglaro sa bukirin kasama ang kanyang mga kapatid.

E. Siya ang tanging miyembro ng Unang Panguluhan o Korum ng Labindalawang Apostol na isinilang sa labas ng Estados Unidos.

F. Noong hayskul siya, naging isa siyang senior-class president at lumahok sa debate.




G. Isang masigasig na atleta mula pagkabata, kinilala siya sa larangan ng football, basketball, track, at baseball sa hayskul at naging miyembro siya ng state-championship football at mga basketball team.

1. Pangulong Thomas S. Monson
2. Pangulong Henry B. Eyring
3. Pangulong Dieter F. Uchtdorf
4. President Boyd K. Packer
5. Elder L. Tom Perry
6. Elder Russell M. Nelson
7. Elder Dallin H. Oaks
8. Elder M. Russell Ballard
9. Elder Richard G. Scott
10. Elder Robert D. Hales
11. Elder Jeffrey R. Holland
12. Elder David A. Bednar
13. Elder Quentin L. Cook
14. Elder D. Todd Christofferson
15. Elder Neil L. Andersen

H. Naglalaro sila ng dama ng anak niyang lalaki halos gabi-gabi. Naaalala ng kanyang anak na, "Tatlong beses siyang naglalaro ng dama. Pananalunin niya ako sa isa, pagkatapos tatalunin niya ako sa isa, at saka kami naglalaro ng perdigana, at puwedeng manalo kahit sino sa amin."

I. Pinaglingkuran niya ang kanyang bansa bilang piloto sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong mga edad 20 siya.



J. Para kumita ng pampaaral sa kolehiyo, nagtrabaho siya sa isang barko ng talaba. Kinutya siya ng ibang mangingisda sa pagtanggi niyang uminom ng alak hanggang sa mahulog sa dagat ang isang lalaki; ang Apostol na ito, sa determinasyong huwag uminom, ay listo ang isipan at inatasang sagipin ang lalaking nahulog.

K. Noong nasa kolehiyo siya, nagtrabaho siya bilang komentarista sa radyo.

L. Bago siya natawag sa Korum ng Labindalawang Apostol, siya ang pangulo ng Ricks College at tumulong na maging Brigham Young University–Idaho ang paaralan.

M. Siya ang umopera sa puso ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) bago naging Pangulo ng Simbahan si Pangulong Kimball.

N. Si Elder Scott ang mission president ng Apostol na ito sa Argentina.

O. Bago siya natawag na General Authority, siya, gaya ng kanyang ama, ay nagtrabaho sa automobile business.

*Mga sagot: A. 5; B. 2; C. 10; D. 15; E. 3; F. 13; G. 11; H. 1; I. 4; J. 9; K. 7; L. 12; M. 6; N. 14; O. 8*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa buhay ng mga pinuno ng Simbahan, tingnan sa www.newsroom.lds.org.

# NAGHAHAYAG NG KATOTOHANAN ANG DIYOS SA KANYANG MGA PROPETA AT SA ATIN

Ang propeta ay isang natatanging saksi kay Jesucristo at nagpapatotoo sa Kanyang kabanalan. Ang Diyos ay tumatawag ng propeta upang maging kinatawan Niya sa mundo. Ang isang propeta ay nagtuturo ng katotohanan, nagbibigay-kahulugan sa salita ng Diyos, at sinusunod ang mga tagubilin ng Diyos sa pagbabasbas sa ating buhay. Kapag nagsasalita ang isang propeta para sa Diyos, parang ang Diyos na rin ang nagsasalita (tingnan sa D at T 1:38). Ang mga propeta ay nasa mundo ngayon tulad din noon.

Ang paghahayag para sa buong Simbahan ay ibinibigay sa pamamagitan ng Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, si Thomas S. Monson. Siya ay isang propeta ng Diyos. Kapag binabanggit ng mga miyembro ng Simbahan "ang propeta," tinutukoy nila ang Pangulo ng Simbahan. Gayunman, may iba pang mga propeta sa mundo ngayon. Ang dalawang tagapayo ni Pangulong Monson, sina Pangulong Henry B. Eyring at Pangulong Dieter F. Uchtdorf, ay mga propeta rin. Ang labindalawa pang kalalakihan—ang Korum ng Labindalawang Apostol—ay tinatawag ding mga propeta.

Bilang mga anak ng isang mapagmahal na Ama sa Langit, maaari din tayong tumanggap ng paghahayag mula sa Kanya para sa ating sariling buhay. Bagama't ang paghahayag ay maaaring dumating kung minsan sa pamamagitan ng mga pangitain, panaginip, o pagdalaw ng mga anghel, ang pinaka-karaniwang paraan ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa atin ay sa pamamagitan ng mga banayad at espirituwal na pahiwatig ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng personal na paghahayag maaari tayong tumanggap ng lakas at sagot sa ating mga dalangin.



"Malaki ang pasasalamat natin na tunay ngang bukas ang kalangitan, na naipanumbalik ang ebanghelyo ni Jesucristo, at ang Simbahan ay nakasalig sa bato ng paghahayag. Tayo ay pinagpalang mga tao, na may mga apostol at propeta sa lupa ngayon."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Pangwakas na Pananalita,"** ***Liahona,*** **Nob. 2009, 109–10.**

**Saan tayo makababasa ng mga inspiradong turo ng mga makabagong propeta?**

*1. Ang Doktrina at mga Tipan ay koleksyon ng mga paghahayag na ibinigay sa mga makabagong propeta. Matatagpuan ito online sa www.scriptures.lds.org.*



*2. Isang mensahe mula sa Pangulo ng Simbahan o sa isa sa kanyang mga tagapayo ang inilalathala bawat buwan sa magasing* Liahona *(mababasa sa ilang wika sa LDS.org).*




*3. Ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" at "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol" ay mga pagpapahayag ng mga propeta ng mga katotohanan tungkol sa pamilya at sa Tagapagligtas. Parehong makikita ang mga ito sa LDS.org.*





*4. Lahat ng miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay nagsasalita tuwing ikaanim na buwan sa pangkalahatang kumperensya ng Simbahan. Basahin ang teksto o panoorin ang mga video ng kanilang mga mensahe sa www.conference.lds.org.*




**Paano tayo makatatanggap ng personal na paghahayag?**



*1. Mag-ayuno, magnilay-nilay at manalangin para sa patnubay.*



*2. Magbasa ng mga banal na kasulatan. Ito ang mga paraan na masasagot ng ating Ama sa Langit ang ating mga dalangin at mabibigyan tayo ng patnubay habang tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na maunawaan ang ating binabasa.*



*3. Magsimba tuwing Linggo at, kung maaari, pumunta sa templo.*




*4. Sundin ang mga kautusan upang maging karapat-dapat kayong tumanggap ng inspirasyon mula sa Espiritu Santo.* ■

*"Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo at mananahanan sa iyong puso.*

*"Ngayon, masdan, ito ang diwa ng paghahayag" (D at T 8:2–3).*

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa Dallin H. Oaks, "Dalawang Linya ng Pakikipag-ugnayan," *Liahona,* Nob. 2010, 83; *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), "Mga Propeta ng Diyos," 47–51; at *Tapat sa Pananampalataya* (2006), "Paghahayag," 123–28.

MGA PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER



# Huwag Magpalinlang



Si Joseph Fielding Smith, ika-10 Pangulo ng Simbahan, ay isinilang noong Hulyo 19, 1876. Siya ay inorden na Apostol noong Abril 7, 1910, at sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong Enero 23, 1970. Sa mensaheng ito, na ibinigay noong 1953, itinuro ni Pangulong Smith sa mga kabataan kung paano hindi malinlang ng mga maling paniniwala ng mundo.

**Ni Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972)**

***Kung binabago ng ilang tao ang kanilang mga pamantayan para makasunod sa uso, dapat tayong patuloy na manindigan sa mga banal na kasulatan at magpahayag ng mga katotohanan ng ebanghelyo.***


Nabubuhay tayo sa isang napakagulong mundo, at magsasalita ako nang maliwanag: nabubuhay tayo sa isang mundong tumalikod na sa Diyos o malapit nang gawin iyon. Nabubuhay tayo sa isang mundo kung saan ang mga Kristiyanong ministro ng iba't ibang relihiyon ay takot na sa mga pilosopiya ng tao at, samakatwid, dahil wala sa kanila ang Espiritu ng Panginoon, sinikap nilang baguhin ang mga banal na kasulatan, o ang kahulugan ng mga banal na kasulatan, nang sa gayon ay maiakma nila ang mga ito sa mga maling haka-hakang laganap ngayon sa mundo, mga haka-hakang ganap na taliwas sa banal na paghahayag; subalit ang mga taong ito, na takot, at nagpapatangay sa impluwensya ng maling pilosopiya, ay binabago ang mga doktrina upang umakma sa mga haka-haka at ideyang ito na hindi nakasalig sa Diyos. Hindi natin magagawa iyan. . . .

"Ang ilaw ay nagliliwanag sa kadiliman, at ang kadiliman ay hindi ito nauunawaan; gayunman, darating ang araw na inyong mauunawaan maging ang Diyos, sapagkat binuhay sa kanya at sa pamamagitan niya.

"Pagkatapos ay malalaman ninyo na inyong nakita ako, na ako nga, at na ako ang tunay na liwanag na nasa inyo, at kayo ay nasa akin; kung hindi kayo ay hindi mananagana" (D at T 88:49–50).

Napakagandang paghahayag nito. Sakop nito ang napakaraming bagay na napakahalaga sa bawat miyembro ng Simbahan. Ilan kaya sa atin ang nakabasa na ng bahagi 88? Huwag lamang ito ang basahin ninyong bahagi. Gawin ninyo itong tema—wala nang mas gaganda pa riyan—ngunit basahin ang buong paghahayag. Hindi! Basahin ang buong aklat. Iniutos ng Panginoon sa pinakaunang bahagi ng Doktrina at mga Tipan, na siyang pambungad na pananalita ng aklat na ito, ang pambungad na pananalita ng Panginoon:

"Saliksikin ang mga kautusang ito, sapagkat ang mga ito ay tunay at tapat, at ang mga propesiya at pangako na nasa mga ito ay matutupad na lahat" (D at T 1:37). "Saliksikin ang mga kautusang ito." Gaano natin kamahal ang Panginoon?



PAGLALARAWAN NI FRANK HELMRICH

Ano ang pinakadakila sa lahat ng kautusan? Sinabi sa atin ng Panginoon dito, sa bahagi 59 ng Doktrina at mga Tipan, kung ano ito, ayon sa pag-aangkop Niya rito sa mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa dispensasyong ito ng kaganapan ng mga panahon:

"Dahil dito, binibigyan ko sila [ang mga miyembro ng Simbahan] ng isang kautusan, nagsasabi nang ganito: Ibigin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos nang buo ninyong puso, nang buo ninyong kapangyarihan, pag-iisip, at lakas; at sa pangalan ni Jesuscristo paglingkuran ninyo siya " (D at T 59:5). . . .

Kaya ang una sa lahat ng kautusan ay mahalin ang Diyos nang ating buong kaluluwa at, sa pangalan ni Jesucristo, ay paglingkuran Siya, at inutusan Niya tayo na maging pamilyar sa mga katotohanang ito na inihayag sa atin sa dispensasyong ito ng kaganapan ng mga panahon.

Ilan sa atin ang nakagawa na nito? Kaya sinasabi ko sa inyo, at sa lahat ng miyembro ng Simbahan, huwag isalalay ang inyong pag-unawa sa iisang talata [D at T 88:86, na tema ng Mutual sa taong iyon], na isang napakagandang tema, kundi saliksikin ang mga banal na kasulatan nang hindi kayo malinlang ng mga maling haka-haka at gawi at doktrinang laganap sa mundo ngayon. Kung gagawin ninyo ito, kung isasapuso ninyo ang patnubay ng Espiritu ng Panginoon na karapatang makamit ng bawat miyembro ng Simbahan, ang pagsama ng Espiritu Santo, hindi kayo maililigaw ng mga haka-haka ng tao dahil sasabihin sa inyo ng Espiritu ng Panginoon na ang mga ito ay mali, at pagkakalooban kayo ng kakayahang makahiwatig upang kayo ay makaunawa. . . .

***Saliksikin ang mga banal na kasulatan nang hindi kayo malinlang ng mga maling haka-haka at gawi at doktrinang laganap sa mundo ngayon.***

Ngayon, kung nauunawaan ninyo ang ebanghelyo ni Jesucristo, ito ay magpapalaya sa inyo. Kung ang paglalaro ninyo ng softball, volleyball, basketball, foot racing, pagsasayaw, at iba pang mga libangan ay walang Espiritu ng Panginoon, hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa inyo. Gawin ang lahat nang may panalangin at pananampalataya. Palagay ko iyan ang nararapat —marahil hindi na kailangang sabihin ko pa ito—ngunit hayaang mangyari ito. Gawin ang lahat na may matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos, at magturo tayo upang mapatibay at mapalakas ang ating sarili at Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. ■

*Mula sa "Entangle Not Yourselves in Sin,"* Improvement Era, *Set. 1953, 646–47, 671–72, 674, 676–78; pinagpare-pareho ang pagpapalaki ng mga letra at pagbabantas.*

# Pinaghiwalay ng **Baha**, Pinag-isa ng **Panalangin**

*Nakulong sa kanilang mga silid-tulugan, naharangan ng mga kasangkapan, at nakakapit sa mga sanga ng puno, ginawa ng mga miyembro ng pamilya Torres ang tanging bagay na makapagliligtas sa kanila.*

**Ni Melissa Merrill**
Mga Magasin ng Simbahan

Nagsimula ang Setyembre 25, 2005, sa tahimik at mapayapang araw ng Linggo para kay Victor Manuel Torres Quiros, sa kanyang asawang si Yamileth Monge Ureña, at sa kanilang pamilya. Nakauwi na sila mula sa simbahan at nagpapahinga, nagbabasa, at masayang dinarama ang tahimik at maulang hapon sa bahay nila sa mga bulubundukin ng Costa Rica.

Halos buong linggo nang umuulan, na karaniwan na sa lugar o sa panahon. Mga alas-5:00 n.h., naobserbahan ni Brother Torres na ang ilog na malapit sa kanilang tirahan ay mas mataas kaysa rati at papalapit na sa bahay nila. Kalmado niyang binalaan ang kanyang pamilya, at bilang paghahanda sinimulan nila ng kanyang 11-taong-gulang na anak na si Erick na maglagay ng mga kumot sa mga pintuan para harangan ang pagpasok ng tubig sa loob.

Maya-maya ay lumaki ang ilog hanggang sa tumaas ang tubig nang higit pa sa isang metro't kalahati (limang talampakan) sa paligid ng bahay. Sa loob ng ilang sandali ay sumalpok ang tubig sa mga bintana. (Nalaman ng pamilya kalaunan na ang biglang pagtaas ng tubig ay sanhi ng pagguho ng lupa.) Sumigaw si Brother Torres sa kanyang pamilya na tumakbo sa likod-bahay, kung saan may mga puno at mas mataas na lugar. Ang tatlong tinedyer niyang anak na sina Sofia, Korina, at Monica, ay agad lumabas ng bahay.

Ngunit hindi nakalabas ni Sister Torres. Kaya tumakbo sila ni Elizabeth, isang batang musmos na alaga ng pamilya sa katapusan ng linggong iyon, papunta sa silid. Mabilis silang umakyat sa kama, na nakapagtatakang lumutang. Wala silang alam kung nasaan na ang iba o kung ligtas ang mga ito. Pinaalalahanan ng batang si Elizabeth si Sister Torres na, "Huwag po kayong umiyak. Tandaan po ninyo na mahal tayo ng Diyos." Pagkatapos ay nagsimula silang magdasal.

Sinusundan ni Brother Torres ang mga anak niyang babae sa labas nang matanto niya na hindi niya alam kung nasaan na si Erick. Pasalungat sa agos ng tubig, pumasok siyang muli sa bahay. Natagpuan niya si Erick na nakatayo sa bunton ng mga kalat—isang nagibang dingding, ilang kasangkapan, basura, at ilang sangang itinulak ng tubig sa nakasarang pintuan. Magkasama silang lumipat sa kusina, at inilagay ni Brother Torres si Erick sa ligtas at mataas na lugar. Natuklasan ni Brother Torres na napulupulutan ng lubid na nylon ang kanyang mga binti sa tubig, kaya nahirapan siyang kumilos. Gayunpaman, naitulak niya palayo ang refrigerator at ilang kasangkapan, kaya nahadlangan ang pagsara ng pintuan at hindi sila nakulong ng kanyang anak.

Mula sa kusina, nakita nina Erick at Brother Torres ang mga babae sa likod-bahay, ngunit hindi nila alam ang kalagayan nina Sister Torres at Elizabeth. Iminungkahi ni Brother Torres na magkasama silang humingi ng tulong sa Ama sa Langit.

Samantala, sa labas at sa itaas ng puno ng bayabas, nagdarasal din ang mga babae. Nakikita nina Sofia, Korina, at Monica ang mabilis na pagbulwak ng tubig papasok sa kanilang tahanan. Paano man tingnan, tila imposibleng may natitira pang buhay sa loob ng bahay. Nag-aalala para sa kanilang pamilya at giniginaw



MGA PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON





at takot, kumanta ng mga himno ang mga babae at sama-samang nanalangin.

"Hiniling namin sa Ama sa Langit na pahupain ang tubig," sabi ni Sofia. "Alam namin na kailangan naming sumampalataya; kung hindi, walang himalang mangyayari. Ang pinakamasayang sandali ay nang dumilat kami at nakita naming humupa *na* ang tubig."

Nagpatuloy ang paghupa. Maya-maya pa ay lumabas ang kanilang ama para tanungin kung ayos lang sila. Madilim na, kaya muli itong pumasok sa bahay, humanap ng kandila, at gamit ang gasolina, gumawa ng sulo para malaman ng mga kapitbahay na totoong nasa loob ng bahay ang pamilya.

Isang kapitbahay ang nakakita sa sulo at tinulungan sila. Tinulungan niyang bumaba ang mga batang babae mula sa mga puno at magkasama nilang itinulak ni Brother Torres ang mga bagay na nakaharang sa pintuan ng silid na kinaroroonan nina Sister Torres at Elizabeth. Nang gabing iyon nakitulog ang pamilya sa kamag-anak.

Dahil madilim na nang umalis sila, hindi alam ng pamilya Torres ang laki ng pinsala sa kanilang bahay. Noong Lunes ng umaga umuwi sila at natuklasan nila na nawalang lahat ang kanilang ari-arian.

Magkagayunman, hindi sila nagreklamo. "Alam namin na ang Panginoon ang nagbigay at ang Panginoon ang nag-alis," sabi ni Brother Torres (tingnan sa Job 1:21). Kahit nasira ang kanilang bahay at mga ari-arian, sinabi ni Sister Torres na "nagpapasalamat kami dahil nakita naming nabuksan ang mga dungawan ng langit sa amin," kapwa sa buhay nila na naligtas at sa mga biyayang sumunod.

Marami sa mga biyayang iyon ang nagmula sa pagkabukas-palad ng mga miyembro ng Simbahan sa buong Costa Rica. Pagsapit ng Huwebes nakatanggap na ang pamilya ng mga higaan at ibang kasangkapan, pagkain, damit, at iba pang pangangailangan mula sa mga miyembro ng ilang stake sa San José area. Apat na araw pagkatapos niyon, nakahanap na ng bagong tirahan ang pamilya.

"Nalaman namin na ipinapakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa atin sa pamamagitan ng ibang tao," sabi ni Sister Torres. "Napakaraming tao, napakaraming kapatid sa Simbahan, na tumulong noon. Nakadama kami ng lubos na pagmamahal. Walang dahilan para magtanong kami ng, 'Bakit kami?' "

"Isang himala na nakaligtas kaming lahat," sabi ni Brother Torres. "Walang alinlangang lumakas ang pananampalataya ng aming pamilya. Alam ko nang may katiyakan na ang Diyos ay buhay at mahal Niya tayo."

Dagdag pa ni Sister Torres, "Matagal na naming sawikain ito sa aming pamilya: 'Ang Diyos ay bahagi ng kahit pinakamaliliit na detalye ng ating buhay.' Pagkatapos ng aming naranasan, tiyak na namin ito. Kilala tayo ng Ama sa Langit. Sinasagot Niya ang ating mga dalangin." ■

*Kung titingnan mula sa likod-bahay na kinaroroonan ng magkakapatid na Torres, tila imposibleng may natitira pang buhay sa loob ng bahay. Nag-aalala at takot, kumanta ng mga himno ang mga babae at sama-samang nanalangin.*

# UPANG GAMUTIN ANG MGA **BAGBAG NA PUSO**



**Ni Georges A. Bonnet**

Noong 1990s dahil sa trabaho ko sa Simbahan napunta ang pamilya ko sa Africa, kung saan naatasan akong tumulong sa pagkakawanggawa sa Burundi, Rwanda at Somalia. Ito ay isang kalunus-lunos na panahon ng taggutom, kalupitan, at digmaan, at matindi ang pagdurusa.

Libu-libo ang nasa mga refugee camp. Daan-daang batang naulila ang nakatira sa mga hamak na kanlungan na sila mismo ang nagtayo. Laganap ang kolera, tipus, at kakulangan sa nutrisyon. Nakaragdag pa ang singaw ng basura at amoy ng bangkay sa kawalang-pag-asa.

Sumidhi ang pagnanais kong ibigay ang lahat ng maitutulong ko. Ang Simbahan ay nakipagtulungan sa International Committee of the Red Cross at iba pang mga organisasyon, ngunit kung minsan ay hindi ko maiwasang isipin kung may nagagawa bang kaibhan ang mga tulong natin sa harap ng gayon kalaganap na karahasan at trahedya. Mahirap palisin ang panghihina at pagkasira ng loob, at kadalasan kapag matutulog na ako sa gabi, umiiyak ako.

Sa nakapanghihinang panahong ito nagkaroon ng mas malalim na kahulugan sa akin ang isang pamilyar na talata. Mula kay Isaias, sinasabi nito na ang Tagapagligtas ay "hinirang na gamutin ang mga bagbag na puso, upang ipahayag ang kalayaan sa mga bihag, at ang pagbubukas ng bilangguan sa kanila na mga nakagapos" (D at T 138:42).

Nakita at nakausap ko na ang maraming taong may "bagbag na puso" sa mga kamangha-manghang paraan. Nawalan sila ng mga mahal sa buhay, tahanan, at payapang pamumuhay. Subalit marami sa kanila ang nagpakita ng mga palatandaan na sila ay "nagamot na." Halimbawa, madalas kapag pumasok kami sa isang hamak na tirahan, itatanong ng mga nakatira doon, "Maaari ba ninyo kaming samahan sa pagdarasal?" Tila nakatatagpo sila ng kaligayahan at kapayapaan sa pagsusumamo sa Panginoon.


*Lahat tayo ay makatitiyak na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo ang ating mga puso ay maaaring magamot at mapagaling.*

Mangyari pa, hindi natin mahahanap ang epekto ng Pagbabayad-sala sa buhay lang na ito. Nakikita rin ito sa kabilang buhay. Alam ko na may pagtubos para sa mga patay at pagkabuhay na mag-uli para sa lahat dahil sa Tagapagligtas. Ang pasakit na nadarama natin sa buhay na ito—gaano man kasidhi—ay mapapawi at magagamot sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala.

Sumulat sina Mormon at Moroni, na nabuhay sa panahon ng karumal-dumal na pagpaslang at kamatayan, tungkol sa pag-asang nakasalig sa isang mapagmahal na Diyos na ang awa at katarungan ay hindi kayang unawain (tingnan, halimbawa, sa Moroni 7:41–42). Ang pag-aaral sa mga pahayag na ito ng mga propeta ay nagpalakas sa sarili kong pananampalataya. Nang pag-isipan ko kung may nagagawang kaibhan ang ating pagtulong, nakadama ako ng pagtiyak na ang biyaya ng Tagapagligtas ang tunay na kapangyarihang nagtutubos. Maaaring limitado ang pinakamahusay na magagawa natin, ngunit ang sa Kanya ay walang katapusan at walang hanggan.

Walang dudang lumilikha ng iba't ibang uri ng kapighatian ang mga kalagayan sa mundo, ngunit walang hindi mapapagaling ang Manunubos. Lahat tayo ay makatitiyak na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo ang ating mga puso ay *maaaring* magamot at mapagaling. Sa kaalamang ito, makakasulong ako sa aking gawain, batid na ang Kanyang mga pagsisikap ay *laging* nagtatagumpay. ■

O AMA KO, NI SIMON DEWEY




*Mapapagaling ng Tagapagligtas ang nasaktang puso, hindi pagkakaunawaan, at pagkamuhi kung aasa tayo sa Kanyang salita at Pagbabayad-sala.*

Noong Agosto 1978 naatasan akong dumalo sa isang stake conference sa Seoul, South Korea. Matapos ang pulong ng priesthood sa pamumuno, nasa pasilyo ako nang isang kapatid na babae na mga 60 taong gulang ang bumulong sa akin sa wikang Hapon, "Ayoko sa mga Hapones."

Nagulat ako at nagtaka. Humarap ako sa kanya at sumagot sa wikang Hapon, "Ikinalulungkot ko na ganyan ang nadarama mo." Inisip ko kung ano ang naranasan niya para maramdaman niya iyon. Ano ang nagawang mali ng aking mga kababayan sa kanyang mga kababayan?


Sa mensahe ko sa sesyon sa gabi ng stake conference, tinalakay ko ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at ang Kanyang dakilang sakripisyo. Ibinahagi ko sa mga miyembro ng stake ang kuwento tungkol kay Nephi at kung paano siya dinala ng Espiritu ng Panginoon sa mataas na bundok. Doon ay nakita niya ang punungkahoy ng buhay, na nakita ng kanyang amang si Lehi, at nakita niya roon ang sanggol na si Jesus (tingnan sa 1 Nephi 11:1–20). Pagkatapos ay tinanong siya ng isang anghel kung alam niya ang kahulugan ng





**Ni Elder Yoshihiko Kikuchi**
Ng Pitumpu

# Ang Kapangyarihan ng Tagapagpagaling



punungkahoy na nakita ng kanyang ama sa pangitain.

Sumagot si Nephi, "Oo, ito ang pag-ibig ng Diyos, na laganap sa mga puso ng mga anak ng tao; anupa't ito ang pinakakanais-nais sa lahat ng bagay." Idinagdag ng anghel, "Oo, at ang labis na nakalulugod sa kaluluwa" (1 Nephi 11:22–23).

Ang pag-ibig ng Diyos ay matutulungan tayong daigin ang lahat ng diskriminasyon at hindi pagkakaunawaan. Tayo ay tunay na mga anak ng Diyos, at madarama ng ating kaluluwa ang Kanyang pagmamahal kung nais natin.

*Diyos, nawa Kayo'y ibigin,*
*Sundan ang Inyong landas,*
*Aking kapwa ay tulungan,*
*Sa gawad Ninyong lakas.*[1]

### Sino Ako para Hatulan ang Iba?

Hindi ko ipinlano, pero sinimulan kong ibahagi ang kaugnayan ko sa mga Koreano. Sinabi ko sa kongregasyon na lumaki ako sa piling ng siyam na pinsan kong Koreano. Nagpupunta sila noon sa tahanan namin, at kaming magkakapatid ay madalas magpunta sa kanilang mga tahanan. Kumain ako ng mga pagkaing Koreano at natuto ng mga awiting Koreano. Nagpakasal ang aking tiya sa isang mabait na Koreano. Pinalaki nila ang kanilang mga anak sa Japan, sa mismong bayang kinalakhan ko.

Sa gitna ng aking mensahe, hiniling ko sa isang naroroon na saliwan ako sa piano sa pagkanta ng isang katutubong awiting Koreano kasama si Pangulong Ho Nam Rhee, ang unang stake president sa South Korea. Pagkatapos ay hiniling ko kay Pangulong Rhee na tulungan akong kantahin ang pambansang awit ng Korea, bagama't bata pa ako nang huli kong kantahin ito. Napakatagal na panahon ko nang natutuhan ito sa aking tiyong Koreano, ngunit muli kong naalala ang mga titik. Pagkatapos ay hiniling ko sa kongregasyon na sabayan ako sa pagkanta. Tumayo silang lahat at kinanta ang maganda nilang pambansang awit. Marami ang napaluha, at nahirapan akong kumanta. Namayani ang kapanatagan at pagmamahal.

Sinabi ko sa mga miyembro ng stake na tulad ng pagmamahal ko sa aking mga pinsang Koreano, mahal ko rin sila—dahil lahat tayo ay mga anak ng Diyos, dahil lahat tayo ay magkakapatid sa ebanghelyo, at dahil sa pag-ibig ng Diyos (tingnan sa 1 Nephi 11:22, 25). Nadama naming lahat ang walang hanggang pagmamahal na iyon, at halos lahat sa kongregasyon ay napaluha. Sinabi ko sa kanila, "Mahal ko kayo bilang mga kapatid ko sa ebanghelyo."

Pagkatapos ng sesyon sa gabi, nagsipila ang mga miyembro ng stake upang batiin ako. Ang

*ANG MANG-AALO NA SI CRISTO*, NI CARL HEINRICH BLOCH; *PINAGAGALING NI CRISTO ANG LALAKING BULAG*, NI SAM LAWLOR



## UPANG MAGING TUNAY NA MGA DISIPULO

"Nabalitaan ko na kung minsan ay nariringgan tayo ng mga panlalait at paghamak sa ibang lahi. Ipinaaalala ko sa inyo na walang sinumang nanlalait sa ibang lahi ang maituturing ang kanyang sarili na tunay na disipulo ni Cristo. Ni hindi niya maituturing ang kanyang sarili na nakaayon sa mga turo ng Simbahan ni Cristo. . . .

"Mga miyembro tayo ng Simbahan ng ating Panginoon. May obligasyon tayo sa Kanya at sa ating sarili at sa iba."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Ang Pangangailangan sa Malaking Kabutihan," *Liahona,* Mayo 2006, 58, 60.**

huling tao sa pila ay ang 60-taong-gulang na Koreanong babae, na lumapit sa akin nang luhaan ang mga mata at humingi ng paumanhin. Ang Espiritu ng Panginoon ay napakalakas. Ang kapangyarihan ng Tagapagligtas na magpagaling ay umantig sa aming lahat, at nanaig ang diwa ng kapayapaan sa kongregasyon. Nadama ko na kabilang nila ako.

*Kapwa ko'y ba't hahatulan*
*Kung may sala rin ako?*
*May lumbay na 'di makita*
*Nakakubli sa puso.*

### Binago ng Mensahe Mo ang Pag-iisip Ko

Tinawag ako bilang miyembro ng Pitumpu noong 1977. Mula noon nagkaroon na ako ng pribilehiyong mabisita ang daan-daang stake. Pagkatapos kong dumalo sa isang pulong ng priesthood sa pamumuno sa Taylorsville, Utah, isang malaking lalaki ang lumapit at bumulong sa akin na napatay ang kanyang kapatid sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig at galit siya sa mga Hapones. Gayunman, kasunod ng kumperensya, nilapitan ako ng lalaking ito na luhaan ang mga mata. Umiiyak sa tuwang niyakap niya ako dahil ibinahagi ko kung paano ako naging miyembro at na mahal ko ang mga Amerikano at naantig siya rito.

Sa isa pang pagkakataon isang miyembrong babae ang lumapit sa akin sa isang stake conference sa Georgia, USA, at sinabing namatay ang kanyang ama sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ngunit pagkatapos ng pulong ay sinabi niya sa akin, "Kailangan kong humingi ng paumanhin sa inyo. Dahil napatay ng mga Hapones ang aking ama, nagkimkim ako ng galit sa puso ko." Pagkatapos ay sinabi niya, "Sabi ninyo sa amin napatay rin ang inyong ama sa digmaan, ngunit kalaunan ay tinanggap ninyo ang ebanghelyo, na nagpabago sa buhay ninyo. At ngayon sinasabi mo sa amin na mahal mo kami. Nakakahiya ako. Kahit ipinanganak na ako sa Simbahan, namumuhi pa rin ako sa mga kababayan ninyo hanggang ngayon. Ngunit binago ng mensahe ninyo ang pag-iisip ko."

Marami akong gayong karanasan, marami na akong nakatagpong mga tao, at dahil sa ebanghelyo, minahal at naunawaan namin ang isa't isa.

### Lahat ng Bumabagabag sa Budhi Ko ay Napalis Na

Ilang taon ang lumipas sa fireside na kasunod ng pagbisita ko sa Adam-ondi-Ahman, hiniling ng superbisor ng mga service missionary sa lugar na ikuwento ko ang aking pagbabalik-loob. Ginawa ko iyon at pinasalamatan ko ang mga mag-asawang dumalo sa fireside sa paghahanda sa kanilang mga anak na magmisyon at pagdadala sa kanila sa aking pintuan.

Habang kinakamayan ko sila at naghahanda akong umalis, nagsalita ang superbisor. "Bago natin tapusin ang pulong na ito," wika niya, "may ipagtatapat ako." Hindi ko matandaan ang eksakto niyang sinabi, ngunit parang ganito ang sabi niya:

"Tulad ng alam ninyo, nagsilbi ako sa aking bansa bilang U.S. Marine noong bata pa ako. Habang nasa serbisyo, nakapatay ako ng maraming sundalong Hapones. Akala ko napagsilbihan ko nang tapat ang aking bansa, ngunit sa loob ng maraming taon, tuwing makakakita ako ng mga Oriental, lalo na't mga Hapones, nakadarama ako ng matinding lungkot. Kung minsan hindi na ako makagawa. Kinausap ko ang ilang awtoridad ng Simbahan at isinangguni



DETALYE MULA SA *SI MOISES AT ANG AHAS NA TANSO,* NI SÉBASTIEN BOURDON; PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER



ang nadarama ko sa mga propesyonal na tagapayo.


"Ngayong kaharap ko sina Elder at Sister Kikuchi at ang kanilang anak, nagbalik ang mga alaala. Ngunit pinakinggan ko ang patotoo at salaysay ni Elder Kikuchi tungkol sa kanyang pagbabalik-loob, pagmamahal sa Panginoon at sa ebanghelyo, at pagmamahal sa ating lahat. Sabi niya galit siya sa mga Amerikano at mga Amerikanong sundalo ngunit binago ng ebanghelyo ang kanyang buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Panginoon na magpagaling. Nang marinig ko ito, tila narinig ko rin ang tinig ng Panginoon na nagsasabing, 'Tapos na. Pumanatag ka na.' "

Iniunat niya ang kanyang mga kamay, itinaas ang mga ito, at may luha sa kanyang mga matang sinabing, "Lahat ng bumabagabag sa budhi ko ay napalis na." Nawala na ang aking pasanin!"


Lumapit siya sa akin at niyakap ako. Pagkatapos ay nagsilapit ang aming mga asawa, at nagyakapan kaming lahat at nag-iyakan.

Nalaman ko na mapapagaling ng Tagapagligtas ang nasaktang mga puso, hindi pagkakaunawaan, at pagkamuhi kung aasa tayo sa Kanyang salita at Pagbabayad-sala. Pinagagaling Niya tayo tulad ng pagpapagaling Niya sa mga Israelitang natuklaw ng ahas (tingnan sa Mga Bilang 21:8–9; 1 Nephi 17:41; Alma 33:19–21). Ang "kasiya-siyang salita ng Diyos . . . ang salitang humihilom sa sugatang kaluluwa" (Jacob 2:8), at "sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo" (Isaias 53:5; Mosias 14:5).

*Kapatid ko'y iingatan;*
*At magbibigay-lakas.*
*Sa nalulumbay kong kapwa*
*Ang hatid ko ay lunas.*



***Pinagagaling Niya tayo tulad ng pagpapagaling Niya sa mga Israelitang natuklaw ng ahas. Ang "kasiya-siyang salita ng Diyos . . . ang salitang humihilom sa sugatang kaluluwa," at "sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo."***



## MAHALIN ANG ISA'T ISA

"Sinabi ni Mother Teresa, isang madreng Katoliko na tumulong sa mga maralita sa India nang halos buong buhay niya, ang malalim na katotohanang ito:". 'Kung hahatulan mo ang mga tao, wala kang panahong mahalin sila.' Ipinayo ng Tagapagligtas, Ito ang aking utos na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo.' Ang tanong ko: *kaya ba nating mahalin ang isa't isa, tulad ng utos ng Tagapagligtas, kung hahatulan natin ang isa't isa?* At ang sagot ko—pati na ni Mother Teresa: hindi, hindi natin kaya."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang," *Liahona*, Nob. 2010, 124.**

**Bibigyan Kita ng 10 minuto**

Ipinanganak ako sa isang maliit na komunidad sa hilagang pulo ng Hokkaido, Japan. Noong limang taong gulang ako, napatay ang tatay ko sa pag-atake ng isang submarinong Amerikano. Kinapootan ko ang mga Amerikano noong maliit pa ako. Lumaki ako nang gayon, na hindi talaga alam kung bakit nagkaroon ng digmaan.

Nang matapos ako ng junior high school, mahirap lang kami. Hindi na ako kayang pag-aralin ni Inay sa senior high school, kaya ipinasiya kong magtrabaho para patuloy akong makapag-aral. Walang makuhang trabaho sa munting bayan namin, pero nakakita ako ng trabaho sa pagawaan ng tofu (bean curd) na siyam na oras ang layo mula sa bahay namin sa Muroran, kung saan lumaki ang aking ina.

Araw-araw sa Muroran gigising ako nang alas-4:30 n.u., gagawa ng tofu hanggang tanghali, at saka ito ihahatid sa iba't ibang tindahan hanggang alas-6:00 n.g. Pagkagaling sa trabaho maghuhugas ako, magbibihis, at tatakbo papasok sa panggabing paaralan. Uuwi ako ng bahay ng mga alas-10:30 n.g. at matutulog nang alas-11:00 n.g. Dahil nakakapagod ang iskedyul ko, hindi naglaon ay nanghina ako at nagkasakit.

Nakatira ako sa bahay ng may-ari ng pagawaan ng tofu, pero nagbitiw ako sa trabaho at nakiusap sa aking tiyo na kupkupin ako para matapos ko ang unang taon ko sa hayskul. Sa kabila ng pagpapagamot, nanatili akong maysakit. Hindi ko alam ang gagawin, at naging desperado ako at inakala kong mamamatay na ako. Nagdasal akong mabuti, at sinabi ko, "Kung may Diyos, maaari po bang basbasan Ninyo ako para gumaling na ako." Pagkatapos ay nagdasal ako nang medyo mapangahas, "Kapag magaling na ako, gusto ko Kayong bayaran."

Habang nasa bahay ako ng aking tiyo, dalawang dayuhan ang kumatok sa pinto isang gabi. Sila ay mga misyonero mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang isa, si Elder Law—ang senior companion—ay dating magsasaka sa St. Anthony, Idaho, USA; at ang isa naman, si Elder Porter—na bagong elder—ay mula sa Salt Lake City. Malamig, maulan, at halos madilim na, at handa na silang umuwi. Ngunit sa kung anong dahilan ay matiyaga silang kumatok sa mga pintuan.

Nang kumatok sila sa pintuan ko, nag-iisa ako. Binuksan ko ang pinto at sinabing, "Hindi, salamat."

Mapagpakumbaba at mapilit ang mga binatang ito, pero muli kong sinabing, "Hindi, salamat." Pagkatapos ay idinagdag ko, "Mga kalahi ninyo ang pumatay sa tatay ko." Masama pa rin ang loob ko.


Hindi mapigil, itinanong ng elder na taga-Idaho ang edad ko. Sabi ko, "Ano ang kinalaman ng edad ko? Umalis na kayo."

Sumagot siya, "Gusto naming ikuwento sa iyo ang tungkol sa isang batang kaedad mo na nakakita sa *iyong* Ama sa Langit at sa *iyong* Tagapagligtas na si Jesucristo. Gusto naming ibahagi ang kuwentong iyan." Naroon lang ako sa pinto at hindi makakilos.


Sabi ko, "Sige, bibigyan ko kayo ng 10 minuto."

Ang 10 minutong iyon ay labis na umantig sa akin at nagpabago sa buhay ko. Ang kuwentong ibinahagi ng mga misyonero ay napakalalim at napakaganda. Nalaman ko na ako ay anak ng Diyos at nagmula ako sa Kanya. Araw-araw na nagpunta ang mga elder dahil maysakit ako.

Sa mga talakayan namin,



DETALYE MULA SA *ANG PAGPAPAKO SA KRUS*, NI CARL HEINRICH BLOCH, GINAMIT NANG MAY PAHINTULOT NG NATIONAL HISTORIC MUSEUM AT FREDERIKSBORG SA HILLERØD, DENMARK; PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER



itinuro sa akin ng mga misyonero ang magandang ebanghelyo ng Panunumbalik. Ang ebanghelyo ay nagbigay sa akin ng pag-asa at hangaring mabuhay. Ilang linggo matapos kumatok sa pintuan ko ang mga misyonero, nabinyagan ako.

*Kapatid, nawa'y ibigin*
*Gaya ng pag-ibig N'yo,*
*Ang lakas Ninyo't patnubay,*
*Laging aasahan ko.*
*O, aking Panginoon—*
*Kayo'y laging susundin.*

Ang kapangyarihan ng Diyos na magpagaling ay kamangha-mangha, malalim, at maganda. Pinasasalamatan ko Siya sa Kanyang awa, pagmamahal, at mahimala at dakilang pagpapagaling. Pinasasalamatan ko Siya sa katotohanan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, na sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay "nagbibigay ng kapangyarihan na mahugasan ang mga kasalanan, magpagaling, at magkaloob ng buhay na walang hanggan."[2]

Pinatototohanan ko na ang mga salita ni Alma kay Zisrom sa Aklat ni Mormon ay totoo: "Kung naniniwala ka sa pagtubos ni Cristo ay gagaling ka" (Alma 15:8). ■


**MGA TALA**

1. "Panginoon, Kayo'y Laging Susundin," *Mga Himno,* blg. 164.
2. L. Tom Perry, "Magdala ng mga Kaluluwa sa Akin," *Liahona,* Mayo 2009, 110.



***Ang kapangyarihan ng Tagapagligtas na magpagaling ay kamangha-mangha, malalim, at maganda. Pinasasalamatan ko Siya sa Kanyang awa, pagmamahal, at mahimala at dakilang pagpapagaling.***

# ISANG MALAKING Komunidad ng mga Banal



Ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling araw ay matatagpuan sa iba't ibang bansa, may kani-kanyang trabaho at katungkulan, at nahaharap sa maraming iba't ibang pagsubok.

Ngunit ang Tagapagligtas at ang Kanyang ebanghelyo ay nagbibigay ng solusyon sa ating mga problema, pinag-iisa tayo sa pagmamahal at iisang layunin, at pinagsasama-sama tayo bilang isang pandaigdigang komunidad.

Nagkikita-kita man kayo ng 13 iba pa sa isang maliit na branch sa Ukraine o ng 200 sa isang ward sa Mexico, kabilang kayo sa isang mas malaking grupo. Ang iisa nating pananampalataya sa Tagapagligtas ay literal na ginawa tayong "hindi na . . . mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo'y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios" (Mga Taga Efeso 2:19).

Habang nakikilala ninyo ang ilan sa inyong kapwa sa iba't ibang panig ng mundo sa artikulong ito (at sa bawat isyu ng mga magasin ng Simbahan), nawa'y makahanap kayo ng katiyakan na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay naghahandog ng kailangan ninyo sa pagharap sa sarili ninyong mga pagsubok.



**Vi‘iga Faatoia ng Samoa**
Edad 60
Mayor
Unang tagapayo
sa bishopric

Namatay ang aking apo sa tsunaming sumalanta sa Samoa noong Setyembre 2009. Namatay dito ang anak na lalaki ng aking kapatid. Nawalan ako ng tahanan, dalawang kotse, at halos lahat ng aking ari-arian. Halos buong nayon namin ay lumilipat sa mga burol upang hindi na ito mangyaring muli.


Alam kong mahal ng Diyos ang mga nakaligtas dahil, sa pamamagitan ng Simbahan, binigyan Niya kami ng bagong tahanan, pagkain, at tubig. Alam kong mahal Niya ang mga hindi nakaligtas dahil, sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, maaari kaming magkasamang muli. Pinagpala kami.



**Lucia Leonardo ng Guatemala**
Edad 23
Estudyante
Pangalawang tagapayo
sa stake Young Women
presidency

Ang problemang kinakaharap ko ay problema rin ng sinumang kaedad ko. Ano ang dapat kong gawin sa buhay ko? Ano ang kursong pag-aaralan ko? Sino ang pakakasalan ko? Paano ko haharapin ang pamimilit ng mga kaibigan kong hindi miyembro na ibaba ang aking mga pamantayan? Kung minsan madaling mawalan ng pag-asa o malungkot o kabahan.

Ang ebanghelyo ang nagtuwid sa buhay ko sa lahat ng aspeto. Kahit kailangan ko pang ayusin ang ilang detalye, alam ko kung ano ang gusto ko, at kung saan ako pupunta dahil sa ebanghelyo. Pinasasalamatan ko iyan. Talagang nagpapasaya ito sa akin. Tinutulungan ako nitong manatiling malakas at matulungan ang iba, dahil alam ko na kung kailangan ko ng tulong, makapagdarasal ako sa aking Ama sa Langit.



**Valerina M. ng Utah, USA**
Edad 10

Hindi laging madali ang maging ate. Kung minsan naiinis ako. Pero natutuhan kong maging mabuting kaibigan sa aking nakababatang kapatid na babae at lalaki sa pamamagitan ng pagmamasid sa aking ina at sa pakikitungo niya sa kanyang mga kapatid. Tinuruan niya ako kung paano magpakita ng mga katangiang tulad ng kay Cristo sa mga nakapaligid sa amin. Magagawa ko ang mga bagay na ito upang ipakita kung gaano ko pinasasalamatan ang pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, gayundin ang pagmamahal ng aking ama't ina.



MGA PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP



**Elizabeth Kangethe ng Kenya**
Edad 27
Freelance na mamamahayag
Ward Relief Society president

Bago ko tinanggap ang ebanghelyo, miserable ang buhay ko. Matagal akong magpatawad at nagtatanim ako ng hinanakit sa sinumang nagkasala sa akin. Wala akong tiwala sa kasal, dahil nakikita ko ang mga lalaking pamilyado na lasenggo at mga babaeng binubugbog ng asawa.

Ang pagtanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo ang nagpabago sa akin. Napakasarap magsimba at makakita ng mga pamilyang magkakatabing nakaupo, maturuan tungkol sa pagmamahal, paggalang sa isa't isa, at pag-unawa. Nakita ko ang aking sarili na tinatalikuran ang mga kaugaliang hindi akma sa ebanghelyo.

Pinilit kong makipagkasundo sa inakala kong kaaway ko. Ngayon ay madalas na kaming nagbabalitaan. Nakakilala ako ng napakabait na returned missionary at malapit na kaming ikasal sa templo.

Naniniwala ako na ako ay nasa tamang lugar. Ang pagmamahal at pagmamalasakit ng mga miyembro sa isa't isa ay nagpadama sa akin na kabilang ako. Naging mas makabuluhan ang aking buhay. Alam kong napakahalaga na manatili akong tapat hanggang wakas sa pamamagitan ng pag-iwas na balikan pa ang madilim at malungkot na nakaraan.



**Harrison Lumbama ng Zambia**
Edad 46
Opisyal sa pribadong organisasyong pangkawanggawa
District president

Ang mapagkasya ang maliit na kita ay isa sa malalaking pagsubok sa buhay ko. Mas mataas ang halaga ng bilihin kaysa kinikita ko. Bawat araw abala ako sa pag-iisip ng ibabayad sa renta, pagkaubos ng pagkain, at gastusin ng mga bata sa eskuwela, at iba pa.

Ang ebanghelyo na alam ko na ngayon ay talagang nakatulong sa akin na manatiling matino sa kabila ng mga pagsubok. Sa pagsunod sa mga kautusan at sa aking mga tipan, tila mas madaling kayanin ang mga bagay-bagay. Sa pagsunod namin sa batas ng ikapu, biniyayaan kami ng Ama sa Langit upang hindi kami magutom, at dahil sa Kanyang awa nalampasan namin ang mga balakid sa buhay. Ang ebanghelyo ay naging magandang lunas sa mga kahirapan sa buhay. Nagbigay ito sa amin ng pag-asa sa mas magandang kinabukasan kung kami ay masunurin at tapat.

Anumang pagsubok ang nakaharap ko, laging may sagot ang ebanghelyo para sa akin. Kung wala ito, wala nang direksyon o layunin ang buhay ko.





**Varvara Bak**
**ng Russia**
Edad 25
Estudyante
Guro sa Seminary

Gusto kong maging higit na katulad ni Cristo—hindi naman sa gusto ko ng perpekto, kundi nais kong alalahanin kung sino ako at maging mas mabuting tao ngayon kaysa kahapon. Mahirap gawin iyan kapag ang mga pamantayan ng mundong nakapaligid sa atin ay napakababa. Mas madaling kalimutan ang aking mga pamantayan.

Ngunit kahit paano hindi gaanong mahirap sundin ang mga pamantayan ng Simbahan, sa tingin ko pinahahalagahan ng mga tao ang mga may mataas na pamantayan. Noon pa man ay gusto ko na ang mga taong hindi naninigarilyo o umiinom ng alak at mabuti ang pagkatao. Kaya't nang mag-usisa ako sa Simbahan, marami na akong sinusunod na mga pamantayan ng ebanghelyo, at dahil sinusunod ko ang mga kautusang iyon, madali akong nagkaroon ng patotoo tungkol sa mga ito.



**Chhoeun Monirac**
**ng Cambodia**
Edad 18
Unang Tagapayo sa Young Men presidency, guro sa seminary

Lahat tayo ay nahaharap sa hindi inaasahang mga problema sa buhay. Matapos mabuklod ang aming pamilya sa Hong Kong China Temple at bago umalis papuntang misyon ang isa sa mga kapatid kong babae, nawalan ng trabaho ang kuya at ate ko at nabawasan ng kalahati ang suweldo ng tatay ko. Mahirap na panahon iyon para sa aming 11 sa aming munting tahanan, ngunit nanangan kami sa mga pangakong ginawa sa templo.

Sa panahong iyon ipinaalala sa akin ng Espiritu Santo ang isang banal na kasulatan: "Subalit bago kayo maghanap ng mga kayamanan, hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos" (Jacob 2:18). Nagbigay ito sa akin ng pag-asa. Nagtiwala ako na pagpapalain ako ng Diyos at ang aking pamilya.

Nakakita na ng trabaho ang mga kapatid ko kaya nakakakain na ang aming pamilya, at may ilang magagandang interbyu na ako sa trabaho. Isa itong himala na nakaragdag sa aming pananampalataya kay Cristo. Alam kong mahal at kilala tayo ng Panginoon. Alam Niya ang ating mga pangangailangan. Kung susundin natin ang Kanyang mga utos, uunlad tayo sa lupain (tingnan sa Mosias 2:22). ■



# “ANG PAGIBIG SA KAPWA AY HINDI NAGKUKULANG KAILANMAN”: ISANG TALAKAYAN SA Relief Society



*Si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindawalang Apostol at kanyang asawang si Patricia T. Holland, ay nagbahagi ng kanilang mga ideya tungkol sa papel na ginagampanan ng Relief Society.*

“Hindi ko mawari ang buhay nang walang Relief Society,” sabi ni Patricia T. Holland sa isang interbyung ginawa ng patnugutan ng mga magasin ng Simbahan tungkol sa kahalagahan ng Relief Society. “Iyan ay dahil hindi ko mawaring mabuhay nang walang ebanghelyo, at Relief Society ang lugar na marami akong natutuhan tungkol sa ebanghelyo.”


Kinikilala ni Sister Holland at ng kanyang asawang si Elder Jeffrey R. Holland ang kapangyarihan ng ebanghelyo sa kanilang buhay. Pinasasalamatan din nila ang impluwensya ng Relief Society sa pagbubuo ng matatag na tahanan. “Ang Relief Society ay lakas na ng Simbahan noon pa man,” sabi ni Elder Holland. “Lagi itong handang maglaan ng anumang kailangan sa bawat yugto ng pagunlad ng Simbahan. Ngayon ang kontribusyon nito ay higit na tumindi dahil sa mahirap na panahon ng ating buhay. Hindi lamang ito isang programa. Ito ang ebanghelyo—ang ebanghelyong ipinamumuhay ng ating mga kahanga-hangang kababaihan. Sa mahihirap na panahon natatanto nating inilalaan nito sa mga miyembro nito, pati na rin sa Simbahan sa kabuuan, ang tulong na kailangan natin.”

Ibinahagi rito nina Elder at Sister Holland ang kanilang mga ideya tungkol sa Relief Society at sa lakas na nagmumula sa mga pamilya at sa mga ward at branch kapag nagtutulungan ang mga lider ng priesthood at Relief Society.

**Ano ang papel ng Relief Society sa pagpapalakas ng pananampalataya at mga pamilya?**

*Sister Holland:* Higit na kailangan ngayon ang Relief Society kaysa rati dahil sa mga pagsubok na kinakaharap natin sa mundo ngayon. Ang kababaihan ng Simbahan ay mas kailangang maging matwid, mamuhay nang malapit sa Espiritu, at maging tapat. At kailangan din ng kababaihan ang isa’t isa, upang manatili silang sumasampalataya.

*Elder Holland:* Ang ginagawa ng Relief Society ay tumutulong sa pagtuturo ng ebanghelyo sa kakaiba at napakahusay na paraan, sa espesyal na tinig ng kababaihan. Ang Relief Society ay isa sa mga kasangkapang maghahatid ng mga doktrina at pinahahalagahan ng ebanghelyo sa buhay ng kababaihan. Gayunpaman, tandaan na ang mga alituntunin ng ebanghelyo ay hindi lamang para sa kababaihan. Ang pagmamahal, pag-ibig sa kapwa, at habag gayundin ang lakas, pamumuno, at kakayahang magpasiya ay pawang mga katangian ng ebanghelyo. Dapat nating taglaying lahat ang marami sa mga katangiang ito hangga’t kaya natin, kalalakihan at kababaihan man.



Bawat isa sa atin na ipinamumuhay ang ebanghelyo ay isang indibiduwal—isang anak na babae o lalaki ng Diyos. Bilang miyembro, dapat tayong maging matatag. Walang organisasyong mas tatatag pa kaysa mga miyembro nito, walang tahanang mas titibay pa kaysa pundasyon nito.

*Sister Holland:* Kapag iniisip ko ang lahat ng pagpapalang natatamo nating lahat bilang mga Banal sa mga Huling Araw sa ating mga templo, ward at branch, buhay may-asawa, at pamilya, natatanto ko na nakasalalay itong lahat sa kung paano nagtutulungan ang priesthood at Relief Society—ang kalalakihan at kababaihan—sa tahanan at maging sa Simbahan.



*"Kung iisipin natin ang mga pagsubok na kinakaharap ng kababaihan at mga pamilya ngayon, walang organisasyon sa mundo na higit na makakatulong sa hinaharap maliban sa Relief Society."*

**Patricia T. Holland**



*Elder Holland:* Umuuwi ang kababaihan ng Relief Society tuwing linggo at ibinabahagi sa kalalakihan sa kanilang buhay ang natutuhan nila. Gayundin, ang aking asawa't mga anak na babae ay pinagpala sa paglipas ng mga taon ng mga turo ng priesthood na natutuhan namin ng aking mga anak na lalaki.

*Sister Holland:* Palagay ko masasabi, kung iisipin ang mga pagsubok na kinakaharap ng kababaihan at mga pamilya ngayon, na walang organisasyon sa mundo na higit na makakatulong sa hinaharap maliban sa Relief Society. Kailangan nating suportahan ang kababaihan ng Simbahan sa tungkulin nila bilang mga lider at "tagapangalaga" ng kapakanan ng mga bata, lalo na ngayong nakikita natin na nawawasak ang mga pamilya. Kailangan nating kumilos nang sama-sama, magkakapit-kamay, upang maisagawa ang gawain.

### Paano kayo napalakas ng Relief Society at ang inyong pamilya?

*Sister Holland:* Nagsimulang makaimpluwensya sa akin ang Relief Society bago pa man ako isinilang dahil ang nanay at lola ko ay kapwa naglingkod sa Relief Society. Noong bata pa ako, natuto ako sa kanila. Nais ko silang tularan. Ikinuwento nila sa akin ang aking lola-sa-tuhod na si Elizabeth Schmutz Barlocker, na naglingkod bilang pangulo ng Relief Society nang 40 taon. Ibinigay niya ang lahat, pati na ang sarili niyang pagkain at damit, para sa kanyang mga kapatid sa ebanghelyo. Sumampalataya siya na pangangalagaan at bibiyayaan siya ng Diyos sa paglilingkod na ito, at gayon nga ang nangyari. Ang halimbawa ng tatlong babaeng ito at ang paglilingkod nila sa Relief Society ay inspirasyon pa rin sa akin ngayon.

*Elder Holland:* Hindi pa ako nakadalo sa Relief Society, pero hinubog ako nito sa aking paglaki. Naglingkod ang aking ina sa aming ward Relief Society presidency noong tinedyer ako. Malaking bagay sa isang binatilyo ang mamasdan ito. Totoong maipapasa sa atin ng ating mga ninuno ang mga pagpapalang iyon at mabibiyayaan ang ating mga anak at apo.

Ngunit nagkaroon din ako ng patotoo sa Relief Society dahil sa aking asawa. Ipinagmamalaki kong maging asawa ang isang dating Relief Society president. Tuwiran akong nabiyayaan dahil sa kanyang katapatan. Alam ko nang pakasalan ko si Patricia Terry kung anong klase siyang babae dahil nakita ko siyang maglingkod sa Panginoon. Tinanggap niya at ginampanan ang responsibilidad sa simbahan. Para sa akin kahanga-hanga siya. Ngayon ang mga pinahahalagahan at mabubuting asal na iyon ay nagpapala sa aming mag-asawa at sa aming mga anak. Kaya, pinagpala ba ako ng Relief Society? Oo!

### Paano magtutulungan ang mga lider ng priesthood at auxiliary para mapalakas ang ward o branch?

*Sister Holland:* Ang Relief Society ay inorganisa ayon sa pagkakaayos ng priesthood. Ipinapakita nito ang magandang pagkakatulad ng Priesthood at Relief Society

KALIWA: LARAWANG KUHA NI WELDEN C. ANDERSEN © IRI; MGA PAGLALARAWAN NINA MATTHEW REIER AT CRAIG DIMOND

at pinatitibay ang ideya na pinag-iibayo ng kalalakihan at kababaihan ang kabutihan ng isa't isa. Kailangan ng kalalakihan ang tulong ng kababaihan, at kailangan ng kababaihan ang tulong ng kalalakihan. Natututuhan nating mabuti iyan sa templo. Ang mga ward at branch ay mas lalakas kapag mas nagtulungan ang mga lider ng priesthood at auxiliary. Nakita natin ang lakas ng mga ward council meeting sa bawat lugar na kinaroroonan natin.

Ang kalalakihan at kababaihan ay pawang mga bahagi ng katawan ni Cristo, at napakagandang maging bahagi niyon! Natutuhan natin sa mga banal na kasulatan na "kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin" (D at T 38:27) at "hindi makapagsasabi ang mata sa kamay, Hindi kita kinakailangan" (I Mga Taga Corinto 12:21).



*"Maraming sagot ang mga kasanayan at ideyang angkin na ng Relief Society noon pa man sa mga hamong kinakaharap natin sa buong daigdig." Ang pamantayang 'Ang Pagibig ay Hindi Nagkukulang Kailanman' ay mapagkakaisa ang buong sangkatauhan."*

**Elder Jeffrey R. Holland**



*Elder Holland:* Dahil kumplikado ang mga isyu ng panahon, kailangang magtulungan ang mga lider ng ward o branch. Ang bishop ang may hawak ng mga susi ng priesthood para pamunuan ang ward. Ang ward o branch council meeting ang lugar kung saan idinaraos ang mga kailangang koordinasyon. Kapag mas mahusay ang patakbo ng council, mas mahusay ang patakbo ng Simbahan. Totoo ito sa bawat ward o branch.

Magagamit ng bishop ang oras ng ward council meeting para masuri niya at ng ibang mga lider ng ward ang mga pangangailangan ng ward. May mga miyembro bang may temporal na pangangailangan? Naghahanda bang magmisyon ang isang binatilyo? Naghahanda bang makapunta sa templo ang mga mag-asawa? Ano ang maitutulong natin bilang ward council?

Tandaan na hindi maihihiwalay ang mga alalahanin ng isang ina sa mga pangangailangan ng kanyang asawa't mga anak. Sa pamamagitan ng mga visiting teacher, nakikita ng Relief Society president ang mga pangangailangan ng buong pamilya at ng bawat miyembro nito. Napakalaking tulong niyan na makukuha sa ward council.

**Paano matutulungan ng Relief Society ang Simbahan na matugunan ang mga hamon ng ika-21 siglo?**

*Elder Holland:* Ang malungkot na kalagayan ng ekonomiya ngayon sa buong daigdig ay nagpapabago sa kabuhayan ng mga tao. Subalit ang pagtuturo ng mga alituntunin ng pagkakawanggawa at masinop na pamumuhay ay bahagi na ng Relief Society noon pa man. Maaaring isipin ng daigdig na makaluma ang pagbobote ng prutas o paggawa ng kubrekama sa ika-21 siglo. Subalit ngayon mismo ay maraming taong gutom at giniginaw. Para sa kanila, ang nakaboteng prutas at mainit na kubrekama ay hulog ng langit. Ang masinop na pamumuhay ay hindi mawawala sa uso kailanman. Hindi ito pagbalik sa ika-19 na siglo kundi ang direksyong dapat nating patunguhan sa pagsulong sa ika-21 siglo. Maraming sagot ang mga kasanayan at ideyang angkin na ng Relief Society noon pa man sa mga hamong kinakaharap natin sa buong daigdig.

Ang pamantayang "Ang Pagibig ay Hindi Nagkukulang Kailanman" ay mapagkakaisa ang buong sangkatauhan. Hindi ito programa—ito ay malinaw na panawagan ng ebanghelyo (tingnan sa I Mga Taga Corinto 14:8–10). Hindi kailanman nagkukulang ang ebanghelyo, kaya nararapat lang na "Ang Pagibig ay Hindi Nagkukulang Kailanman" ang sawikain ng Relief Society (I Mga Taga Corinto 13:8). Pinatitibay nito ang katotohanan na ang kalalakihan at kababaihang Banal sa mga Huling Araw ay iisa ang mithiin—ang magpunyaging maging mga disipulo ni Cristo.

At kung iihip ang hangin, iihip ang hangin. Kung babagyo, babagyo. Ebanghelyo palagi ang sagot, anuman ang tanong. Lagi itong mananaig. Itinayo tayo sa bato na si Jesucristo, at ang Kanyang ebanghelyong sintigas ng bato ang tutulong sa atin sa mahihirap na panahon.

*Sister Holland:* Palagay ko nasa puso ng kababaihan

ang hangaring maglingkod sa ibang nangangailangan. Hindi mahalaga kung ang babae ay bata o matanda, may asawa o wala. Relief Society ang nagbibigay ng lubusang pagkakataon sa kanya na makapaglingkod dahil lagi nang may ibang mga taong nangangailangan. Gayundin, may panahon na bawat babae ay kakailanganing mapaglingkuran. Tunay na "Ang Pagibig ay Hindi Nagkukulang Kailanman" ay isang walang hanggang alituntuning may matinding mensaheng maipamumuhay ninuman.



*Elder Holland:* Alalahanin natin na hindi lamang mga miyembro ng Simbahan ang pinaglilingkuran ng Relief Society. Sinisikap nating lahat na kalingain ang mga miyembro natin, ngunit ang malaking kapatiran ng Relief Society—at lalo na ang mahabaging paglilingkod—ay walang hangganan. Tumutulong iyan sa atin na makipag-ugnayan sa ating kapitbahay na hindi natin kasapi o makilahok sa isang aktibidad para tumulong sa isang eskuwelahan sa bayan o sa pagkakaroon ng malinis at ligtas na kapaligiran sa ating sambayanan at komunidad.

### Anong papel ang gagampanan ng Relief Society sa hinaharap?

*Sister Holland:* Malinaw na mahalaga ang papel na gagampanan ng Relief Society sa hinaharap. Kapag mas nagdidilim ang daigdig, mas magniningning ang liwanag ng ebanghelyo. Relief Society ang susi sa pagtuturo ng mga doktrina ng ebanghelyo sa ating kababaihan. Ang pinakamahalaga sa mga turong iyon ay na ang Diyos, na ating Ama sa Langit, ay ipinadala ang Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo, sa lupa. Ang Kanyang Pagbabayad-sala, Pagkabuhay na Mag-uli, at halimbawa ay tinuturuan tayong sumampalataya sa Kanya, magsisi, makipagtipan, at magmahalan. Si Jesucristo ang liwanag na hindi kailanman nagdidilim—ang maningning na liwanag na tatagos sa kadiliman.

*Elder Holland:* Sabi sa Mateo 7:16, "Sa kanilang mga bunga ay inyong mangakikilala sila." Halimbawa, kahit noong bata pa ang aming mga anak, nakikita nila ang katapatan ng kanilang ina sa ebanghelyo at ang papel na ginagampanan dito ng isang babae. Madalas niya silang kasama habang pinaglilingkuran niya ang kanyang mga kapatid sa Relief Society. Kung minsan kinailangan nilang ipagdasal na umandar ang luma naming sasakyan. Nakita nila siyang suot ang kanyang lumang pangginaw at dahan-dahang lumalakad sa niyebe para alagaan ang mga kapatid sa Relief Society sa New England. Maliliit pa sila noon, ngunit hindi nila iyon nalimutan. Nakita nila ang sakripisyo at katapatan ng kanilang ina, at dahil diyan ang aming anak na babae ay isang Banal sa mga Huling Araw na naglilingkod nang tapat, at ang aming mga anak na lalaki ay may malaking paggalang at paghanga sa katapatan ng aming mga manugang na babae. Malinaw sa halimbawa ng kanilang ina na alam ng aming mga anak ang mahalaga at dakilang papel ng kababaihan sa kanilang buhay at sa kaharian ng Diyos.

Gayundin, sasandig ang iba sa halimbawa ng "mga bunga" ng buhay ng mga Banal sa mga Huling Araw—mga bungang nakakamtan kapag nagsisikap tayong maging mga disipulo ng Diyos na buhay. Ito ang ningning na hindi kailanman magdidilim. Maningning ang hinaharap ng Relief Society dahil ang ebanghelyo ay maningning. Ang liwanag ng kaharian ng Diyos ay hindi kailanman maglalaho. At habang dumarami ang mga pangangailangan ng tao, ang malakas na panawagan ng ebanghelyo ay patuloy na maririnig. Nasa unahan ng mga maydala ng mensaheng iyon at naglalaan ng mapagkawanggawang kontribusyon ang matwid na kalalakihan ng priesthood at kababaihan ng Relief Society ng Simbahan. ■

*Ang interbyung ito ay isinagawa nina LaRene Gaunt at Joshua Perkey ng mga magasin ng Simbahan.*




**MGA WARD COUNCIL: LUGAR KUNG SAAN NAGTUTULUNGAN ANG MGA LIDER**

"Ang ward council ay kinabibilangan ng bishopric, ward clerk, ward executive secretary, high priests group leader, elders quorum president, ward mission leader, at mga pangulo ng Relief Society, Young Men, Young Women, Primary, at Sunday School. . . .

"Ang mga miyembro ng council ay hinihikayat na magsalita nang tapat. . . . Dapat madama ng kalalakihan at kababaihan na ang kanilang mga komento ay pinahahalagahan bilang mga lubos na kalahok. . . . Ang opinyon ng kababaihan ay naiiba sa kalalakihan kung minsan, at nagdaragdag iyon ng mahalagang pananaw. . . .

"Ang mga ward council meeting ay dapat magtuon sa mga bagay na magpapalakas sa mga indibiduwal at pamilya" (*Handbook 2: Administering the Church* [2010], 4.4; 4.6.1).



**Ni Julie B. Beck**
Relief Society
General President

# PAGTUTURO NG DOKTRINA TUNGKOL SA PAMILYA

Kapag nakakausap ko ang mga young single adult sa iba't ibang dako ng mundo, tinatanong ko sila, "Bakit kayo masyadong pinagmamalasakitan at binibigyan ng napakaraming sanggunian ng Unang Panguluhan?" Narito ang ilan sa mga sagot nila sa akin: "Kami ang magiging mga pinuno ng Simbahan sa hinaharap." "Kailangan namin ng training para manatili kaming matatag." "Lumalakas ang aming patotoo sa mga klase namin sa seminary at institute." "Kailangan naming makilala ang iba pang mabubuting kabataang Banal sa mga Huling Araw." "Kami ang pag-asa ng kinabukasan." Bihira kong marinig ang, "Para balang araw ay maging mas mabuti akong ama o ina." Ang mga sagot nila ay karaniwang tungkol sa sarili, dahil ito ang panahon ng buhay nila.

Magkagayunman, kailangang ituro ng mga magulang, guro, at lider ng mga kabataan sa bagong henerasyon ang doktrina tungkol sa pamilya. Mahalaga na tulungan silang magkamit ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Moises 1:39). Kailangan nilang malaman na ang teolohiya tungkol sa pamilya ay batay sa Paglikha, Pagkahulog, at Pagbabayad-sala. Kailangan nilang maunawaan ang mga nagbabantang panganib sa pamilya para malaman nila kung ano ang kinakalaban nila at makapaghanda sila. Kailangan nilang maunawaan nang malinaw na ang kabuuan ng ebanghelyo ay natatamo sa mga ordenansa at tipan sa templo.

### Ang Teolohiya tungkol sa Pamilya


Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, may teolohiya tayo tungkol sa pamilya na batay sa Paglikha, Pagkahulog, at Pagbabayad-sala. Ang Paglikha sa mundo ay naglaan ng isang lugar na matitirhan ng mga pamilya. Nilikha ng Diyos ang lalaki at babae na dalawang mahalagang miyembro ng isang pamilya. Bahagi ng plano ng Ama sa Langit na mabuklod sina Adan at Eva at magbuo ng isang walang hanggang pamilya.

Ang Pagkahulog ay nagbigay-daan sa paglago ng pamilya. Sina Adan at Eva ang mga pinuno sa pamilya na piniling dumanas ng mortal na buhay. Dahil sa Pagkahulog nagkaroon sila ng mga anak na lalaki't babae.

Dahil sa Pagbabayad-sala sama-samang mabubuklod nang walang hanggan ang pamilya. Tinutulutan nito ang mga pamilya na magkaroon ng walang hanggang pag-unlad at maging sakdal. Ang plano ng kaligayahan, na tinatawag ding plano ng kaligtasan, ay isang planong nilikha para sa mga pamilya. Kailangang maunawaan ng bagong henerasyon na ang mga pangunahing alituntunin ng ating teolohiya ay nakatuon sa pamilya.

Kapag pinag-uusapan natin ang pagiging marapat sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan, ang ibig nating sabihin ay pagiging marapat sa mga pagpapala ng mga walang hanggang pamilya. Ito ang doktrina ni Cristo,

*Hihilingan ang henerasyong ito na ipagtanggol ang doktrina tungkol sa pamilya nang higit kaysa rati. Kung hindi nila alam ang doktrina, hindi nila ito maipagtatanggol.*




PAGLALARAWAN NI STEVE BUNDERSON;
LARAWAN NI SISTER BECK © BUSATH PHOTOGRAPHY



*May teolohiya tayo tungkol sa pamilya na batay sa Paglikha, Pagkahulog, at Pagbabayad-sala.*







KALIWA: DETALYE MULA SA *SANSINUKOB*, NI SIDNEY KING; DETALYE MULA SA *PAGLISAN SA HALAMANAN NG EDEN*, NI JOSEPH BRICKEY; DETALYE MULA SA *HUWAG MANGYARI ANG AKING KALOOBAN, KUNDI ANG IYO*, NI HARRY ANDERSON, SA KAGANDAHANG-LOOB NG PACIFIC PRESS PUBLISHING ASSOCIATION, INC.; PAGLALARAWAN NINA WESTON C. COLTON AT CRAIG DIMOND

at ito ay ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ito ay nakatala sa Doktrina at mga Tipan 2:1–3:

"Masdan, ipahahayag ko sa inyo ang Pagkasaserdote, sa pamamagitan ng kamay ni Elijah, ang propeta, bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon.

"At kanyang itatanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay magbabalik-loob sa kanilang mga ama.

"Kung hindi magkagayon, ang buong mundo ay lubusang mawawasak sa kanyang pagparito."

Ang banal na kasulatang ito ay nangungusap tungkol sa mga pagpapala ng templo—mga ordenansa at tipan na kung wala, "ang buong mundo ay lubusang mawawasak."

Isinulat ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" upang pagtibayin na ang pamilya ay sentro sa plano ng Lumikha.[1] Kung walang pamilya, walang plano; walang dahilan para sa mortal na buhay.

## Mga Nagbabantang Panganib sa Pamilya

Bukod pa sa pag-unawa sa teolohiya tungkol sa pamilya, kailangan nating maunawaang lahat ang mga nagbabantang panganib sa pamilya. Kung hindi, hindi tayo makapaghahanda para sa digmaan. Nasa paligid nating lahat ang katibayan na hindi na gaanong mahalaga ang pamilya. Kakaunti na ang nagpapakasal, dumarami ang may edad na bago mag-asawa, at dumarami ang nagdidiborsyo. Dumarami ang mga isinisilang sa mga magulang na hindi kasal. Dumarami ang nagpapalaglag at lalo itong nagiging legal. Nakikita natin na kakaunti ang isinisilang. Nakikita natin ang hindi pantay ang karapatan sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan, at may mga kulturang nang-aabuso pa rin sa mga kapamilya. Maraming pagkakataon na mas pinapahalagahan ang trabaho kaysa pamilya.

Marami sa ating mga kabataan ang nawawalan ng tiwala sa institusyon ng mga pamilya. Lalo at lalo nilang pinahahalagahan ang edukasyon at binabalewala ang pagbubuo ng walang hanggang pamilya. Hindi nakikita ng marami na ang pagbubuo ng mga pamilya ay nakabatay sa pananampalataya. Para sa kanila, isa itong pagpili na tulad ng pamimili. Marami ring hindi nagtitiwala sa sarili nilang katatagan at sa tibay ng moralidad ng

*Kabilang sa mga nagbabantang panganib sa pamilya ang diborsyo, na dumarami na.*



kanilang mga kaedad. Dahil napakatindi ng mga tukso, marami ang hindi nakatitiyak na magtatagumpay silang tuparin ang mga tipan.

Marami ring kabataang walang sapat na mga kasanayan sa pakikihalubilo, na hadlang sa pagbubuo ng mga walang hanggang pamilya. Sanay silang makipag-usap sa isang tao na 50 milya (80 km) ang layo ngunit hindi magawang makipag-usap sa mga taong kasama nila sa iisang lugar. Iyan ang dahilan kaya hirap silang makihalubilo sa isa't isa.

Nahaharap din tayo sa problema na nababasa natin sa Mga Taga Efeso 6:12: "Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan." Gumagawa ng mga patakarang pampubliko araw-araw na laban sa pamilya, at ang kahulugan ng pamilya ay binabago nang legal sa iba't ibang dako ng mundo. Ang pornograpiya ay laganap. Para sa mga yaong lumilikha ng pornograpiya, ang bago nilang puntirya ay mga kabataang babae. Ang mga magulang ay inilalarawan na wala sa lugar at makaluma. Ang mga mensahe sa media laban sa pamilya ay nasa buong paligid. Ginagawang manhid ang mga kabataan sa pangangailangang magbuo ng mga walang hanggang pamilya.

Nakikita natin kung paano ito maaaring mangyari kapag binasa natin ang mga salita ni Korihor, isang anti-Cristo:

"Sa gayon siya nangaral sa kanila, inaakay palayo ang puso ng marami, naging dahilan upang itaas nila ang kanilang mga ulo sa kanilang kasamaan, oo, inaakay palayo ang maraming kababaihan, at gayon din ang kalalakihan, na gumawa ng mga pagpapatutot" (Alma 30:18). Alam ni Satanas na kailanman ay hindi siya magkakaroon ng katawan; hindi siya kailanman magkakaroon ng pamilya. Kaya pinupuntirya niya ang mga kabataang babae, na lilikha ng mga katawan para sa darating na mga henerasyon.


Si Korihor ay isang anti-Cristo. Ang anti-Cristo ay laban sa pamilya. Ang anumang doktrina o alituntuning naririnig ng ating mga kabataan sa mundo na laban sa pamilya ay anti-Cristo rin. Malinaw iyan. Kung titigil ang ating mga kabataan sa paniniwala sa mabubuting tradisyon ng kanilang mga ninuno tulad ng mga taong inilarawan sa Mosias 26, kung hindi nauunawaan ng ating mga kabataan ang kanilang bahagi sa plano, maaari silang mailigaw.

### Pagtuturo sa Bagong Henerasyon

Ano ang inaasahan nating maunawaan at gawin ng bagong henerasyong ito dahil sa mga itinuturo natin sa kanila? Ang mga sagot sa tanong na iyan gayundin ang mga pangunahing sangkap ng doktrina tungkol sa pamilya ay matatagpuan sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak. Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na ang pagpapahayag ay "isang deklarasyon at pagpapatibay ng mga pamantayan, doktrina, at gawain" na nasa Simbahang ito noon pa man.[2]

Sabi ni Pangulong Ezra Taft


*Dapat ituro ng mga magulang, gayundin ng mga lider at guro ng mga kabataan, ang doktrina tungkol sa pamilya sa bagong henerasyon ayon sa nakasaad sa mga banal na kasulatan at sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak.*



**ANG PAMILYA AY WALANG HANGGAN**

"Ang pamilya ay hindi nagkataon lamang sa mortalidad. Naroon na ito sa kalangitan bilang isang organisasyon bago pa binuo ang daigdig; sa kasaysayan, nagsimula ito kina Adan at Eva sa mundo, ayon sa nakatala sa Genesis. Sina Adan at Eva ay ikinasal at ibinuklod ng Panginoon sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan, at dahil dito ay mabubuhay ang kanilang pamilya magpasawalang-hanggan."

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "The Family: A Proclamation to the World," sa Dawn Hall Anderson, inedit, *Clothed with Charity: Talks from the 1996 Women's Conference* (1997), 134.**



Benson (1899–1994), "ang kaayusang ito . . . ng pamamahala sa pamilya kung saan nakipagtipan ang lalaki at babae sa Diyos—tulad ng ginawa nina Adan at Eva—na mabuklod para sa kawalang-hanggan, magkaroon ng inapo . . . ang tanging paraan para makita natin balang-araw ang mukha ng Diyos at mabuhay."[3]

Kailangang maunawaan ng bagong henerasyon na ang utos na "magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa" (Genesis 1:28; Moises 2:28) ay ipinatutupad pa rin. Ang pagkakaroon ng mga anak ay nakabatay sa pananampalataya. Sabi ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), "Napakalaking kasakiman sa isang mag-asawa na tumangging magkaanak kung kaya naman nila."[4] Ang pagiging ina at pagiging ama ay mga walang hanggang tungkulin. Bawat isa, lalaki man o babae, ay may responsibilidad na ginagampanan sa plano. Kabataan ang panahon ng paghahanda para sa mga walang hanggang tungkulin at responsibilidad na iyon.

Matutulungan ng mga magulang,



## SA MGA GURO

"Ang inyong pangunahing gawain, ang mahalaga sa lahat at natatanging tungkulin ninyo, ay ituro ang ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo dahil iyon ay inihayag sa mga huling araw na ito. Ituturo ninyo ang ebanghelyong ito na gamit bilang inyong mga mapagkukunan at batayan ang mga pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan at mga salita ng mga yaong tinawag ng Diyos na mamuno sa Kanyang mga tao sa mga huling araw na ito."

**Pangulong J. Reuben Clark Jr. (1871–1961), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, *The Charted Course of the Church in Education,* binagong edisyon (1994), 10; tingnan din sa *Teaching the Gospel: A Handbook for CES Teachers and Leaders* (2001), 4.**

guro, at lider ang mga kabataan na maghanda para sa mga pagpapala ni Abraham. Ano ang mga pagpapalang iyon? Sinabi sa atin ni Abraham sa Abraham 1:2. Sinabi niya na hangad niya "ang karapatan kung saan ako nararapat maordenan upang [mangasiwa]; . . . maging isang tao na nagtataglay ng maraming kaalaman, . . . maging isang ama ng maraming bansa, isang prinsipe ng kapayapaan, at naghahangad na makatanggap ng mga tagubilin, at masunod ang mga kautusan ng Diyos, ako ay naging karapat-dapat na tagapagmana, isang Mataas na Saserdote, humahawak ng karapatan na pag-aari ng mga ama."

Saan natanggap ni Abraham ang mga pagpapalang ito? Nakakamtan lamang ang mga ito ng mga yaong ibinuklod at ikinasal sa templo. Ang isang tao ay hindi maaaring maging "ama ng maraming bansa" nang hindi nabubuklod sa kanyang asawa. Gayundin, hindi magkakaroon si Abraham ng karapatan na pag-aari ng mga ama kung wala siyang asawang may karapatan na pag-aari ng mga ina.

Ang mga kuwento tungkol kina Abraham at Sarai at kina Isaac at Rebeca ay matatagpuan sa Genesis. Isa lang ang anak nina Abraham at Sara, si Isaac. Kung si Abraham ay magiging "ama ng maraming bansa," gaano kahalaga ang asawa ni Isaac na si Rebeca? Napakahalaga niya kaya isinugo ni Abraham ang kanyang alila nang daang-daang milya para hanapin ang tamang dalaga—na tutupad sa kanyang mga tipan, na nakauunawa sa kahalagahan ng pagbubuo ng walang hanggang pamilya.


Sa Genesis 24:60, si Rebeca ay pinagpalang maging "ina [ng milyunmilyon]." Saan natin makikita ang gayong uri ng mga pagpapala? Natatanggap ang mga ito sa templo.

Ang kuwento tungkol kina Isaac at Rebeca ay isang halimbawa ng lalaking may hawak ng mga susi, at ng babaeng kayang manghikayat, na nagtutulungan upang matiyak ang katuparan ng kanilang mga pagpapala. Ang kanilang kuwento ay napakahalaga. Ang mga pagpapala sa sambahayan ni Israel ay nakasalalay sa isang lalaki at isang babaeng nakaunawa sa bahagi nila sa plano at sa responsibilidad nilang magbuo ng walang hanggang pamilya, magkaroon ng mga anak, at turuan ang mga ito.

Sa ating panahon may responsibilidad tayong isugo sina "Isaac" at "Rebeca" mula sa ating tahanan at silid-aralan. Dapat maunawaan ng lahat ng kabataang lalaki at babae ang papel na ginagampanan niya sa dakilang ugnayang ito—na bawat isa sa kanila ay isang "Isaac" o isang "Rebeca." Sa gayon ay malalaman nila nang malinaw kung ano ang dapat nilang gawin.

*Inihahanda natin ang ating mga kabataan para sa templo at sa mga walang hanggang pamilya.*




### PAGGAMIT NG "ANG MAG-ANAK: ISANG PAGPAPAHAYAG SA MUNDO"

- Magsabit ng isang kopya ng pagpapahayag sa inyong tahanan o silid-aralan.
- Hikayatin ang mga kabataan na maglagay ng kopya nito sa kanilang mga banal na kasulatan.
- Iugnay ang mahahalagang talata sa pagpapahayag sa mga araling itinuturo mula sa mga banal na kasulatan.
- Pag-aralan at sangguniin ang pagpapahayag sa family home evening.

## Mamuhay na Umaasa sa Buhay na Walang Hanggan

Mga magulang, guro, at lider: mamuhay nang matwid sa inyong tahanan, sa inyong pamilya, sa inyong buhay may-asawa nang sa gayon ay magkaroon ng pag-asa ang mga kabataan sa buhay na walang hanggan sa pagmamasid sa inyo. Mamuhay nang matwid at magturo nang napakalinaw upang mangibabaw ang turo ninyo sa lahat ng ingay na naririnig ng mga kabataan at tumagos sa kanilang puso ang mga turo ninyo at maantig sila.

Mamuhay sa inyong tahanan sa paraang magiging mahusay kayo sa mga pangunahing bagay na dapat malaman, upang magampanan ninyo ang inyong mga tungkulin at responsibilidad sa pamilya. Isipin ang maging tumpak, hindi ang maging perpekto. Kung may mga mithiin kayo at alam na alam ninyo kung paano isagawa ang mga ito sa inyong tahanan, matututo ang mga kabataan sa inyo. Malalaman nila na kayo ay nagdarasal, sama-samang nag-aaral ng mga banal na kasulatan, nagdaraos ng family home evening, sama-samang kumakain, at binabanggit ang inyong asawa nang may paggalang. Sa gayon mula sa inyong halimbawa ay magkakaroon ng malaking pag-asa ang bagong henerasyon.

## Alam Ko Ito

Inihahanda natin ang ating mga kabataan para sa templo at sa mga walang hanggang pamilya. Maraming nagbabantang panganib ang dumarating sa kanila na maaaring magpahina ng kanilang loob na magbuo ng walang hanggang pamilya. Ang ating tungkulin dito ay turuan sila upang hindi sila magkamali ng pag-unawa. Dapat nating ipaliwanag nang malinaw ang mga pangunahing turo ng doktrina, na makikita natin sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo."

Hihilingan ang henerasyong ito na ipagtanggol ang doktrina tungkol sa pamilya nang higit kaysa rati. Kung hindi nila alam ito, hindi nila ito maipagtatanggol. Kailangan nilang maunawaan ang tungkol sa mga templo at priesthood.

Sabi ni Pangulong Kimball:

"Marami sa mga paghihigpit ng lipunan na nakatulong noong araw sa pagpapatibay at pagpapatatag sa pamilya ang naglalaho at nawawala. Darating ang panahon na yaong mga tao lamang na matindi at matibay ang paniniwala sa pamilya ang makakayang pag-ingatan ang kanilang pamilya sa gitna ng nagtitipong kasamaan sa ating paligid. . . .

". . . May mga tao na bibigyang-kahulugan ang pamilya sa paraang lubhang hindi naaayon sa nakagawian na para bang hindi ito umiiral. . . .

"Tayo sa lahat ng tao, mga kapatid, ay hindi dapat padala sa mababaw na mga argumento na ang pamilya ay nauugnay kahit paano sa isang partikular na bahagi ng pag-unlad na pinagdaraanan ng isang lipunang moral. Malaya tayong labanan ang mga pagkilos na yaon na nagpapababa sa kahalagahan ng pamilya at nagpapalakas sa kahalagahan ng pagkamakasarili. Alam natin na ang pamilya ay walang hanggan."[5]

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo. Ito ay ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Nasa atin ngayon ang kabuuan ng ebanghelyo. Tayo ay mga anak na lalaki at babae ng mga magulang sa langit, na siyang naglagay sa atin sa mundong ito upang maihanda tayo para sa mga pagpapala ng mga walang hanggang pamilya. Pinatototohanan ko sa inyo ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala ay magiging sakdal tayo at kakayanin natin ang mga responsibilidad sa ating mga pamilya sa mundo at sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala ay pinangakuan tayo ng buhay na walang hanggan kasama ang ating pamilya. ■

*Mula sa isang mensahe sa brodkast na ibinigay sa mga guro ng seminary at institute of religion noong Agosto 4, 2009.*

### MGA TALA

1. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
2. Gordon B. Hinckley, "Stand Strong against the Wiles of the World," *Ensign,* Nob. 1995, 100.
3. Ezra Taft Benson, "What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," *Ensign,* Ago. 1985, 6.
4. Spencer W. Kimball, "Fortify Your Homes against Evil," *Ensign,* Mayo 1979, 6.
5. Spencer W. Kimball, "Families Can Be Eternal," *Ensign,* Nob. 1980, 4.

KALIWA: PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH; KANAN: LARAWAN NG NAUVOO ILLINOIS TEMPLE AT PAGLALARAWAN NI JOHN LUKE © IRI; LARAWAN NG PAA © GETTY IMAGES

# SA WAKAS AY NAKAHANAP AKO NG SIMBAHAN

Halos buong buhay akong nakadama ng kahungkagan at umasam ng isang matibay na kakapitan. Inakala ko na matatagpuan ko ang aking hinahanap sa isang simbahan, kaya mula noong bata pa ako, marami akong siniyasat na relihiyon at pilosopiya. Marami sa mga ito ang maganda at puno ng mabubuting tao. Ang ilan sa mga ito ay kakatwa at walang maibigay na katulad ng hinahanap ko.

Matapos ang maraming taon ng pagsasaliksik, nabagot ako at pinanghinaan ng loob, kaya sumuko ako. Ipinasiya kong magkaroon ng kaugnayan sa Diyos sa sarili kong sikap at lumayo sa inorganisang relihiyon.

Nang magawa ko na ang pasiyang ito, nanonood ako ng isang programa sa telebisyon na nakatuon sa espirituwalidad. Iniinterbyu ng host ng programa ang isang pamilyang Banal sa mga Huling Araw. Habang pinakikinggan ko ang pamilyang ito, nadama ko ang pagmamahal at matibay na pananampalatayang matagal ko nang hinahanap. Natuwa rin akong malaman na lubos na pinahahalagahan ng mga Banal sa mga Huling araw ang pamilya. Siguro isang simbahan pa ang sisiyasatin ko.

Sa bandang ibaba ng screen ng telebisyon nakasulat ang numero ng telepono ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Milan. Tinawagan ko ito at nakipag-usap sa ilang miyembro sa stake center, na nag-iskedyul ng mga misyonero na tawagan ako.



Abalang-abala ako sa panahong iyon, kaya nang tumawag ang mga misyonero para makipag-appointment, itinanong ko kung maaaring tawagan ko na lang sila pagkaraan ng ilang linggo kapag maayos na ang lahat. Pumayag sila at ibinigay sa akin ang numero ng telepono ng Relief Society president sa lugar, na tumawag sa akin at inanyayahan akong pumunta sa simbahan sa Linggo. Pumunta ako, at nagustuhan ko ang lahat ng naroon: ang mga aralin, mga tao, at ang kapaligiran. Umalis ako na masayang-masaya.

Nagsimba ako tuwing Linggo sa sumunod na dalawang buwan. At noong Oktubre 2008, nabinyagan ako. Hindi lamang natapos ang aking pagsasaliksik; nakumpleto pa ito. Hindi na ako nakaramdam ng uhaw at pag-asam na tulad ng dati.

Lubos ang pasasalamat ko na natagpuan ko na ang katotohanan, ngunit kahit paano ay nalulungkot ako dahil napakatagal bago ko natagpuan ang ebanghelyo ni Jesucristo. Gayunpaman, nagpapasalamat ako sa mga naranasan ko sa pagsasaliksik. Dahil maraming lugar akong pinaghanapan, mas nakuntento ako batid na natagpuan ko na ang tamang lugar—ang lugar kung saan ako kabilang. ■

Barbara De Giglio, Lombardy, Italy

***Ipinasiya kong lumayo sa inorganisang relihiyon. Ngunit nang magawa ko na ang pasiyang ito, napanood ko ang isang pamilyang Banal sa mga Huling Araw na iniinterbyu sa telebisyon.***


# PAANO NA ANG TRABAHO KO?

Umaayos na nang lubusan ang lahat. Nagtapos ako sa Oxford University na may degree sa musika at nagsimula akong magtrabaho para sa isang propesyonal na orkestra sa Edinburgh, Scotland. Umaasenso ako sa trabaho, at marami akong naging kaibigan.

Noong nag-aaral ako, ipinasiya kong ipagpaliban ang pagmimisyon ko. Ngayon wala na sa isipan ko ang pagmimisyon. Takot ako sa maraming bagay, lalo na ang takot na mawalan ako ng trabaho, kaya naisip ko na eksepsyon ako at hindi ko kailangang maglingkod. Tila napakalaki ng isasakripisyo ko.

Gayunman, napagbago ng mabubuting kaibigan at pag-antig ng Espiritu ang puso ko. Nakatulong ang mapagmalasakit at maingat na pagmamahal ng isang bishop upang magkaroon ako ng malakas at malalim na patotoo sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Hindi naglaon ay nalaman ko na kailangan kong tanggapin ang tawag na maglingkod. Wala akong ideya kung paano ko babalikan ang trabaho ko sa isang mundong puno ng kompetisyon matapos ang dalawang taong pagkahinto, ngunit nagtiwala ako na pagpapalain ako ng Panginoon sa aking desisyon. Iniwan ko ang trabaho ko nang hindi alam kung paano maaayos ang mga bagay-bagay.

Natawag akong maglingkod sa West Indies Mission, na ang wikang gamit ay Pranses. Mahirap ang mga pagsubok, ngunit gusto kong paglingkuran ang mga tao at makitang nagbabago ang kanilang buhay. Sa loob ng dalawang taong iyon nagtuon lang ako sa paghahangad sa kalooban ng aking Ama sa Langit.



***Pagkaraan ng sunud-sunod na pagbagsak sa mga interbyu sa trabaho, natanto ko na hindi ako matanggap sa trabaho dahil walang koneksyon ang dalawang taon ko sa misyon sa aking propesyon.***

MGA PAGLALARAWAN NI ROBERT A. MCKAY

Ang paglilingkod sa iba nang hindi iniisip ang sarili ay nagdulot sa akin ng higit na kagalakan sa lahat ng naranasan ko.

Nang makauwi na ako, nakita ko ang mundo sa pananaw ng mga bagong priyoridad at pagpapahalaga, at hinangad ko na manatiling nakatuon ang aking buhay sa ebanghelyo ni Jesucristo. Agad akong naghanap ng trabaho, ngunit kakaunti ang oportunidad. Pagkaraan ng sunud-sunod na pagbagsak ko sa mga interbyu sa trabaho, natanto ko na hindi ako matanggap sa trabaho dahil walang koneksyon ang dalawang taon ko sa misyon sa aking propesyon. Talaga bang misyon ko ang kapalit ng aking propesyon?

Salamat na lang at ang sagot ay hindi. Halos tatlong buwan pagkaraan nakakita ako ng bakanteng tamang-tama sa akin. Taglay ko ang tamang mga kasanayan para sa uri ng trabahong gagawin. Hindi lang iyan, kailangan ding makapagsalita ang mga aplikante ng diretsong Pranses! Ang aking mission ay nagbigay-daan sa oportunidad na ito. Pagkaraan ng tatlong interbyu, inalok ako ng trabaho. Mas maganda pa nga ang trabaho ko kaysa kung hindi ako nagmisyon. Nadama ko ang awa at pagmamahal ng Panginoon. Alam ko na naghahanda Siya ng mga pagpapala sa atin kapag ginawa natin ang ating bahagi.

Totoo ang itinuro ni Propetang Joseph Smith: "Ating malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya; at pagkatapos nawa tayo ay makatayong hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita

ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag" (D at T 123:17). ■

David Hooson, London, England

## MATAPANG KONG HINARAP ANG MGA KASAMAHAN KO SA TRABAHO

Isang umaga sa trabaho sinabi ng mga amo namin sa lahat ng empleyado sa pabrika na bukod pa sa orasang suweldo namin, magsisimula kaming tumanggap ng dagdag na bayad sa bawat produktong matapos namin. Kapag mas marami kaming nagawa, mas malaki ang kita namin. Nangyari ito apat na buwan bago ako nagmisyon, kaya mas marami na akong maiipong pantustos ngayon para dito.

Lumaki nang husto ang produksyon, at gayon din ang suweldo namin. Tatlo kaming lalaki na nagtrabaho sa rubber-curing press, at tuwing makikita ko ang isang molde na lumabas sa incubator at dumaan sa automatic counter, naiisip ko na lumalaki ang pera ko sa bangko.

Gayunman, dahil sa bagong insentibo nagkaroon ng pandaraya. Isang kasamahan ko ang madalas ay palihim na pumupunta sa tabi ng automatic counter, at ilang beses pang hinahatak ang panghila ng makina, at bumabalik sa kanyang puwesto. Napangisi ako nang makita ko ito, umiling-iling, at nagpatuloy sa aking trabaho. Naisip ko na dahil hindi naman ako ang nandaraya sa counter, marangal pa rin ako.

Ngunit hindi nagtagal ay nalaman ko na dahil pareho ang suweldong natatanggap ko sa mga kagrupo ko sa




trabaho, hindi na mahalaga kung sino ang nandaya sa counter. Nagkasala rin ako ng pagnanakaw sa kompanya tulad nila. Tutustusan ko ba ng nakaw na pera ang misyon ko?

Nahirapan akong magpasiya sa dapat kong gawin. Ang ekstrang pera sa suweldo namin ay di-gaanong malaki. Maraming tao ang magsasabi na huwag na itong pansinin, pero nabalisa ako. Alam ko na kailangan kong harapin ang aking mga kasamahan.



Dahil sa bagong insentibo nagkaroon ng pandaraya. Isang kasamahan ko ang madalas ay palihim na pumupunta sa tabi ng automatic counter at ilang beses pang hinihila ang panghatak ng makina.

"Nagbibiro ka ba?" tanong ni Bob (pinalitan ang mga pangalan), ang senior team member. "Lahat ay nandaraya. Kahit na ang namamahala. Inaasahan nila ito."

Nakita niya na walang kailangang baguhin. Ano pa ang magagawa ko? Kahit hindi dayain ang bilang ng nagawa namin, pinakamalaki ang produksyon ng aming rubber-curing press sa oras namin. Madalas kong marinig sa mga trabahador sa ibang mga press na sana ay kagrupo nila kami.

"Makikipagpalit ako kay Jack at doon na lang ako sa ibang press," mungkahi ko kay Bob.

"Palagay ko tanga ka," sabi niya sa akin, "pero makakasundo ko si Jack."

Matapos kaming magpalit ng team ni Jack, madalas ipaalala sa akin ni Bob na mas malaki ang suweldo niya kaysa akin. Naisip ko ang mga titik ng "Saligang Kaytibay": "Ako'y kapiling, kung kaya't h'wag mangamba." Nakatulong ang mga salitang iyon para hindi ko pansinin ang mga panunuya ni Bob.

Hindi pa natatagalan, lumapit sa akin si Bob. Sabi niya hindi niya makasundo si Jack, at gusto akong pabalikin ng team. Nagulat ako. Sabi ko kay Bob babalik ako pero hindi puwedeng magkaroon ng anumang pandaraya. Pumayag siya. Malugod akong tinanggap ng dati kong team, at natigil ang pandaraya.

Inasahan ko na susubukan ako bago ako magmisyon, ngunit hindi ko naisip na susubukan ang aking katapatan at katapangan. Nagpapasalamat ako na kapag kailangan ko ng lakas na gawin ang tama, sinusuportahan ako ng "kamay [ng Panginoon] . . . [na] maggagabay."[1] ■

Kenneth Hurst, Alabama, USA

**TALA**

1. "Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg. 47.

# HUMINGI KAMI NG TULONG SA PANALANGIN

Isang araw ng Linggo natanggap ng aming stake ang magandang balita na darating si Elder Carlos H. Amado ng Pitumpu para magsalita sa aming stake sa Martes ng gabi. Tuwang-tuwa kami ng aking pamilya, ngunit nagalala ako kung paano kami makararating sa pulong.

Bilang guro sa hayskul, kinailangan kong magturo sa klase sa Martes ng gabi. Ang nakakalungkot, bihira akong payagang magbakasyon. Hindi alam ang gagawin ngunit determinadong mapakinggang magsalita si Elder Amado, humingi kami ng tulong sa panalangin, umaasang maglalaan ng paraan ang Panginoon.

Isang araw bago magkumperensya, nahikayat akong kausapin ang prinsipal na payagan akong makauwi nang mas maaga nang 20 minuto para makadalo kami ng pamilya ko sa pulong. Nagpunta ako sa kanyang opisina, at bago pa ako nakapagsalita, tinanong niya kung ayos lang na simulan ko nang mas maaga nang dalawang oras ang klase ko sa Martes. Ibig sabihin matatapos ang klase ko nang mas maaga nang dalawang oras.

Kaylaking pagpapala nito sa amin. Dumating kami sa pulong nang napakaaga at nadama namin ang Espiritu sa piling ng isa sa mga disipulo ng Panginoon. Ang limang-taong gulang na anak naming lalaki ay nagkaroon pa ng napakagandang pribilehiyong mayakap at makausap si Elder Amado bago nagsimula ang pulong. Kasama ang buong kongregasyon, nadama namin ang pagbuhos ng Espiritu. Bukod pa riyan, nagtamo kami ng patotoo bilang pamilya na alam ng Ama sa Langit ang aming mga hangarin at dinidinig Niya ang aming mga panalangin. ■

Miguel Troncoso, Santa Cruz, Argentina



# HOME TEACHING AT VISITING TEACHING: ISANG GAWAIN NG Paglilingkod

*Bago sa home o visiting teaching? Isaalang-alang ang siyam na mungkahing ito.*

"Alam ko na katapusan na ng buwan, at pasensya na at hindi tayo nagkaroon ng pagkakataong matalakay ang Mensahe sa Visiting Teaching," sabi ng visiting teacher ni Sister Julie B. Beck. Ngunit maging habang sinasabi niya ito, papaalis siya sa tahanan ng pangkalahatang pangulo ng Relief Society na dala ang isang basket ng mga plantsahing tatapusin at ibabalik kay Sister Beck. "Sa palagay mo ba maibibilang natin ito?" nag-aatubiling tanong niya kay Sister Beck.


Nang ikuwento ni Sister Beck ang pangyayaring ito, napaluha siya nang kanyang itanong, "Paano napakiramdaman ng mabuting kaibigan at masigasig na visiting teacher na ito na *hindi* pa ako nabisita at napangalagaan? Hindi lang ito ang unang pagkakataong nagpunta siya para tugunan ang isang pangangailangan sa buwang iyon. Paano niya hindi natatanto na palagi niya akong pinaglilingkuran at pinagpapala ang aking pamilya? Ang kanyang pagmamalasakit at pag-aalala sa akin ang pinakamagandang halimbawa ng visiting teaching. Talagang maiuulat niya na nabisita na ako!"

Tulad ng inilalarawan ng karanasan ni Sister Beck, ang visiting at home teaching na binigyang-inspirasyon ay higit pa sa pormal na pagbisita at hindi kailanman natatapos. Ang home at visiting teaching ay higit na tungkol sa pangangalaga sa mga tao kaysa pagkumpleto ng gawain, at kapag nagawa nang tama, sagisag ito ng pagmamalasakit at hindi ng dami ng nabisita. Ang mga gawaing ito ay naglalaan ng pangangalaga at paglilingkod sa isa't isa tulad ng pagmiministeryo ng Tagapagligtas. Narito ang ilang mga ideyang maaaring makatulong sa inyo:

- **Alamin kung sino ang inyong bibisitahin at sino ang inyong kompanyon.** Dapat ibigay sa inyo ng mga lider ng priesthood o Relief Society sa inyong ward o branch ang pangalan ng bawat pamilya o taong pinabibisita sa inyo at ang impormasyon kung paano sila kontakin. Ipakilala ang inyong sarili sa inyong kompanyon at sa mga taong binibisita ninyo at magsimulang makipag-ugnayan.
- **Bumisita.** Makipagkita sa bahay ng tao kung maaari. Kung hindi maaari, isiping makipagkita sa tao malapit sa kanyang pinagtatrabahuhan, maglakad-lakad kayo nang magkasama, o magkita-kita kayo bago o pagkatapos ng mga pulong sa araw ng Linggo. Turuan at pasiglahin ang isa't isa—marahil ay simula sa Mensahe ng Unang Panguluhan o sa Visiting Teaching. Ibahagi ang inyong patotoo. Ibahagi ang nangyayari sa inyong buhay. Magkaroon ng pagmamahal sa pamamagitan ng pagiging magiliw at mapagmalasakit. Makinig nang taos-puso. Panatilihing kumpidensyal ang ipinagkatiwala sa inyo ng iba. Patuloy na maging kaibigan, dahil madalas itong humantong sa higit na pagtitiwala.
- **Manalangin kasama ang inyong tinuturuan at ipagdasal sila.** Maaaring angkop na itanong sa pagtatapos ng inyong pagbisita, "Maaari ba tayong manalangin nang sama-sama?" Ang puno ng tahanan ang dapat pumili ng magdarasal. Sa mga araw at linggo sa pagitan ng mga pagbisita, patuloy na ipagdasal ang inyong binibisita. Humingi ng tulong sa Ama sa Langit upang malaman kung










## LALAGO ANG INYONG PANANAMPALATAYA




"May tumawag sa akin sa telepono mula sa isang naliligalig na ina sa isang estadong malayo sa kinaroroonan ko. Sabi niya lumipat daw ang anak niyang dalaga sa lungsod na malayo sa kanyang tahanan. Nahiwatigan niya sa maikling pag-uusap nila ng kanyang anak na may nangyayaring hindi tama. Nangamba ang ina na mapariwara ang anak. Nagsumamo siyang tulungan ko ang kanyang anak.

"Nalaman ko kung sino ang home teacher ng kanyang anak. Tinawagan ko siya. Bata pa siya. Subalit kapwa sila nagising ng kanyang kompanyon nang gabing iyon hindi lang dahil sa pag-aalala sa dalaga kundi dahil sa inspirasyong nadama nila na gagawa ito ng mga desisyong maghahatid ng lungkot at pagdurusa. Sa inspirasyon lamang ng Espiritu, pinuntahan nila ito. Noong una ayaw nitong sabihin sa kanila ang kanyang sitwasyon. Pinakiusapan nila itong magsisi at piliing tumahak sa landas na itinakda ng Panginoon para sa kanya at itinuro ng kanyang ama't ina. Natanto nito habang nakikinig na tanging Diyos lamang ang magpapaalam sa kanila ng nangyayari sa kanyang buhay. Narinig ng Ama sa Langit ang dalangin ng isang ina, at isinugo ang Espiritu Santo upang utusan ang mga home teacher.

". . . Lalago ang inyong pananampalataya habang naglilingkod kayo sa Panginoon sa pangangalaga sa mga anak ng Ama sa Langit bilang guro ng Panginoon sa kanilang tahanan. Masasagot ang inyong mga dalangin. Malalaman ninyo mismo na Siya ay buhay, na mahal Niya tayo, at binibigyang-inspirasyon Niya ang mga tao na nagsisimula pa lang sumampalataya sa Kanya at may hangad na paglingkuran Siya sa Kanyang Simbahan."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Gifts of the Spirit for Hard Times" (Church Educational System fireside para sa mga young adult, Set. 10, 2006), lds.org/broadcast.**



MGA PAGLALARAWAN NINA ROBERT CASEY, CRAIG DIMOND, JOHN LUKE, AT JERRY GARNS





## Mga Pagpapala ng Visiting Teaching

**Ni Silvia H. Allred**
Unang Tagapayo sa
General Relief Society Presidency

Bilang babaeng nasa hustong gulang sa Simbahan, binigyan kayo ng pagkakataon at responsibilidad na maglingkod bilang visiting teacher. Sa ganitong tungkulin marami kayong magagawang kabutihan. Sa pagbisita ninyo sa mga kapatid na itinalagang bisitahin ninyo, kayo ay:

- May pagkakataong makilala at mahalin ang mga kapatid na binibisita ninyo at kaibiganin sila.
- May pagkakataong ibahagi at patotohanan ang mga doktrina ng ebanghelyo.
- Magiging impluwensya sa kabutihan at lakas sa mga kapatid.
- May pagkakataong mag-alok at magbigay ng tulong kung kailangan.
- Makadarama ng paggabay ng Espiritu sa inyong gawain.
- Makararanas ng galak sa inyong paglilingkod.
- Espirituwal na uunlad bilang anak ng tipan ng Diyos.







paano sila pangangalagaan at mamahalin.

- **Maglingkod.** Magmasid at alamin ang mga pangangailangan. Halimbawa, kung ang miyembrong babaeng binibisita ninyo ay may darating na pagsusulit sa paaralan, marahil ay maaari ninyo siyang lutuan ng pagkain anumang araw ng linggong iyon para mas marami siyang oras na mag-aral. Kung ang miyembrong lalaking binibisita ninyo ay naghahanap ng trabaho, ipakilala siya sa mga taong maaaring makatulong sa kanya.
- **Magtanong ng mga bagay na makakatulong.** Ang mga tanong ay maaaring humantong sa mga pagkakataong magbigay ng kapanatagan, magbahagi ng kaugnay na alituntunin ng ebanghelyo, at magbigay ng makabuluhang paglilingkod. Maaari ninyong itanong: "Ano ang alalahanin o problema mo?" "Ano ang mga tanong mo tungkol sa ebanghelyo?" O maaari kang maging partikular: "Maaari ka ba naming tulungan sa isang gawaing-bahay?" "Gusto mo bang ihatid ka namin sa tindahan o sa doktor?" Ang mga tanong ay kadalasang nagdudulot ng mas magandang resulta kaysa magsabi lang ng, "Tawagan mo kami kung may kailangan ka."
- **Maghangad ng inspirasyon.** Matutulungan kayo ng Espiritu na malaman kung paano tulungan ang mga tinuturuan ninyo. Maaari kayong mabigyang-inspirasyon sa pagtalakay ng mga paksa o mag-alok ng tulong. Kapag nakilala na ninyo sila nang husto, maaari kayong mabigyang-inspirasyon na hikayatin ang mga binibisita ninyo na tumanggap ng iba pang mga ordenansa at tipan ng ebanghelyo o makibahagi pa sa lahat ng pagpapalang bigay ng ebanghelyo.
- **Iulat ang tamang impormasyon.** Iulat ang temporal at espirituwal na kapakanan ng inyong binibisita, anumang ibinigay na paglilingkod, at anumang pangangailangan. Iulat ang mga kumpidensyal na bagay nang diretso sa pangulo ng Relief Society o korum.
- **Makipag-ugnayan sa inyong kompanyon.** Kasama ang inyong kompanyon, hatiin ang mga assignment kung kailangan para makausap at mapangalagaan ang mga binibisita. Maaari kayong maghalinhinan sa pagbisita, paglilingkod, at pag-uulat ng kapakanan ng inyong mga tinururuan.
- **Alalahanin.** Subaybayan ang mahahalagang pangyayari sa buhay ng inyong mga binibisita, tulad ng mga kaarawan at maging ang pang-araw-araw na pangyayaring maaaring mahalaga sa kanila. ■

MGA PAGLALARAWAN NINA CRAIG DIMOND, MATTHEW REIER, DANNY SOLETA, WELDEN C. ANDERSEN, AT JERRY GARNS; LARAWAN NI SISTER ALLRED NA KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY

## Ang Sigla ng Pagtuturo ng Ebanghelyo

Dinalaw namin ng kompanyon ko sa home teaching ang isang mag-asawang matatanda na. Mga ilang linggo pa lang ako nakakauuwi mula sa misyon, ngunit nalilimutan ko na ang pakiramdam ng magturo ng ebanghelyo. Ngunit ang pagbisitang iyon at ang araling itinuro namin ay muling nagpaalala sa akin. Naantig ng Espiritu ang aking puso, at ang tanging nagawa ko ay ngumiti at pigilan ang aking luha.

Mahalaga ang home teaching sa mga young adult dahil lahat tayo, anuman ang ating kalagayan, ay kailangang mapalakas ng Espiritu. Malakas ang mga tukso sa mundo, at ang pagtuturo ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay isa sa pinakamaiinam na paraan para maiwasang mapaligaw sa mapanganib na landas.

Ramon Kaspers, Netherlands

## Angkop sa Kahit Anong Edad

Nang ipabisita at paturuan sa akin ang isang matandang babae, naisip ko kung magkapareho kami sa anumang bagay dahil sa agwat ng aming edad. Gayunman, natanto ko na alam ng Panginoon na kami ng kompanyon ko ang nababagay na bumisita sa miyembrong ito, na nangangailangan ng taong makakausap at makikinig.

Nalaman ko na maaari akong maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon sa paglilingkod sa miyembrong ito. Natuklasan ko rin na marami akong matututuhan sa kanya. Ang pagsasama namin ay nagpasaya sa buhay naming *dalawa*.

Teboho Ndaba, South Africa

## Ang Kagalakan ng Panginoon

Humaharap ako sa mga pagsubok, at kapag hindi umaayon sa akin ang mga bagay-bagay, nagrereklamo kaagad ako. Ngunit nagbago ang aking pananaw nang atasan kami ng kompanyon ko na mag-home teach sa isang pamilyang matagal nang hindi nagsisimba.

Sa isang pagbisita namin, natanto ko na gapatak lang ng ulan sa karagatan ang mga problema ko kumpara sa mga pagsubok ng pamilyang ito. Mukhang mahirap silang makasimba, ngunit patuloy kaming bumisita ng aking kompanyon sa kanila.

Isang Linggo ng umaga bago mag-sacrament meeting, may nagtulak sa akin na tumayo sa pinto. Laking gulat ko nang makita ko ang pamilyang ito na papasok sa chapel! Hindi ko maipaliwanag ang galak na nadama ko. Ang mga pagsubok ko ay nalulon sa kagalakan ng Panginoon (tingnan sa Alma 31:38).

Rati Mogotsi, South Africa







## Mga Kaibigan sa Hinaharap

Pagkatapos kong lisanin ang aming tahanan para mag-aral sa France, nagkaroon ng bagong kahulugan ang visiting teaching. Ang mga miyembrong pinabisita sa akin ay hindi nanatiling kilala ko lamang sa pangalan na hindi ko matandaan ang mukha; naging malalapit na kaibigan ko pa sila. Ilang beses na akong hinikayat ng Espiritu Santo sa mga partikular na sandali na manalangin at kung minsan ay mag-ayuno para sa kanila o tawagan, aliwin, pakinggan, sulatan, puntahan o basta akbayan lang sila. Ang mga munting pagkilos na ito ay gumawa ng kaibhan sa kanilang buhay, ngunit nagkaroon din ng kaibhan sa akin.

Lahat ng miyembrong babae ay magkakaiba. Ang ilan ay kaedad ko; ang iba ay mas matatanda. Ang iba ay mga may-asawang ina; ang iba naman ay mga dalaga. Dahil sa aming mga pagbisita nagkaunawaan kami sa kabila ng aming pagkakaiba-iba.

Kamakailan ay lumipat ako sa ibang bayan. Natuwa ako nang atasan akong bisitahin at turuan ang ilang kababaihan. Sa ngayon mga pangalan pa lang sila. Sa hinaharap magiging mga kaibigan ko sila.

Nirina J-Randriamiharisoa, Madagascar

# Tuwirang **Sagot**

**Nakausap ako ng mga kaibigan kong hindi miyembro tungkol sa mga bagay na nangyayari sa loob ng templo. Paano nila nalalaman ang tungkol dito, at ano ang dapat kong sabihin tungkol sa mga ito?**



Una sa lahat, huwag mong ikabahala ang mga itinatanong sa iyo ng mga kaibigan mo. Ang mga simbolo at ordenansa ng templo ay nakarating sa publiko sa iba't ibang paraan sa pagdaan ng mga taon, lalo na mula sa mga taong tumalikod sa Simbahan. Ngunit hindi nangangahulugan na dahil sa ang bagay na ito ay alam na ng mga tao sa labas ng Simbahan ay hindi na ito sagrado. Ang mahalaga ay patuloy nating itinuturing na sagrado ang mga ito at ipinapakita natin ang ating katapatan sa Panginoon.

Pangalawa, kung tanungin ka ng mga tao tungkol sa mga seremonya sa templo, masasabi mo ang totoo na wala kang masyadong alam tungkol dito dahil hindi mo pa nararanasan ang mga ito. Gayunman, para mapawi ang mga di-pagkakaunawaan, maipapaliwanag mo na nagpupunta tayo sa templo para makipagtipan sa Ama sa Langit at "tinutulungan tayo . . . na makatuon sa Tagapagligtas, sa kanyang papel sa plano ng ating Ama sa Langit, at sa pangako nating sundin Siya" (*Tapat sa Pananampalataya* [2006], 96). Ang mga simbolo at seremonya ng templo ay sagrado at hindi dapat talakayin nang hayagan, ni hindi mauunawaan nang wasto o mapapahalagahan ang mga ito sa labas ng konteksto ng templo.

Para malaman pa ang iba, maaari mong basahin ang sumusunod na mga sanggunian, na kapwa mababasa sa ilang wika sa LDS.org:

- Ang buklet na *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo* (2004).
- Ang entry na "Mga Templo" sa *Tapat sa Pananampalataya,* mga pahina 95–100. ■




Mahalagang gumalang sa ating mga lider sa Simbahan at alalahanin na bagama't sila ay ating mga kaibigan, dapat nating igalang ang kanilang katungkulan sa Simbahan at magpakita ng paggalang sa pagtawag sa kanila ng "Brother" o "Sister." ■

## Ayos lang bang **tawagin** ang **mga lider** ng Simbahan sa kanilang unang **pangalan**?

Kung minsan masyado tayong malapit sa ating mga lider kaya nagiging kaswal tayo sa pakikitungo sa kanila. Kahit mabuti ang makipagkaibigan, mahalaga ring magpakita ng wastong paggalang sa kanila at sa kanilang mga katungkulan. Sa Simbahan ugali na nating tawagin ang mga nakatatanda ng "Brother" o "Sister," isang tawag na nagpapakita ng paggalang at nagpapaalala sa atin na tayo ay mga anak ng Ama sa Langit. Ang iba pang pormal na tawag, tulad ng *elder, bishop,* o *president,* ay ginagamit din bilang tanda ng paggalang. Nagpapakita ng magandang halimbawa nito ang mga full-time missionary sa pagtawag sa isa't isa ng "Elder" o "Sister."

## Sinabi ni Pangulong Monson na ang paglilingkod sa **full-time mission ay responsibilidad ng priesthood**. Ano ang ibig sabihin niyon?"

Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson noong huling pangkalahatang kumperensya: "Sa inyong mga kabataang lalaki ng Aaronic Priesthood at sa inyo mga kabataang lalaki na magiging elder: inuulit ko ang matagal nang itinuro ng mga propeta—lahat ng karapat-dapat, may-kakayahang maglingkod na kabataang lalaki ay maghanda na magmisyon. *Ang gawaing misyonero ay isang tungkulin sa priesthood—isang obligasyon na inaasahan ng Panginoon sa atin na nabiyayaan nang lubos.*"[1]



Bahagi ng pagtanggap ng priesthood ang pagsang-ayong isagawa ang mga responsibilidad at mga tungkuling kaakibat nito. Tulad sa anumang kaloob na bigay ng Ama sa Langit, inaasahan Niya na gagamitin ninyo ang priesthood upang pagpalain ang iba. "Sapagkat sa kanya na siyang binigyan ng marami ay marami ang hihingin" (D at T 82:3).

Ang mga maytaglay ng Aaronic Priesthood ay "magbababala, magpapaliwanag, manghihikayat, at magtuturo, at mag-aanyaya sa lahat na lumapit kay Cristo" (D at T 20:59). Tulad ng sabi ni Pangulong Monson, ang paglilingkod sa full-time mission ay tungkulin ng mga maytaglay ng priesthood. Sa misyon ilalaan ninyo ang inyong buong lakas, panahon, at pagtutuon sa pagganap sa tungkuling iyan: paglilingkod, pangangaral ng ebanghelyo, at pag-anyaya sa lahat na lumapit kay Cristo. Mangyari pa, ang pagganap sa inyong tungkulin ay laging may kaakibat na mga pagpapala. Ang inyong misyon ay panahon ng malaking kagalakan at espirituwal na paglago. ■

**TALA**

1. Thomas S. Monson, "Sa Pagkikita Nating Muli," *Liahona,* Nob. 2010, 5–6; idinagdag ang pagbibigay-diin.

MULA KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NINA DAVID STOKER, STEVE BUNDERSON, AT ROBERT CASEY




# SUPER!

## PILIING MAGING BAYANI.

**Sundin ang propeta. Maghandang magmisyon.**

**(Tingnan sa D at T 15:6.)**

LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY



# AALIS BA AKO O HINDI?

*Ilang araw bago ako umalis para magmisyon, naospital ang mga magulang ko. Hindi ko alam kung kaya ko silang iwanan.*

**Ni Rodolfo Giannini**

Mapalad akong malaman ang tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pamamagitan ng isang kaibigan. Tinuruan ako ng mga misyonerong tinawag ng Diyos upang dalhin ang liwanag ng ebanghelyo sa mundo. Dalawang taon matapos akong binyagan tinawag akong maglingkod sa Italy Milan Mission. Bago ako umalis, nagkaroon ako ng malalim na espirituwal na karanasan.

Hindi nagalak ang aking mga magulang, na hindi mga miyembro ng Simbahan, sa pagkakataon kong makapagmisyon. Matindi ang mga pagtatalo namin na labis na nagpahirap sa akin.

Dalawang araw bago ako nagmisyon, biglang nagkasakit nang malubha ang mga magulang ko. Humina ang katawan ng aking ina kaya naospital siya. Walang nagawa ang mga doktor na nakatulong. Ang aking ama ay may cirrhosis sa atay, na ayon sa mga doktor ay mahirap gamutin.

Nang gabing iyon lumuhod ako at nanalangin sa aking Ama sa Langit, na sinasabing, "Ama, tulungan po Ninyo ako. May sakit po ang aking pamilya, at hindi ko sila maiiwan sa kalagayang ito. Dalangin ko, Ama, na tulungan po Ninyo akong malaman kung tamang umalis o hindi."

Pinag-isipan kong mabuti ang aking sitwasyon nang ilang minuto. Pagkatapos ay nakadama ako ng marahan ngunit nakaaantig na tinig na nagsabing, "Sumampalataya ka, at maaayos ang lahat."

Sa kabila ng lungkot na nadarama ko na makitang maysakit ang aking pamilya, nagpasiya akong sumakay sa eroplanong maghahatid sa akin sa Roma at pagkatapos ay sa Estados Unidos, kung saan ako dadalo sa missionary training center. Hindi masaya ang mga gabi ko sa MTC. Paulit-ulit kong naisip ang aking mga magulang. Sa wakas, sa pagsang-ayon ng MTC president, natawagan ko sila para kumustahin.

Sa telepono, tuwang-tuwang ikinuwento sa akin ng nanay ko na sila ni Itay ay pinaghimalaan ng Panginoon—mga salitang hindi ko akalaing marinig kailanman mula sa isang babaeng di-gaanong sumasampalataya. Sinabi niya sa akin na pagkaalis ko, bumuti ang kanilang kalusugan, at hindi ito maipaliwanag ng mga doktor. Malusog at masaya na ang mga magulang ko. Napuspos ako ng kagalakan.

Dahil sa karanasang ito, lumakas ang aking patotoo sa kapangyarihan ng pananampalataya, panalangin, at pagsunod. Nagpapasalamat ako na pinangalagaan ng Panginoon ang aking pamilya noong nasa misyon ako. ■

PAGLALARAWAN NI DAN BURR



# TAGAPAGTANGGOL NG PANANAMPALATAYA

*Si Kubangila Kasanza Celva ng Kinshasa, Democratic Republic of Congo, ay isang mahusay na manlalaro sa iba't ibang team.*

**Ni Richard M. Romney**
Mga Magasin ng Simbahan

Mabilis na sinisipa-sipa ng taga-salakay ng kabilang team ang bola papunta sa net. Sigurado na siyang makakapuntos. Ngunit naabutan siya ni Celva, naggirian sila, at sinipa nito ang bola palayo, at tumakbo sa kabilang direksyon.

"Ako ang tagapagtanggol," paliwanag ng 12-taong-gulang na si Celva. "Trabaho ko na pigiling makapuntos ang kalaban."

Si Celva ang klase ng manlalaro na gusto mong kakampi. Tahimik lang siya pero may kumpiyansa, handang magsumigasig, at gusto niyang makitang magtagumpay ang buong team. Ang mga katangiang ito ang dahilan kaya mabuti rin siyang kasapi ng iba pang mga team—ang kanyang simbahan at kanyang pamilya. Gayundin ang kahandaan niyang ipagtanggol ang katotohanan.

## Sina Celva at Nephi

Ang paboritong banal na kasulatan ni Celva ay ang 1 Nephi 3:7: "Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon." Tulad ni Nephi, tiwala si Celva sa Panginoon. "Hindi Niya ipagagawa sa akin ang isang bagay nang hindi naghahanda ng paraan para magawa ko ito. Palalakasin Niya ako at magpapadala ng ibang tutulong sa akin."

## Humayo at Gawin

"Mahalagang *makinig* sa itinuturo sa atin tungkol sa ebanghelyo," sabi ni Celva. "Pero mahalaga ring *gawin* ang itinuturo sa atin." Naaalala niya ang araw ng kanyang binyag at sinisikap araw-araw na gamitin ang kaloob na Espiritu Santo sa paggawa ng matatalinong pasiya. Katatanggap lang niya ng Aaronic Priesthood, at inaasam niyang makapunta sa templo balang araw para gumawa ng mga karagdagang tipan sa Panginoon, at plano niyang mag-full-time mission. Gusto niyang magpakita ng mabuting halimbawa sa kanyang mga kapatid at paglingkuran ang kanyang ama't ina.

"Iginagalang ko ang aking ama't ina sa paggawa ng mga ipinagagawa nila sa akin at pagsunod sa mga utos ng ating Ama sa Langit," wika niya. "Bilang panganay na anak, alam ko na mahalagang magpakita ako ng mabuting halimbawa sa aking mga kapatid, dahil malamang na gawin din nila ang ginagawa ko."

## Pananatiling Malakas

Alam ni Celva na mahalagang magsumigasig, sa isports man o sa



### ANO ANG MAHALAGA SA PANGALAN?

Ang pangalang *Celva* ay may kahalagahan. Pinagsama rito ang mga pangalan ng tatay ni Celva na si Celestin at ng kanyang inang si Valerie. "Ipinapaalala nito sa akin kung gaano nila kagustong magkasama, bumuo ng isang masayang pamilya," sabi ni Celva.

May kahalagahan din ang mga pangalan ng kanyang mga kapatid. Si Nathan, edad 7, ay ipinangalan sa isang matalinong tao sa Biblia. Ang ibig sabihin ng pangalan ni Beni, edad 4, ay "pinagpala." At bagama't ang pangalan ng dalawang-taong-gulang ay Celestin Jr., na isinunod sa pangalan ng kanyang ama, sa ngayon ay tinatawag siya ng lahat na Le Petit ("ang paslit").



## MARAMI PANG IBA ONLINE

Para makita ang mapa ng Kinshasa at mapanood ang video ni Celva na kumakanta ng himno at nagpapatotoo, pumunta sa www.liahona.lds.org.

ebanghelyo. Pagdarasal at pagbabasa ng mga banal na kasulatan nang mag-isa o kasama ang pamilya, family home evening—lahat ay bahagi ng kanyang regular na gawain. Siya ay may patotoo sa Word of Wisdom at alam niya na may ilang pagkaing mabuti sa katawan at mayroong hindi. "Hindi dapat uminom ng serbesa ang mga atleta," mariin niyang sabi.

### Tunay na Tagapagtanggol

Sa pagsulong ng Simbahan sa hinaharap, nakatutuwang malaman na may matatatag na kabataang katulad ni Celva na sabik gumawa ng tama. "Alam ko na ang aking Ama sa Langit ay buhay, na si Jesucristo ay totoo, at na si Joseph Smith ang propetang nagpanumbalik ng ebanghelyo sa mundo," sabi ni Celva. "Iyan ang patotoo ko at lagi kong ipagtatanggol ang Simbahan sa lahat ng paraan." ■

MGA LARAWANG KUHA NI RICHARD M. ROMNEY

# Ano ang Ibig Sabihin ng



*Itinuro sa atin ng Tagapagligtas na hindi natin kailangang kunsintihin ang kasamaan. "Pumasok si Jesus sa templo ng Dios, . . . at ginulo niya ang mga dulang ng mga mamamalit ng salapi."*

Ang pagpaparaya ay isang magandang katangiang kailangang-kailangan sa magulong mundong ito. Ngunit dapat nating matukoy ang pagkakaiba ng *pagpaparaya* at *pangungunsinti*. Ang inyong magiliw na pagpaparaya sa isang tao ay hindi nagbibigay sa kanya ng karapatang gumawa ng mali, ni nagoobliga sa inyo na kunsintihin ang kanyang kamalian. Ang pagkakaibang iyan ay mahalaga sa pag-unawa sa mahalagang katangiang ito.

**Dalawang Dakilang Utos**

Ang una nating mga prayoridad sa buhay ay mahalin ang Diyos at ang ating kapwa.[1] Kabilang diyan ang ating sariling pamilya, komunidad, bansa, at mundo. Ang pagsunod sa ikalawang utos ay nagpapadali sa pagsunod sa unang utos. "Kapag kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwatao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17).

**Ang Binyag ay para sa Lahat**

Sa lahat ng kontinente at isla sa karagatan, ang matatapat ay tinitipon sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang mga pagkakaiba sa kultura, wika, kasarian, at mukha ay nawawalan ng kabuluhan kapag naglingkod ang mga miyembro sa kanilang pinakamamahal na Tagapagligtas.

Tanging pag-unawa lamang sa tunay na pagkaama ng Diyos ang magdudulot ng lubos na pagpapahalaga sa tunay na kapatiran ng tao. Ang pag-unawang iyan ay nagbibigayinspirasyon sa hangaring magkaisa sa halip na maghiwa-hiwalay.

Ang kawalan ng pagpaparaya ay nagbubunga ng pagtatalo; ang pagpaparaya ay nadaraig ang pagtatalo.

# Pagpaparaya?

Ang pagpaparaya ay susing nagbubukas ng pinto sa pagkakaunawaan at pagmamahalan.

### Mga Panganib ng Sobrang Pagpaparaya

Ngayon ay babalaan ko kayo sa isang mahalagang bagay. Maaaring magkamaling isipin na kung nakakabuti ang kaunti ng isang bagay, mas makakabuti ang mas marami. Hindi ganoon! Ang sobrang pag-inom ng kailangang gamot ay maaaring makalason. Ang sobrang awa ay maaaring sumalungat sa katarungan. Kaya ang pagpaparaya, kung walang limitasyon, ay maaaring mauwi sa pangungunsinti.

Ang Panginoon ay naglagay ng limitasyon kung hanggang saan magpaparaya. Nagkakaroon ng panganib kapag ang mga banal na limitasyong iyon ay sinuway. Tulad ng pagtuturo ng mga magulang sa kanilang maliliit na anak na huwag tumakbo at maglaro sa kalsada, itinuro sa atin ng Tagapagligtas na hindi natin kailangang kunsintihin ang kasamaan. "Pumasok si Jesus sa templo ng Dios, . . . at ginulo niya ang mga dulang ng mga mamamalit ng salapi" (Mateo 21:12; tingnan din sa Marcos 11:15). Bagama't mahal niya ang mga makasalanan, sinabi ng Panginoon na Siya ay "hindi makatitingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas ng pagsasaalang-alang" (D at T 1:31).

Ang tunay na pagmamahal sa makasalanan ay maaaring maghikayat ng matapang na pakikipagharap—hindi ng pagsasawalang-kibo! Ang tunay na pagmamahal ay hindi sumusuporta sa pag-uugaling nakapipinsala sa sarili.

### Pagpaparaya at Paggalang sa Isa't Isa

Dahil sa pangako natin sa Tagapagligtas kinamumuhian natin ang kasalanan subalit sinusunod ang Kanyang utos na mahalin ang ating kapwa. Sama-sama tayong nabubuhay sa mundong ito, na kailangang pangalagaan, supilin at ibahagi nang may pasasalamat.[2] Makakatulong ang bawat isa sa atin na gawing mas kasiya-siya ang buhay natin sa mundong ito.

Ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay naglabas ng isang pahayag sa madla na aking sisipiin:

"Salungat sa kagandahang-asal na ipagkait ng sinumang tao o grupo ang kanyang dignidad dahil sa nakapanlulumo at nakamumuhing ideya na mas mahusay ang isang lahi o kultura.


"Nananawagan kami sa lahat ng tao saanman na muling maging tapat sa huwaran ng pagpaparaya at paggalang sa isa't isa na hindi nililipasan ng panahon. Taos-puso kaming naniniwala na kapag kinilala natin ang isa't isa nang may konsiderasyon at habag, matutuklasan natin na maaari tayong mamuhay nang payapa sa kabila ng ating malalaking pagkakaiba."[3]

Sama-sama tayong manindigan na huwag kunsintihin ang pagsuway kundi magparaya sa mga pagkakaiba ng ating kapwa na sagrado sa kanila. *Lahat* ng ating pinakamamamahal na mga kapatid sa buong mundo ay anak ng Diyos. Siya ang ating Ama. Ang Kanyang Anak na si Jesus ang Cristo. Ipinanumbalik na sa lupa ang Kanyang Simbahan sa mga huling araw na ito upang pagpalain ang lahat ng anak ng Diyos. ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1994.*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Mateo 22:36–40; Juan 13:34–35; 15:12, 17; Mga Taga Roma 13:8; I Mga Taga Tesalonica 3:12; 4:9; I Pedro 1:22; I Juan 3:11, 23; 4:7, 11–12; II Juan 1:5.
2. Tingnan sa Genesis 1:28; D at T 59:15–21; Moises 2:28; Abraham 4:28.
3. Pahayag ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol, Okt. 18, 1992; na sinipi sa "Church Exhorts Ethnic, Religious Tolerance," *Church News,* Okt. 24, 1992, 4.



**Ni Elder Russell M. Nelson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*NIILINIS NI CRISTO ANG TEMPLO,* NI CARL HEINRICH BLOCH, GINAMIT NANG MAY PAHINTULOT NG NATIONAL HISTORIC MUSEUM SA FREDERIKSBORG SA HILLERØD, DENMARK

# ANG LANDAS N



**Ni Elder Koichi Aoyagi**
Ng Pitumpu

Noong tinedyer ako sa Matsumoto, Japan, lubha akong interesadong matuto ng Ingles. Sa edad na 17 sumali ako sa English club sa aking paaralan. Sa pagbubukas ng klase, nagpasiya ang club na maghanap ng isang tao na Ingles ang katutubong wika para turuan kaming makipag-usap sa Ingles. Naghanap kami nang naghanap, ngunit ang mga guro sa Ingles na nakausap namin ay nagpapabayad, at hindi kayang magbayad ng club. Sa kawalan ng pag-asa, muntik na kaming sumuko.

Pagkatapos isang araw, habang nagbibisikleta ako papasok sa paaralan, nakita ko ang ilang kabataang Amerikanong naka-amerikana na namimigay ng mga flyer. Kinuha ko ang isa at ipinamulsa ito. Pagkatapos ng klase sinuri ko ang papel at natuklasan ko na isa itong paanyayang dumalo sa libreng klase sa pakikipag-usap sa Ingles. Nakasulat sa flyer ang pangalang "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw." Wala pa akong narinig na ganoong simbahan, pero natuwa ako; nalutas ko ang problema ng English club!

Nang sumunod kaming magklase, mga 30 miyembro ng club ang kasama kong dumalo. Tinuruan ng mga misyonero ang klase, na lubos na ikinagalak naming lahat. Sa unang araw pa lang ng klase, napansin ko na may kakaiba sa mga misyonero. Humanga ako sa kanilang pagkamagiliw, pagmamahal, magandang pag-uugali, at pagiging masayahin. Tila may liwanag sa kanilang pagkatao—wala pa akong nakilalang taong katulad nila.

Makalipas ang ilang linggo sinimulan kong tanungin ang mga misyonero tungkol sa kanilang simbahan, at inanyayahan nila akong matuto pa. Pumayag ako, at itinuro nila sa akin ang mga aralin ng misyonero. Sa panahong iyon hindi ko pa ganap na nauunawaan o pinasasalamatan ang kahalagahan ng natututuhan ko, ngunit nadama ko ang Espiritu, at naunawaan ko na mabuti ang mga alituntuning itinuturo sa akin ng mga misyonero. Nang anyayahan nila akong magpabinyag, pumayag ako.

Gayunman, bago ako nakasapi sa Simbahan, kinailangan kong hingin ang pahintulot ng mga magulang ko. Noong una ayaw na ayaw nila rito—ang mga turo ng Kristiyanismo ay hindi pamilyar at kakaiba sa kanila. Ngunit hindi pa ako handang sumuko. Hiniling ko sa mga misyonero na pumunta sa aking tahanan at ipaliwanag sa aking mga magulang ang tungkol sa Simbahan, ang mga itinuturo nila sa akin, at kung ano ang inaasahan sa akin. Pinalambot ng Espiritu ang puso ng aking mga magulang, at sa pagkakataong ito ay pinayagan nila akong mabinyagan.

**Paglalaho**

Matapos akong mabinyagan at makumpirma, dumalo ako sa Matsumoto Branch na may 12 hanggang 15 aktibong miyembro. Nagkaroon ako ng mga kaibigan, at masayang dumalo linggu-linggo. Mga isang taon pagkaraan nagtapos ako sa hayskul at lumipat sa Yokohama para mag-aral sa unibersidad. Ang pinakamalapit na branch ay Tokyo Central Branch, na may mahigit 150 aktibong miyembro. Nang dumalo ako sa bagong branch na ito, nadama ko na para akong

probinsyano sa isang malaking lungsod. Nahirapan akong makipagkaibigan. Isang araw ng Linggo hindi ako nagsimba. Hindi naglaon tumigil ako sa pagsisimba. Sinimulan kong makipagkaibigan sa mga kaklase kong hindi miyembro, at unti-unting naglaho ang Simbahan sa aking isipan.

Nagpatuloy ito nang ilang buwan. Pakatapos isang araw ay nakatanggap ako ng liham mula sa isang sister sa Matsumoto Branch. "Nabalitaan ko na hindi ka na nagsisimba," wika niya. Nagulat ako. Malinaw na may isang tao mula sa aking bagong branch na nagsabi sa kanya na hindi na ako nagsisimba! Nagpatuloy ang sister sa kanyang liham sa pagsipi sa Doktrina at mga Tipan 121:34: "Masdan, marami ang tinawag, subalit iilan ang napili." Pagkatapos ay isinulat niya, "Koichi, nabinyagan ka nang miyembro ng Simbahan. Ikaw ay natawag, pero hindi ka na kabilang sa mga napili."

Nang mabasa ko ang mga salitang ito, nakadama ako ng pagsisisi. Alam ko na kailangan kong magbago. Natanto ko na wala akong malakas na patotoo. Hindi ko tiyak kung buhay ang Diyos, at hindi ko alam kung si Jesucristo ang aking Tagapagligtas. Sa loob ng ilang araw lalo akong nababalisa kapag iniisip ko ang mensahe sa liham. Hindi ko alam ang gagawin ko. Pagkatapos isang umaga naalala ko ang isang bagay na itinuro sa akin ng mga misyonero. Hiniling nila sa akin na basahin ang Moroni 10:3–5, na nangangakong malalaman ko ang katotohanan sa aking sarili. Nagpasiya akong manalangin. Kung wala akong madama, lubusan ko nang kalilimutan ang Simbahan at mga kautusan, at hindi na ako babalik kailanman. Gayunman, kung makatanggap ako ng sagot, tulad ng ipinangako ni Moroni, kailangan kong magsisi, yakapin ang ebanghelyo nang buong puso, bumalik sa simbahan, at gawin ang lahat para masunod ang mga utos.

Nang lumuhod ako at magdasal nang umagang iyon, nagsumamo ako sa Ama sa Langit na sagutin ako. "Kung Kayo po ay buhay—kung Kayo po ay totoo," dasal ko, "sana po ay ipaalam Ninyo sa akin." Nagdasal ako upang malaman kung si Jesucristo ang aking Tagapagligtas at kung totoo ang Simbahan. Pagkatapos kong magdasal, bigla akong may nadama. Uminit ang aking pakiramdam, at napuspos ng galak ang aking puso. Naunawaan ko ang katotohanan: Ang Diyos ay *talagang* buhay, at si Jesus *ay* aking Tagapagligtas. Ang Simbahan ng Panginoon ay tunay na ipinanumbalik ni Propetang Joseph Smith, at ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.

Hindi na kailangang sabihin pa, humingi ako ng kapatawaran sa araw na iyon mismo at nagpasiyang sundin ang mga utos. Bumalik ako sa simbahan at nangako sa Panginoon na gagawin ko ang lahat upang manatiling tapat.

Hindi nagtagal nagplanong magtayo ang Simbahan ng isang chapel sa Yokohama. Sa

# G MGA NAPILI

***Iba ang mabinyagan. Iba rin ang magtiis hanggang wakas.***

MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER



panahong iyan ang mga miyembro ng branch ay inaasahang mag-ambag ng pera at magtrabaho para sa pagtatayo ng gusali. Nang hamunin ng mission president ang mga miyembro ng branch na mag-ambag sa abot ng kanilang makakaya, naalala ko ang aking pangako na gawin ang anumang ipagawa sa akin ng Panginoon. Kaya araw-araw sa loob halos ng isang taon, tumulong ako sa pagtatayo pagkatapos ng mga klase ko sa unibersidad.

**APAT NA MITHIIN**

***1. Magkaroon ng mas mataas na edukasyon hangga't maaari.***

***2. Maglingkod sa full-time mission.***

***3. Magpakasal sa templo.***

***4. Magtamo ng mga kasanayan para masuportahan ang pamilya.***

### Pagkakamit ng Apat na Mithiin

Sa panahong ito, dumalaw si Elder Spencer W. Kimball (1895–1985), na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa Japan at hinikayat ang mga kabataan ng Simbahan na kamtin ang apat na mithiin: (1) kumuha ng mas mataas na edukasyon hangga't maaari, (2) maglingkod sa full-time mission, lalo na ang mga kabataang lalaki, (3) magpakasal sa templo at (4) magkaroon ng mga kasanayan para masuportahan ang pamilya. Hanggang sa puntong iyon wala akong kaplanu-planong gawin ang apat na bagay na ito. Ngunit kalaunan ay lumuhod ako at nanalangin: "Ama sa Langit, gusto ko pong maisakatuparan ang apat na mithiing iyon. Tulungan po Ninyo ako."

Alam ko na para manatili sa landas ng mga napili, kailangan kong sundin ang payo ng lingkod ng Panginoon. Nangako akong gawin ang lahat ng aking makakaya upang masunod ang payo ni Elder Kimball at magsumigasig sa pagtatayo ng Simbahan.

Sa loob ng sumunod na ilang taon patuloy kong sinikap na makamtan ang apat kong mithiin. Naglingkod ako bilang construction missionary sa loob ng dalawang taon, tumulong sa pagtatayo ng dalawang chapel sa aking bayang sinilangan. Pagkatapos ay natawag akong maglingkod sa full-time proselytizing mission. Nang makauwi na ako, pinakasalan ko sa templo ang dalaga mula sa Matsumoto Branch na lumiham sa akin. Kalaunan natanggap ako sa pangarap kong trabaho sa isang kompanyang dayuhan ang may-ari. Dahil sinunod ko ang salita ng





Panginoon at ang payo ng mga propeta, nadama ko na muli akong nakatahak sa landas ng mga napili. At sinisikap kong manatili sa landas na iyon ngayon.

**Pakikinig sa Kanyang Tinig**

Mga kapatid kong kabataan, patuloy na nananawagan ang Tagapagligtas sa ating lahat, inaanyayahan tayong sumunod sa Kanya. Itinuro ng Panginoon, "Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, . . . at sila'y nagsisisunod sa akin" (Juan 10:27). Narinig na ninyo ang tinig ng Panginoon; sinunod na ninyo Siya nang magpabinyag kayo sa Kanyang Simbahan. Kayo ay tunay ngang mga natawag. Gayunman, ang mapili ay lubhang kakaibang bagay.

Magpasiya kayo ngayong gawin ang lahat upang manatiling tapat. Magpasiyang magtiis hanggang wakas sa pagsunod sa lahat ng utos ng Diyos. Magtakda ng mabuti at karapat-dapat na mga mithiin para sa inyong sarili. Magtamo ng edukasyon, magmisyon, magpakasal sa templo, at suportahan ang inyong pamilya kapwa sa espirituwal at sa temporal. Kung wala pa kayong patotoo, mangyaring lumuhod kayo at hilingin sa Ama sa Langit na tulungan kayong malaman ang katotohanan. Pagkatapos, kapag dumating ang sagot, taos-pusong ipangako ang inyong sarili sa gawain ng Panginoon. Gawin ang anumang nararapat upang makatahak sa landas ng mga napili. ■



PAGLALARAWAN NI JENNIFER TOLMAN

# Ang Babaeng May Magandang Ngiti

*Natatakot ako noon, pero may natuklasan akong panlaban sa takot ko.*

**Ni Michelle Glauser**

Ilang buwan naming pinaghandaan ng piano teacher ko ang araw na ito. Kalahok ako sa Achievement in Music, isang taunang kompetisyon na minamarkahan ang mga estudyante sa musika sa lahat ng bagay—mula sa kaalaman sa teoriya hanggang sa dynamics sa isang sinaulong piyesa. Sa wakas dumating na ang araw na iyon at kinabahan ako.

Ang pinaka-nakakakabang bahagi ng kompetisyon ay ang pagtugtog ng mga piyesa para sa mga hurado. Kabisado ko ang mga piyesa ko, pero nanginig ang mga kamay ko nang tumugtog ako.

Natapos din ang nakakakabang pagtatanghal. Makakapagrelaks na ako dahil ibibigay ko na lang ang report ko sa kompositor. Nakita ko ang tamang lugar at pumila ako sa harap ng dalawang pinto. Naisip kong magusisa sa pintuan sa kaliwa. Pinalakas ng isang nakangiting titser ang loob ng mga estudyante habang kabado silang pumasok at nagpakilala. Malinaw na gusto niya silang mapanatag.

Pagkatapos ay tumingin ako sa silid sa kanan. May isa pang piano teacher doon, mas matanda, ngunit masungit ang hitsura kaya nanlamig ang mga kamay ko. Habang lalo ko siyang nakikitang makipag-usap sa mga estudyante, lalo akong kinakabahan. Ang tanging naisip ko ay, "Sana mapunta ako sa unang hurado."

Paulit-ulit kong binasa ang report ko. Pagdating ko sa unahan ng pila, inasam kong maunang matapos ang estudyante sa kaliwa. Nadismaya ako nang lumakad ang estudyante sa kanan papunta sa pintuan. Imposible nang doon ako makapasok. Pagkatapos ay bigla kong naisip, "Basta ngumiti ka lang nang todo."

Masaya akong humakbang papasok at ipinakita ko ang pinakatodo kong ngiti. Tulad nga nang sabi nila, kapag masaya ang kilos, masaya ang pakiramdam. Ngumiti ako nang kamayan ako ng hurado. Pagkatapos ay malinaw kong binasa ang report ko, na humihinto paminsan-minsan para ngitian siya. Pagkatapos kong magreport, pinasalamatan ko siya sa oras niya. Parang hindi na siya nakakatakot. Paglabas ko ng silid, guminhawa at sumaya ang pakiramdam ko.

Makalipas ang ilang buwan nakinig ako nang basahin ng piano teacher ko ang mga komento ng mga hurado. Sa huling komento sabi niya, "Wow, talagang pinahanga mo ang huradong ito. Isinulat niya, 'Si Michelle, ang babaeng may magandang ngiti.'" Hindi ko na siya kailangang tanungin kung sino ang sumulat niyon.

Ang pagbabago ng ugali ko ay nakatulong para magawa ko ang pinakamainam. Tuwing may mahirap akong gagawin, sa halip na ayawan ito, ipinapasiya kong gawin itong kapaki-pakinabang at kasiya-siya. Alam ko na may epekto ang ugali ko sa mga nararanasan ko. Sa pagsusumigasig na may magandang pag-uugali, natuto akong magalak sa gitna ng mga hamon. ■

PAGLALARAWAN NI BRIAN BEACH

Natatanging Saksi



Nagbahagi ng ilang ideya si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa paksang ito.

# PAANO AKO MATUTULUNGAN NG EBANGHELYO NA MAGING MASAYA?

*Mula sa pananalita sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Ago. 23, 2002.*

Ang plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit ay nilayong bigyan ng patnubay ang Kanyang mga anak, tulungan silang maging masaya, at ibalik sila nang ligtas sa Kanyang piling.

Sa buhay na ito nakadarama tayo ng pagkagiliw, pagmamahal, kabaitan, kaligayahan, lungkot, kabiguan, pasakit, at maging ng kapansanan sa mga paraang naghahanda sa atin na muling makapiling ang ating Ama sa Langit. May mga aral tayong dapat matutuhan at mga pangyayaring dapat maranasan sa mundo.

Ang pinagmumulan at dahilan ng tunay na kaligayahan ay ang katotohanan ng ebanghelyo at pagsunod sa walang hanggang batas.

Alam ninyo kung ano ang tama at mali, at kayo ay may responsibilidad na malaman sa inyong sarili "sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118) ang mga bagay na dapat at hindi dapat gawin.

Ang pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay nag-aanyaya ng palagiang pagsama ng Espiritu Santo. Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na malaman, maunawaan, at maipamuhay ang mga turo ni Jesucristo.

Para sa inyong kaligayahan at proteksyon, inaanyayahan ko kayong pag-aralan at mas masigasig na ipamuhay ang ebanghelyo ng Tagapagligtas. Hindi lamang natin dapat ipamuhay ang ebanghelyo, kundi dapat nating *kahiligang* ipamuhay ang ebanghelyo. Sa paggawa nito, tatanggap tayo ng napakaraming pagpapala, ibayong lakas, at tunay na kaligayahan.



# Ang Operasyon ni Eli

*"At gayon din lahat sila na tumanggap ng pagkasaserdoteng ito ay tinanggap ako, wika ng Panginoon" (D at T 84:35).*

**Ni Jane McBride Choate**

Batay sa tunay na buhay

Tiningnan ni Eli ang tambak na homework na idinaan ng kanyang kaibigan pauwi mula sa eskuwelahan. Isang linggo pang lumiban sa klase si Eli dahil sa impeksyon sa tainga.

Nang gabing iyon pumasok ang mga magulang ni Eli sa kanyang silid. Naupo ang kanyang ina sa gilid ng kama ni Eli at hinawakan ang kanyang kamay. "Eli, sa palagay ng doktor ay kailangan mong maoperahan," wika niya.

"Ano pong klaseng operasyon?"

"Gusto niyang lagyan ng mga tubo ang mga tainga mo para hindi na kumalat ang impeksyon," sabi ni Inay. "Hindi masakit iyon, at isang araw ka lang sa ospital." Pinisil ni Inay ang kanyang kamay.

May tiwala si Eli sa kanyang mga magulang. Ngunit takot siya sa ideyang ooperahan siya. Naisip niya ang kuwentong narinig niya sa Primary tungkol kay Joseph Smith. Nang si Joseph ay pitong taong gulang, naimpeksyon ang buto niya sa binti. Lumala ang impeksyon kaya ipinasiya ng doktor na kailangang alisin ang bahagi ng buto o kung hindi ay mapuputulan ng binti si Joseph o baka mamatay pa siya.

Noong panahon ni Joseph Smith, pinaiinom ng alak ng mga doktor ang mga taong ooperahan para hindi sila makadama ng sakit, ngunit tinanggihan ni Joseph ang alak na ipinaiinom sa kanya ng doktor. At ayaw niyang magpatali sa kama. Sinabi niya na kung hahawakan siya ng kanyang ama, hindi siya gagalaw. Mahigpit na niyakap si Joseph ng kanyang ama sa buong operasyong iyon na masakit. Tagumpay ang operasyon, at gumaling si Joseph.

Naisip ni Eli ang tapang at pagtitiwala ni Joseph sa kanyang ama. "Maaari po ba ninyo akong basbasan, Itay?" tanong niya. Alam ni Eli na makakatulong sa kanya ang basbas ng priesthood. Noong magsimula ang klase, binasbasan ng kanyang ama si Eli.

"Maganda ang naisip mo, " sabi ng kanyang ama.


Humalukipkip at yumuko ang ina ni Eli. Nadama ni Eli ang mga kamay ng kanyang ama sa kanyang uluhan. Tiwala ang tinig ng kanyang ama nang basbasan nito si Eli na hindi siya matakot at lubusang gumaling.

Nang matapos ang pagbabasbas, hindi na takot si Eli. "Puwede na po akong operahan ngayon," wika niya.

Tatlong araw pagkaraan nagpunta siya sa ospital at umuwi kinabukasan. Hindi naglaon at nawala na ang impeksyon sa tainga, at madaling nakahabol si Eli sa gawain sa paaralan.

Nagpasalamat si Eli na siya ay miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at siya ay mababasbasan sa pamamagitan ng priesthood. ■


MGA PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH




"Ang pagkasaserdote ay . . . isang pagkakataong basbasan ang buhay ng iba."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Kapangyarihan ng Pagkasaserdote," *Liahona,* Ene. 2000, 59.**

**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan



# Mga Pagpapapala ay Bilangin



Ang paglimot sa Diyos ay matagal nang problema ng Kanyang mga anak mula pa nang likhain ang mundo. Isipin ang panahon ni Moises, nang magpakain ng mana ang Diyos at sa mahimala at kitang-kitang mga paraan ay inakay at pinrotektahan ang Kanyang mga anak. Binalaan pa rin ng propeta ang mga tao: "Magingat . . . baka iyong malimutan ang mga bagay na nakita ng iyong mga mata" (Deuteronomio 4:9).

Humanap ng mga paraan para makilala at maalala ang kabaitan ng Diyos. Palalakasin nito ang ating patotoo. Naaalala ba ninyo ang awiting kinakanta natin kung minsan: "Mga pagpapapala ay bilangin mo; mamamangha ka sa kaloob sa 'yo" ("Mga Pagpapapala ay Bilangin," *Mga Himno,* blg. 147).

Noong maliliit pa ang aming mga anak, sinimulan kong isulat ang ilang bagay na nangyayari sa araw-araw. Hindi ako pumalya kahit isang araw kahit pagod na pagod ako o maaga pa akong gigising kinabukasan. Bago ako sumulat, pinag-iisipan ko ang tanong na ito: "Nakita ko ba ang kamay ng Diyos na nakaunat para tulungan kami o ang aming mga anak o pamilya sa araw na ito?" Habang ginugunita ko ang mga nangyari sa maghapon, nakikita ko ang katibayan ng nagawa ng Diyos para sa isa sa amin na hindi ko nakita dahil sa kaabalahan ng maghapon. Natanto ko na sa paggunita ay naipakita sa akin ng Diyos ang Kanyang nagawa.

Ang Espiritu Santo ang tumutulong para makita natin ang nagawa ng Diyos para sa atin. Pinatototohanan ko na mahal tayo ng Diyos at pinagpapapala tayo nang higit sa nalalaman ng karamihan sa atin. Alam ko na ito ay totoo, at nagagalak akong alalahanin Siya. ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2007.*

## AT MAMAMANGHA KAYO!

Matututuhan ninyong pansinin ang mga pagpapalang ibinibigay sa inyo ng Ama sa Langit tulad ng paraan ni Pangulong Eyring—sa pagsulat ng mga ito.

1 Maglagay ng isang kuwaderno o journal at bolpen o lapis sa tabi ng inyong kama.

2 Tuwing gabi bago kayo manalangin at matulog, isulat:

- Ang petsa.
- Dalawa o tatlong mabubuting bagay na nangyari sa araw na iyan.
- Paano sa palagay ninyo naging mga pagpapala ng Ama sa Langit ang mabubuting bagay na ito.





3 Kapag nagdarasal kayo, tiyaking pasalamatan ang Ama sa Langit sa mabubuting bagay na inyong naalala. Maaari din ninyong ikuwento sa inyong mga kapamilya ang mga pagpapalang nakita ninyo!



PAGLALARAWAN NI WESTON COLTON; MGA PAGLALARAWAN NI KEITH CHRISTENSEN

## PAANO PINAGPALA NG PANGINOON ANG MGA ANAK NI ISRAEL

Ikinukuwento sa aklat ng Exodo sa Lumang Tipan kung paano tinulungan ng Panginoon ang Kanyang mga piniling tao kapag may mga problema sila. Itugma ang bawat problema sa isang pagpapalang ipinadala ng Panginoon para tulungan ang Kanyang mga tao.

| MGA PROBLEMA | | MGA PAGPAPALA |
|---|---|---|
| 1. Ang mga piling tao ng Panginoon ay mga alipin sa Egipto. |  | A. Nagpadala ang Panginoon ng maraming salot sa Egipto, at sa huli ay pinalaya ng Faraon ang mga tao. |
| 2. Hindi sila pinayagang umalis ng Faraon, ang hari ng Egipto. |  | B. Ibinigay ng Panginoon ang Sampung Utos kay Moises. Tinulutan Niyang marinig ng lahat ng tao ang Kanyang tinig at nagpakita Siya sa ilan sa kanila. |
| 3. Pinayagan ng Faraon na umalis ang mga tao, ngunit hinabol sila ng kanyang hukbo para ibalik sila. |  | C. Inutusan ng Panginoon si Moises na hampasin ng kanyang tungkod ang isang malaking bato, at dumaloy ang tubig. |
| 4. Nauhaw ang mga tao sa ilang. |  | D. Inutusan ng Panginoon si Moises na akayin ang mga tao palabas ng Egipto patungo sa lupang pangako. |
| 5. Wala nang makain ang mga tao, at gutom na sila. |  | E. Hinawi ng Panginoon ang Dagat na Mapula upang makatakas ang mga tao. |
| 6. Kailangan ng tulong ng mga tao sa pagsunod sa Panginoon. |  | F. Pinadalhan ng Panginoon ang mga tao ng pagkaing lasang tinapay at pulut-pukyutan. Tinawag itong *mana,* at natagpuan nila ito sa lupa bawat umaga. |

*Mga sagot: 1. D; 2. A; 3. E; 4. C; 5. F; 6. B.*

*Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito upang matuto pa tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.*

# Ang **Ama sa Langit** ay Nangungusap sa Atin sa Pamamagitan ng Kanyang mga **Propeta**



**Nina JoAnn Child at Cristina Franco**

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

Kung hihilingin ninyo sa isang tao na magbigay ng mahalagang mensahe sa mga taong mahal ninyo, anong uri ng tao ang hihilingan ninyo? Malamang na ang piliin ninyo ay isang taong tapat, responsable, at mapagkakatiwalaan.

Ibinibigay ng Ama sa Langit ang Kanyang mensahe sa Kanyang mga anak sa lupa sa pamamagitan ng mga propeta. Alam Niya na ang Kanyang mga propeta ay tapat, responsable, mapagkakatiwalaan, at mabubuti.

Sa mga banal na kasulatan mababasa natin ang mga isinulat ng maraming propeta na nagsulat ng mga inspiradong mensaheng ibinigay ng Ama sa Langit sa Kanyang mga anak. Pag-aralan natin ang ilan sa mga isinulat ng mga propeta sa mga banal na kasulatan.

Ipinabatid ni Malakias sa mga tao ang mensahe ng Panginoon tungkol sa pagbabayad ng mga ikapu at handog (tingnan sa Malakias 3:8–10).

Iniwan ng Nakababatang Alma ang kanyang tungkulin bilang punong hukom upang maging misyonero sa buong lupain (tingnan sa Alma 4:15–20). Ibinahagi niya ang mensahe ng Diyos sa maraming tao.

Ibinigay ni Moroni ang mensahe ng Ama sa Langit sa ating lahat nang ibigay niya sa atin ang pangakong ito tungkol sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon: "Kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito, ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (Moroni 10:4).

Si Joseph Smith ay binigyan ng natatanging mensahe ng Ama sa Langit at ni Jesucristo (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–20). Ang buhay ni Joseph Smith ay ginugol sa pagpapahayag ng mensaheng iyan sa lahat ng tao.

Mapalad tayong magkaroon ng propeta ngayon. Maririnig natin ang mga mensahe ng Ama sa Langit kapag nakinig tayo sa propeta.

**Aktibidad**

Gupitin ang mga piraso ng papel na may mga larawan ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol. Idikit ang mga dulo ng papel sa unahan ng kasunod na papel. Itupi-tupi sa mga linya ang papel para makagawa ng buklet.

Gamit ang listahan sa ibaba, isulat ang pangalan ng bawat General Authority sa ilalim ng kanyang larawan. Makinig sa kanilang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya at itala sa buklet. Ibahagi ang inyong mga ideya tungkol sa pangkalahatang kumperensya sa hapunan ng pamilya o family home evening. ■



Thomas S. Monson
Henry B. Eyring
Dieter F. Uchtdorf
Boyd K. Packer
L. Tom Perry
Russell M. Nelson
Dallin H. Oaks
M. Russell Ballard
Richard G. Scott
Robert D. Hales
Jeffrey R. Holland
David A. Bednar
Quentin L. Cook
D. Todd Christofferson
Neil L. Andersen







Mga Tala sa Pangkalahatang Kumperensya

PAGLALARAWAN NI JAMES JOHNSON

**Ni Rebecca Barnum**

Batay sa tunay na buhay

# Ang Sagot noong Araw ng Aktibidad

*"Wala kayong matatanggap na patunay hangga't hindi natatapos ang pagsubok sa inyong pananampalataya" (Eter 12:6).*



Napakasamang araw! Sa eskuwelahan ngayon wala akong kinausap, wala akong kinalaro sa rises, at wala akong tinabihan sa tanghalian. Dalawang linggo nang naninirahan ang pamilya ko sa bagong bayang ito, at wala pa rin akong kaibigan!

Habang papasok ako sa bagong bahay namin, nakita ko ang nakababata kong kapatid na babae na kalaro ang batang babae sa tapat namin. Kumaway siya. "Hi, Rosa!"

Lumingon ako at hindi ako kumibo. Halos kaedad ng kapatid ko ang tatlong bata sa kalye namin. Ilang batang babae sa kalye namin ang kaedad ko? Wala. Ni isa!

Itinulak ko ang pintuan sa harapan at ibinagsak ang backpack ko sa sahig.

"Tumawag si Sister Garcia ng Primary para ipaalala sa iyo ang aktibidad ngayon," sabi ni Inay.

"Ayoko pong pumunta sa aktibidad," pagmamaktol ko. "Maghapon ko nang kasama ang mga batang hindi ko kakilala. Ayoko na pong gumugol ng isa pang oras sa mga batang hindi ko kilala!" Madali lang siguro sa ilang tao na makipag-usap sa hindi kilala pero hindi ako.

"Alam kong mahirap ang paglipat dito at iwanan ang lahat ng dati mong kaibigan," sabi ni Inay. "Ipinagdarasal ko na magkaroon tayo kaagad ng mga bagong kaibigan."

"Ako rin po," sabi ko. "Ipinagdarasal ko po iyan gabi-gabi, pero hanggang ngayon hindi pa sinasagot ng Ama sa Langit ang mga dasal ko. Parang hindi Siya nakikinig."

Pinisil ni Inay ang kamay ko. **"Baka ang tawag ni Sister Garcia *ang* sagot sa iyo,"** wika niya.

"Paano magiging sagot iyan sa mga dasal ko?" tanong ko.


"Kung minsan kapag nagdarasal tayo, inaasahan ng Ama sa Langit na may gawin tayo para masagot ang ating mga dalangin," sabi ni Inay. "Ang tawag diyan ay pagkilos nang may pananampalataya. May dapat pa tayong gawin maliban sa magdasal. Kung minsan kailangan nating kumilos nang may pananampalataya bago matamo ang biyaya."

"Puwede kaya iyon?" naisip ko. "Ang pagdalo nga kaya sa araw ng aktibidad ang sagot sa mga dasal ko?"

Maya-maya, tinanong ni Inay kung gusto kong magpahatid sa aktibidad. Huminga ako nang malalim at tumango. Kahit takot ako, naramdaman ko na iyon ang tamang gawin.

Mabilis ang pintig ng puso ko pagdating namin sa simbahan. Sinalubong ako ni Sister Garcia at inakay ako sa upuan sa tabi ng mesa. Medyo napanatag ako sa

PAGLALARAWAN NI NATALIE MALAN



"Hindi kayo kaagad gagantimpalaan ng Diyos ayon sa gusto ninyo. Sa halip, tutugon ang Diyos sa pinakamainam na paraan para sa inyo ayon sa Kanyang walang hanggang plano."

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Nagtataguyod na Kapangyarihan ng Pananampalataya sa Oras ng Kawalang Katiyakan at Pagsubok,"** ***Liahona,*** **Mayo 2003, 77.**

malambing niyang tinig at matamis na ngiti.

Tumingin sa akin ang isang batang babaeng katapat ko sa mesa. "Hi, ako si Teresa," sabi niya. "Bago ka rito?"

Parang may bara sa lalamunan ko, kaya tumango na lang ako.

"Nakita na yata kita sa eskuwelahan," sabi ni Teresa. "Kaninong klase ka ba kabilang?"

Napalunok ako sa kaba. "Sa klase ni Gng. Lee, "sabi ko sa kanya.

"Magkatabi pala tayo ng kwarto!" sabi niya.

Pinag-usapan namin ang aming mga klase at paboritong subject. Habang nag-uusap kami, nagulat ako na marami pala kaming pagkakatulad. Pareho pa naming gusto ang roller-skating!

Nang sunduin ako ni Inay pagkatapos ng aktibidad, mabilis akong sumakay sa kotse.

"Inay, puwede po ba kaming maglaro ng bagong kaibigan kong si Teresa?" Kinawayan ko si Teresa, at kumaway rin siya.

Naisip ni Inay na magandang ideya iyon, kaya nang gabing iyon, nag-roller-skate na kami ng bago kong kaibigan pataas at pababa ng kalye namin.

Nang gabing iyon habang nakaluhod ako sa tabi ng kama ko, pinasalamatan ko ang Ama sa Langit sa pagsagot sa mga dasal ko. Noong una natakot akong dumalo sa araw ng atibidad, pero mabuti na lang at nagpunta ako. Mabuti na lang at naging matapang akong kumilos nang may pananampalataya. ■

# **Ang Ating** Pahina



Sonya K., edad 5, Russia




**"Ang Ating Pangulong Thomas S. Monson," ni Tyla J., edad 7, Utah, USA**

Ipadala ang inyong drowing, retrato, karanasan, o patotoo para sa Ang Ating Pahina sa liahona@ldschurch.org, na may "Our Page" sa subject line.

Dapat isama sa bawat isinumite ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad (dapat ay mula 3 hanggang 12) kasama ang pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at ang nakasulat na pahintulot ng magulang (tinatanggap ang e-mail). Ang mga isinumite ay maaaring iedit para linawin o paikliin.

## ANG PINAKAMAHALAGANG ARAW SA BUHAY KO



Retrato namin ito ng tatay ko noong araw ng binyag ko, dalawang taon na ang nakararaan. Lagi kong aalalahanin ang araw na iyan, dahil ito ang pinakamahalagang araw sa buhay ko. Iyan ang araw na nakipagtipan ako sa Ama sa Langit. Alam ko na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay buhay at mahal na mahal Nila ako.


Talagang gusto kong pumunta sa templo. Kahit hindi pa ako nakakapasok doon, masaya pa rin akong pumunta roon, at lagi kong ipinapaalala sa mga magulang ko na pumunta sa templo.

**Milton Aarón V., edad 10, Ecuador**



***Sina Celeste at Giuliana C., edad 7 at 6, taga-Argentina, ay gustong tulungan ang kanilang ina sa paglilinis ng kanilang silid at pagtatabi ng kanilang mga laruan at sapatos. Inaalagaan din nila ang kanilang bunsong kapatid at nakikipaglaro dito kapag abala ang kanilang ina. Mahilig bumisita ang pamilya nang magkakasama sa templo. Sinabi nina Celeste at Giuliana na mas pinagkakaisa nito ang kanilang pamilya.***

# Moises



PAGHAWI NI MOISES SA DAGAT NA MAPULA, NI ROBERT T. BARRETT © IRI

**Tungkol kay Moises**

Binigyan ng Panginoon si Moises ng kapangyarihang magsagawa ng mga himala. Hinawi Niya ang Dagat na Mapula upang makatakas ang mga Israelita sa Egipto. Kalaunan ay natanggap niya ang Sampung Utos.

Maaaring hindi ninyo laging maunawaan kung bakit may ilang bagay na ipinagagawa ang Panginoon sa inyong buhay, ngunit kung kayo ay masunurin at may pananampalataya tulad ni Moises, pagpapalain kayo ng Panginoon.

**Saan Makikita ang Iba Pa**

**Exodo 3–14** Nagsagawa ng mga himala si Moises at inakay ang mga Israelita palabas ng Egipto.

**Exodo 19–20** Inihayag ng Panginoon kay Moises ang Sampung Utos.

# Ang **Halimbawa ni Daniel** sa Pagdarasal

**Ni Laurie Williams Sowby**

Batay sa tunay na buhay

*"Huwag hamakin ng sinoman ang iyong kabataan; kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya" (I Kay Timoteo 4:12).*

1. Tuwang-tuwa si Daniel. Sasakay siya ng eroplano para bisitahin ang kanyang lolo't lola sa Peru. Hindi sila mga miyembro ng Simbahan, ngunit mahal niya sila at mahal siya nila.



2. Nang makarating si Daniel sa Peru, masaya siyang makita ang kanyang lolo't lola. Medyo nangulila rin siya. Ang mga bagay-bagay sa Peru ay iba kaysa sa Espanya. Pero alam niya na may isang bagay na magkatulad.




3.




4.




MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK


5.
Kailangan po nating lumuhod, magyuko ng ulo, at pumikit.
6.
Maaari po nating pasalamatan ang Ama sa Langit sa mga biyaya at humingi ng tulong sa Kanya.
7. Hangang-hanga ang lolo't lola ni Daniel kaya't nagdasal sila tuwing umaga at gabi habang naroon si Daniel.
8. Masaya si Daniel at nakasama niyang magdasal ang kanyang lolo't lola. Alam niya na masaya rin ang Ama sa Langit.

# PAGIGING **MABUTING HALIMBAWA**

Si Daniel ay natututong magpakita ng mabuting halimbawa. Gumuhit ng masayang mukha sa mga bilog na katabi ng mga larawan ni Daniel na nagpapakita ng mabuting halimbawa. Magdrowing ng malungkot na mukha sa mga bilog na katabi ng mga larawan ni Daniel na nagpapakita ng masamang halimbawa.

## MGA TULONG PARA SA MGA MAGULANG

- Basahin ang kuwentong "Ang Halimbawa ni Daniel sa Pagdarasal" sa inyong anak. Magbahagi ng karanasan na nakatulong sa inyo ang mabuting halimbawa ng isang tao.
- Ibahagi ang kuwento tungkol kay Abinadi sa Aklat ni Mormon (tingnan sa Mosias 11–17). Ipaliwanag na ang matinding halimbawa at mga turo ni Abinadi ay nakatulong upang maniwala si Alma sa katotohanan.











KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK

# Pagtutugma ng mga Banal na Kasulatan

Kabilang sa mga banal na kasulatan ang mga kuwento tungkol sa mga propeta at ibang mga taong halimbawa ng pagiging masunurin sa Ama sa Langit. Sundan ang mga linya para makita kung saang banal na kasulatan matatagpuan ang kuwento tungkol sa bawat propeta.




KANAN: *SI DANIEL SA YUNGIB NG MGA LEON*, NI CLARK KELLEY PRICE © IRI; *SI PROPETANG JOSEPH SMITH*, NI ALVIN GITTINS; *BINIBINYAGAN NI JUAN BAUTISTA SI JESUS*, NI GREG K. OLSEN, HINDI MAAARING KOPYAHIN; *PINAGSASABIHAN NI NEPHI ANG MGA KAPATID NIYANG SUWAIL*, NI ARNOLD FRIBERG

# Mga Balita sa Simbahan

## Ang Pagsasabuhay ng mga Mensahe sa Kumperensya ay Nagpapabago ng Buhay

**Ni Melissa Merrill**
Mga Magasin ng Simbahan

Pagkatapos ng pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2010, nagpasiya sina Jared at Kathleen Smith ng Utah, USA, na libutin ang kanilang lugar sakay ng kotse kasama ang tatlo nilang anak upang masdan ang makukulay na dahon sa taglagas. Bago umalis, nagbulsa si Brother Smith ng maliit na bote ng inilaang langis. Nananatili sa kanyang isipan ang mensahe ni Pangulong Henry B. Eyring sa priesthood na maging handa sa paglilingkod bilang maytaglay ng priesthood sa lahat ng oras (tingnan sa "Maglingkod nang May Espiritu," *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2010, 59).

Sa kanilang pag-uwi, nadaanan ng mga Smith ang mga taong nakapalibot sa musmos na batang babae na nakahandusay sa lupa, na tila may pinsala sa ulo. Isang babae ang narinig nilang sumigaw, "Pakiusap, may nagdala ba sa inyo ng inilaang langis? Pakiusap!" Agad inihinto ni Brother Smith ang kotse at iniabot sa ama ng bata ang langis. Matapos mabasbasan ng priesthood, nagkamalay ang bata at kinakausap na ang kanyang mga magulang. Ilang sandali pa, dumating na ang paramedics at dinala siya sa ospital.

"Nakadama kami ng kasiyahan at kapayapaan sa aming puso dahil tamang-tama ang dating namin sa lugar, na may dalang langis, at sabi nga ni Pangulong Eyring, nakahanda," sabi ni Brother Smith. "Nakita ng aming mga anak ang pagpapala ng kapangyarihan ng priesthood, at lumisan kami na dama ang pagmamahal ng Ama sa Langit kapwa sa amin at sa batang babae at pamilya nito."

Tulad ng mga Smith, maraming pamilya ang napagpala sa pagsunod sa payong natanggap sa pangkalahatang kumperensya. Sa paghahanda ng mga miyembro para sa isa pang pangkalahatang kumperensya, ibinahagi rito ng tatlong pamilya ang kanilang kuwento tungkol sa pagsunod sa tinig ng propeta.

Para sa marami pang kuwento (sa Ingles) o para maibahagi ang inyong sariling karanasan (sa anumang wika), basahin ang buong bersiyon ng artikulong ito sa bahaging Church News and Events ng LDS.org at lds.org/church/news/how-general-conference-changed-my-life.



***Isang mensahe ni Elder James B. Martino sa kumperensya ang nagpalakas sa pananampalataya ni Anne Te Kawa ng New Zealand na manalangin para sa patnubay na kailangan niya.***

### Anne Te Kawa, Tararua, New Zealand

Sa mga unang buwan ng 2010, naharap ako sa ilang mabibigat na personal na pagsubok. Iminungkahi ng bishop ko na makakatulong sa akin ang makipag-usap sa isang professional counselor. Nabigla ako sa mungkahi niya. Nagtatrabaho ako at nagsasanay sa larangan ng panggagamot sa adiksyon sa droga at alak, kaya naisip ko, "Para na nga akong counselor! Hindi ko kailangan ang tulong ng iba."

Hirap pa rin ako sa ilang pagsubok—at sarili kong pagmamataas—nang sumapit ang pangkalahatang kumperensya ng Abril. Nagbigay ng mensahe si Elder James B. Martino ng Pitumpu na may pamagat na, "Lahat ng mga Bagay ay Nagkakalakip na Gumagawa sa Ikabubuti" (tingnan sa *Liahona* at *Ensign,* Mayo 2010, 101), na nakasentro sa pagharap sa mga paghihirap.

Naantig ako sa kanyang mensahe, at nagpasiya akong manalangin na magabayan sa dapat kong gawin. Nilisan ko ang kumperensya na may hangad na sumampalataya at magtiwala na gagabayan ako ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Sa loob ng dalawang linggo nagnilay-nilay ako at nanalangin at nagbulay-bulay at sa huli

ay nagpasiya na subukang kumonsulta sa isang professional counselor. Nakatulong at maganda ang karanasang ito. Bukod pa rito, ang muling pagbabasa ng mensahe ni Elder Martino, pagpapasigla ng pagdarasal sa Ama sa Langit, at pag-asa sa Pagbabayad-sala ng Kanyang Anak na si Jesucristo ay nagbigay sa akin ng walang-katapusang katiwasayan. Nagpapatotoo ako na ang mapagpakumbabang paghahanap sa Panginoon ang paraan sa tuwina upang makayanan ang mga pagsubok. Gagabayan Niya tayo upang malaman natin ang mga partikular na bagay na kailangan nating gawin.

**Andrea Roueche, Texas, USA**

Nagkaanak kami ng asawa kong si Collin noong Oktubre 2009. Nang limang buwan na ang anak naming si Eliza, pinag-usapan namin kung kailan siya isasali sa family home evening at pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Maganda bang mag-family home evening kapag gising siya? May mapapala ba siya talaga sa pagbabasa namin ng Aklat ni Mormon nang malakas?

Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2010, sabi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Anuman ang edad ng mga kabataan, maging ang mga sanggol, makatutugon at tumutugon sila sa diwa ng Aklat ni Mormon" ("Mangagpuyat sa Buong Katiyagaan," *Liahona* at *Ensign,* Mayo 2010, 40).

Ang mga pagbabagong nagawa namin ay simple at paunti-unti. Regular kaming nagpapatugtog ng CD ng mga kanta sa Primary para kay Eliza. Nagbabasa kami ng ilang talata mula sa Aklat ni Mormon kasama siya sa oras ng pagkain. Nagsimula na kaming magkaroon ng panalangin ng pamilya bago matulog si Eliza. Kapag namamasyal, itinuturo ko ang mga ibon at sinasabi sa kanya, "Nilikha ni Jesus ang mga ibong iyon para sa atin." Maaaring hindi pa niya maunawaan sa ngayon, ngunit darating din iyan.

Natuklasan ko na ang mga bagay na ito ay nakabawas sa pag-aalala ko para sa hinaharap. Nadama ko na kung gagawin ko ang aking tungkulin na turuan si Eliza ng dapat niyang malaman at sundin ang payo ng propeta, pagpapalain siya sa hinaharap.



***Natagpuan nina Collin at Andrea Roueche ang mga sagot na hinahanap nila sa mensahe ni Elder David A. Bednar sa kumperensya.***

**Sela Fakatou, West Midlands, England**

Sa aming pamilya, lahat ay abala. Kung minsan hindi kami nakikinig na mabuti sa isa't isa o nagpapakita ng kabaitan o paggalang. Kaya sa paghahanda sa parating na pangkalahatang kumperensya, nagdasal kami para malaman kung paano kami higit na magkakalapit bilang pamilya.

Ang mensahe ni Elder Robert D. Hales na, "Ang Ating Tungkulin sa Diyos: Ang Misyon ng mga Magulang at Lider para sa Bagong Henerasyon" (tingnan sa *Liahona* at *Ensign,* Mayo 2010, 95), ang sumagot sa aming mga dalangin at tanong.

Naantig ako lalo na sa kuwento tungkol sa apong lalaki ni Elder Hales na nagtanong ng, "Lolo! Nandiyan po ba kayo?" Ipinaliwanag ni Elder Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol na, "Ang ibig sabihin ng *nariyan* ay nauunawaan ang nasa puso ng ating mga kabataan at nakikipag-ugnayan sa kanila. At ang pakikipag-ugnayan sa kanila ay hindi lang pakikipag-usap sa kanila kundi paggawa din na kasama nila."

Nagsikap kaming pagbutihin pa ang pag-uugnayan namin sa isa't isa. Sa hapunan, pinag-uusapan namin ang mga nangyari sa maghapon. Pinag-uusapan namin ang mga pagsubok na kinakaharap namin at kung paano nakatulong ang mga natutuhan namin sa mga banal na kasulatan sa pagharap at pagdaig sa mga pagsubok na iyon.

Kinailangan naming sikaping makapaglaan ng oras sa mga pag-uusap na ito. Ngunit nang maging bahagi ng aming buhay-pamilya ang magagandang ugaling ito, nakadama ako ng espesyal na pagmamahal sa aking pamilya. Sa pagsunod ko sa payo ng propeta na natanggap ko sa kumperensya, napuno ng mga kasagutan sa iba pang mga tanong ang aking isipan, at nakakita ako ng mga paraan na magiging higit akong katulad ng Tagapagligtas na si Jesucristo. Ngayon lamang ako nakadama ng kapayapaan sa halip na pag-aalala. ■

# Pagtatanim ng mga Binhi
## ng Pag-asa sa Sariling Kakayahan sa Maliliit na Lugar

**Ni Allie Schulte**
Welfare Department

Maraming miyembro ng Simbahan ang nakatira sa mga apartment o maliit na bahay na walang lupang mapagtamnan. Ang iba ay naninirahan sa mga tuyong lugar kung saan tigang ang lupa. Inaakala naman ng ilan na wala silang panahon o pera para makapagtanim ng sariling pagkain. Subalit sa tulong ng pananampalataya, kasigasigan, tiyaga, at pagiging malikhain, sinuman ay makapaghahalaman.

Kapag mapanalanging pinag-isipan ng mga miyembro ang payo na magtanim at maghanap ng mga paraang masunod ang alituntuning ito, mamamangha sila sa mga solusyong matatagpuan nila. Narito ang ilang karanasan at payo ng mga miyembrong nakasunod sa payo na magtanim.

### Pagtatanim ayon sa Badyet

Habang naninirahan sa isang maliit na townhouse apartment, natuklasan ni Noelle Campbell, ng Houston, Texas, USA, na marami sa mga materyal na kailangan niya sa pagtatanim ay nasa bahay niya mismo. Sa kanyang patyo, nagsimula siyang magtanim ng mga gulay sa mga lumang lalagyan—kahit ano mula sa lalagyan ng sabong panlaba hanggang sa mga lalagyan ng pagkain ng pusa.

Nagulat siya sa dami ng pagkaing maitatanim niya sa maliliit na lalagyan. Pagkatapos ay pinalawak niya ang kanyang halamanan, gamit pa rin ang mga materyal na nakolekta niya sa bahay. Ang mga lumang istante ng libro at kahon ay naging patayong halamanan. Ang kuwadro ng isang lumang trampoline na sukat sa kanya ay ginamit na ngayong pansuporta sa mga patani, gisantes at iba pang halamang gumagapang. Gumamit pa siya ng mga lumang parilya ng ihawan para hindi humapay ang tanim niyang mga kamatis.


LARAWANG KUHA NI NOELLE CAMPBELL

***Ang mga kahon, timba, bote, at iba pang mga lalagyan ay magagamit para maging kapaki-pakinabang na halamanan ang maliliit na lugar.***

"Gusto ko ang hamong magtanim sa mga lalagyan, na makita ang maliit kong konkretong patyong 8-piye-kuwadrado (2.5-metro-kuwadrado) na naging luntian, buhay, at namumungang halamanan," sabi ni Noelle.

### Paggamit ng mga Lalagyan

Sa Alberta, Canada, alam ni Shirley Martin mula sa kanyang karanasan na makapagpapalaki ka ng kahit anong uri ng halaman sa isang lalagyang kasingsimple ng mga lumang plastik na bote ng softdrink o juice. Sinabi niya na ang susi sa matagumpay na pagtatanim sa lalagyan ay ang pagkakaroon ng sapat na liwanag, kahit mula lamang sa bintana o ilaw na dinisenyo para magpalago ng halaman, at madalas na pagdidilig, dahil mas mabilis matuyuan ang mga lalagyan kaysa tunay na halamanan.

"Ngayong taon," sabi ni Shirley, "nagtatanim ako sa ilang paso ng kaunting halamang pampalasa, litsugas, kamatis, sibuyas, chive, at sili sa aking balkonahe. Lahat ng puwede mong maisip."

**Matuto sa pamamagitan ng Paggawa**

Ipinasiya muna ni Kwan Wah Kam ng Hong Kong na magtanim para maragdagan ang imbak niyang pagkain sa tahanan. Hindi pa niya nasubukang magtanim ng sariling pagkain ngunit inisip niya na matututuhan niya ang lahat ng kailangan niyang malaman sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga aklat.

Bagama't nakatulong ang impormasyong nakuha niya, hindi naglaon ay natuklasan ni Kwan na ang pinakamagandang natutuhan niya ay nagmula sa talagang pagtatanim niya. Sa bawat naragdag na taon ng karanasan, dumami ang kanyang nalalaman tungkol sa lupang pinakamainam gamitin para sa iba't ibang binhi, kung paano malalaman ang kaibhan ng magagandang binhi sa mga pangit na binhi, ang iba't ibang paraan ng pagdidilig at paglalagay ng pataba sa mga halaman, at ang pinakamagandang panahon ng pagtatanim ng iba't ibang gulay.

Gayunman, hindi lamang paghahalaman ang natutuhan ni Kwan. Isang gabi, nanganib sa isang malakas na bagyo ang kanyang halamanan. Kinaumagahan, nagulat siyang matuklasan na hindi nasira ang kanyang mga pananim, sa halip, mas tumibay pa ito dahil sa dagdag na tubig.

"Sa karanasang iyan, nalaman ko na sa pagsampalataya sa Diyos, mas titibay tayo kapag hinarap natin nang may tapang ang ating mga pagsubok at paghihirap," sabi ni Kwan. "Ang mga pagpapalang natanggap ko sa paghahalaman ay kapwa temporal at espirituwal." ■

"Iilang taon lang sa buhay ko ang nagdaan na hindi ako nakapagtanim. Kahit ngayong nakatira ako sa condominium sa lungsod, nagtatanim pa rin ako at umaani taun-taon. . . . Tuwing tagsibol kapag minasdan ko ang isang walang halaga at maliit na binhi at itinanim ito sa isang taniman na inihanda nang husto, namamangha ako sa dami ng ibubunga nito."

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, "The Law of the Harvest," *New Era*, Okt. 1980, 4.**

MGA BALITA TUNGKOL SA **TEMPLO**

## Pinangunahan ni Pangulong Monson ang Groundbreaking sa Roma

Pinangunahan ni Pangulong Thomas S. Monson ang groundbreaking para sa Rome Italy Temple noong Oktubre 23, 2010. Dalawang taon na ang nakararaan, ang ibinalitang tatlong-palapag, 40,000 piye kuwadrado (3,700 metro kuwadrado) na templo ang magiging



***Pinangunahan ni Pangulong Thomas S. Monson ang groundbreaking para sa Rome Italy Temple noong Oktubre 23, 2010.***

ikalabindalawa sa Europa at una sa Italya. Kapag natapos na, magsisilbi ito sa mga miyembro sa Italya at kalapit na mga bansa. Ang 6-na-ektaryang lupa ay magiging sentro ng relihiyon at kultura na kinabibilangan ng isang multifunctional meetinghouse, isang visitors' center, isang family history center, at patron housing.

## Pagtatayo ng Templo sa Argentina

Pinangunahan ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ang groundbreaking para sa templo sa Córdoba, Argentina, noong Oktubre 30, 2010. Ang lugar ay pinagtayuan ng isa sa mga pinakaunang chapel ng Simbahan sa Argentina. "Napakaganda na ang layunin nito sa huli ay tanggapin ang bahay ng Panginoon," sabi ni Elder Andersen. Ang templo ang magiging ikalawa sa Argentina. May templo rin sa Buenos Aires.

## Groundbreaking sa Gilbert, Arizona

Pinangunahan ni Elder Claudio R. M. Costa ng Panguluhan ng Pitumpu ang groundbreaking para sa Gilbert Arizona Temple noong Nobyembre 13, 2010. Ang Gila Valley Arizona Temple at Gilbert Arizona Temple, na ibinalita noong Abril 26, 2008, ang mga unang templong ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson pagkatapos siyang matawag na pangulo ng Simbahan. Ang Gilbert Arizona Temple ang magiging ikaapat na templo sa Arizona. Ang ikalima, ang Phoenix Arizona Temple, ay ipinaplano pa lang. ■

# KOMENTARYO

### Gustung-gusto ang mga Poster

Ang *Liahona* ay laging napakagandang basahin! Dahil inaanyayahan tayo nito na mag-ambag sa napakaraming paraan, mas kaisa at kabahagi ako nito. Gustung-gusto ko ang mga poster. Ikinukuwadro ko ang mga ito at isinasabit sa aking opisina. Salamat sa lahat ng pagsisikap ninyo.

**Bertha Viola Rétiz Espino, Mexico**

### Patuloy na Nadaragdagan ang mga Miyembro

Kami, na mga miyembro ng Abuakwa Branch sa Ghana, ay ipinagdiwang kamakailan ang aming isang taong anibersaryo bilang isang branch. Nagsimula kami sa 50 kataong dumadalo sa sacrament meeting, at ngayon ay 128 na kami. Mahal namin ang aming mga lider. Binabasa at pinag-aaralan namin ang *Liahona*, bumibili kami ng mga ekstrang kopya para sa mga bagong miyembro at sa mga wala nito, at patuloy na nadaragdagan ang aming mga miyembro araw-araw. Alam namin na ang Aklat ni Mormon ay totoo.

**Christopher Pidoal, Ghana**

### Isang Angkla sa Maalong Karagatan

Lubos akong nagpapasalamat na mayroong *Liahona* sa aking tahanan! Ito ay pinagkukunan ng lakas. Isang araw nang guluhin ng maruruming bagay ang aking isipan, itinuon ko ang aking sarili sa *Liahona*, at naglaho sa isipan ko ang mga iyon. Tinulungan ako ng *Liahona* na malinis ang aking isipan at nagsilbi itong angkla ng kaligtasan sa maalong karagatan.

**Victorino F. Dela Cruz Jr., Philippines**

*Mangyaring ipadala ang inyong komentaryo o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.* ■

# MGA IDEYA PARA SA **FAMILY HOME EVENING**

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na maaaring gamitin para sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*

**"Pinaghiwalay ng Baha, Pinag-isa ng Panalangin,"** pahina 14: Matapos basahin ang artikulo, maaari ninyong bigyang-diin ang mga alituntunin ng panalangin sa pamamagitan ng samasamang pagbabasa sa Alma 34:18–27. Magpabahagi ng karanasan sa mga kapamilya tungkol sa mga panalangin nila na nasagot.



**"Ang Kapangyarihan ng Tagapagpagaling,"** pahina 18: Matapos basahin at talakayin ang mga bahagi ng artikulo, maaari ninyong ipaawit sa inyong pamilya ang "Panginoon, Kayo'y Laging Susundin" (*Mga Himno,* blg. 164). Bilang isang pamilya, pag-usapan ang mabubuting paraan ng pagtugon kung nasaktan kayo ng isang tao. Talakayin kung paano "nakapagpapahilom ng sugatang puso, ng di-pagkakaunawaan, at poot" ang pag-unawa at pag-aangkop ng Pagbabayad-sala sa inyong buhay.

**"Pagtuturo ng Doktrina Tungkol sa Pamilya,"** pahina 32: Habang ibinabahagi ang mensahe ni Julie B. Beck, anyayahan ang mga kapamilya na talakayin ang kahalagahan ng doktrina ng pamilya. Talakayin ang mga nagbabantang panganib sa pamilya, at kung paano ito madaraig ng pagsampalataya. Tulungang malutas ang anumang alalahanin o pag-aatubili ng inyong mga anak na magkaroon ng sarili nilang pamilya sa tamang panahon.

**"Mga Pagpapala ay Bilangin,"** pahina 62: Bago basahin ang artikulong ito bilang isang pamilya, maglagay ng mga bagay sa palibot ng silid na nagpapaalala sa inyo ng inyong mga pagpapala. Maaaring isama rito ang damit, pagkain, mga banal na kasulatan, larawan ng Tagapagligtas, retrato ng inyong pamilya, at iba pa. Anyayahan ang inyong pamilya na hanapin ang "mga pagpapalang" ito at ibahagi kung bakit sila nagpapasalamat para sa mga ito. Maaari kayong magpalista sa inyong kapamilya ng mga bagay na pinasasalamatan nila at imungkahing repasuhin paminsan-minsan ang listahan.

### Family Home Evening na Malayo sa Tahanan

Tatlo sa aking mga anak ang nag-aaral sa lugar na malayo sa aming tahanan ngayon, kaya nagbabahaginan kami ng family home evening sa Internet. Pinadadalhan ko sila ng mga e-mail na ikinukuwento sa kanila ang mga espirituwal na karanasan namin sa bahay at ang mga araling itinuro namin mula sa *Liahona* o mga banal na kasulatan—lalo na sa Aklat ni Mormon. Kung nakalipas ang isang linggo at nalimutan kong sumulat, sinasabi nilang lahat na, "Inay! Pakiusap! Nami-miss po namin ang family home evening." Sa pagbabahagi sa amin sa ganitong paraan, napapalakas nila kami kahit wala sila rito.


Naniniwala ako na ang family home evening ay isang programang binigyang-inspirasyon dahil tinutulungan tayo nitong magtayo ng pundasyon sa ibabaw ng bato ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Tinutulungan din kami ng family home evening na makamtan ang nais ng Panginoon para sa amin—na maaari kaming maging isang pamilya na magsasama-sama magpakailanman. ■

**Norma Leticia Treviño de Taylor, Nuevo León, Mexico**

# Bakit Mahalaga ang mga Hanbuk?

Nang ipaalam ng mga lider ng Simbahan ang dalawang bagong hanbuk at tumulong na ipaliwanag kung paano ipapatupad ang mga patakarang naroon nang idaos ang dalawang huling pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno, sinagot din nila ang tanong na: bakit mahalaga ang mga hanbuk?

Kabilang sa maraming paraan na maaaring maging isang pagpapala ang mga hanbuk ng Simbahan ay: (1) mapapanatili ang katumpakan ng mga pamamaraan sa mabilis na pagdami ng mga miyembro, (2) mababawasan ang pasanin ng Unang Panguluhan, at (3) magkakaroon ng paghahayag sa lokal na administrasyon.



LARAWANG KUHA NI WELDEN C. ANDERSEN

***Ang mga lider ng Simbahan na pamilyar sa mga hanbuk at sumusunod dito ay nag-aanyaya ng patnubay ng Espiritu Santo para magkaroon sila ng inspirasyon.***

### Katumpakan at Pagdami

Ang mga hanbuk ay tumutulong na mapanatili ang integridad ng mga patakaran, pamamalakad, at programa ng simbahan na nakararanas ng mabilis na pagdami ng miyembro sa iba't ibang dako ng mundo.

"Patuloy na nadaragdagan ang ating mga miyembro simula nang maorganisa ang simbahan noong 1830. At patuloy pa itong madaragdagan sa libu-libong ward o branch sa iba't ibang dako ng mundo," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno noong Nobyembre 2010. "Halos imposibleng mapanatili ang integridad ng mga patakaran, pamamaraan, at programa ng Simbahan kung wala ang mga hanbuk na ito."

### Ang Pasanin ng Unang Panguluhan

Ang mga hanbuk ay tumutulong na mabawasan ang oras na ginugugol ng Unang Panguluhan sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa pamamaraan at pagwawasto ng mga maling pagpapatupad ng pamamaraan.

"Kapag nagmimiting kaming Unang Panguluhan sa aming regular na sesyon bawat linggo, dapat at kailangan naming harapin at iwasto ang mga kamalian," sabi ni Pangulong Monson. "Karamihan sa mga pagkakamaling ito ay maiiwasan kung alam ng mga lider . . . ang nasa hanbuk at sinusunod ang mga patakaran at pamamaraang nakasaad dito."

Sinabi ni Pangulong Monson na paminsan-minsan ang mga lider na may mabuting intensyon ngunit hindi pamilyar sa mga patakaran at pamamaraan ng Simbahan ay gumagawa ng mga desisyong humahantong sa nakapipinsalang paglihis sa mga programa ng Simbahan.

"Kayo man ay matagal nang miyembro ng Simbahan o bago pa lang, sumangguni sa hanbuk kapag hindi kayo sigurado sa isang patakaran o pamamaraan," sabi ni Pangulong Monson. "Hindi kayo magkakamali kapag ginamit ninyo ang mga hanbuk."

### Tumutulong sa Paghahayag

Ang mga hanbuk ay tumutulong sa paghahayag kapag hinangad ng mga lokal na lider ang patnubay ng Espiritu sa pangangasiwa sa mga gawain ng Simbahan.

"Kapag alam ng mga lider ng Simbahan ang mga tungkulin nila at sumusunod sa itinakdang mga pamamaraan, inaanyayahan nila ang Espiritu Santo na bigyan sila ng inspirasyon at ang mga taong kanilang pinaglilingkuran," sabi ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol sa pulong noong Nobyembre 2010.

Inilarawan ni Brother David M. McConkie, unang tagapayo sa Sunday School general presidency, ang kahalagahan ng mga hanbuk sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2010.

Habang sinasanay ng isang Area Seventy bilang bagong stake president, sunud-sunod ang tanong ni Brother McConkie na, sa kanyang pagkapahiya, ay nasagot na lahat sa mga hanbuk.

"Hindi na ako nagtangkang magtanong pa. Naisip ko na pinakamabuting basahin na lang ang hanbuk," sabi ni Brother McConkie. "Taliwas sa tuntunin ng langit na ulitin ng Panginoon sa bawat isa sa atin ang naihayag na Niya sa ating lahat" ("Pagkatuto at Pagtuturo ng Ebanghelyo," *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2010, 13)

Upang makita ang video, teksto, at audio ng pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno noong Nobyembre 2010 at Pebrero 2011 sa 40 wika, bisitahin ang bahaging **Serving in the Church** ng LDS.org. ■

# LIGTAS SA AKING KINABIBILANGANG WARD

**Ni Caroline Kingsley**

Isa sa pinakamagagandang alaala ng aking kabataan ay ang tunog ng matataas na takong ng sapatos ng aking ina sa sahig ng aming kusina habang inihahanda niya ang aming pamilya sa pagsisimba. Aktibong-aktibo siya sa aming ward at naglingkod nang maraming taon bilang pangulo ng Relief Society. Hindi ko pinangarap na magbago ang anuman.

Noong ako ay mga edad 12 at kami lang dalawa ang magkasama sa buhay, lumayo siya sa Simbahan sa mga kadahilanang hindi ko maunawaan. Bagama't ang nanay ko—ang aking huwaran—ay nagpasiyang umiba ng landas, alam ko na ang ebanghelyo ay totoo, at patuloy akong nagsimba. Kahit hindi siya sang-ayon sa aking pasiya, inihahatid ako ni Inay papunta at pauwi mula sa simbahan linggu-linggo.

Kadalasan ay malungkot magsimba, lalo na sa sacrament meeting kung saan nakaupo ako nang mag-isa sa likuran, at kitang-kita ko ang lahat ng ina, ama, at anak na magkakatabing nakaupo. Maraming beses akong umupo sa tabi ng pamilya ng isang kaibigan. Lagi akong magpapasalamat para sa aking "pamilyang Mormon" at sa iba pa sa aking ward na may malasakit na ituring akong kapamilya sa mahirap na panahong ito.

Halimbawa, ang aking mga home teacher ay laging bumibisita kahit ako lang ang tinuturuan nila at mas malayo ang tirahan ko kaysa sa maraming miyembro ng ward. Inaasam ko ang pagkakataong matalakay ang ebanghelyo at madama ang lakas ng priesthood at Espiritu sa aking tahanan.

Maraming miyembro sa ward ang matagal ko nang kilala. Dahil sa pamilyar nilang mga mukha, magigiliw na ngiti, at mabait na pakikipag-usap, sila ang naging mga ina, ama, at kapatid ko sa ward. Ang madamang kabilang ako at minamahal ay nakabawas sa lungkot ng pagsisimba nang wala ang aking pamilya.



*Nang magsimula akong magsimbang mag-isa sa edad na 12, nalaman ko na biniyayaan ako ng Ama sa Langit ng isang lugar na ligtas ako.*

Alam ko na hindi lang ako ang nasa ganitong sitwasyon. Maraming kabataang nagsisimba nang hindi kasama ang isa o parehong magulang. Ngunit sa pamamagitan ng halimbawa, pagkakaibigan, at mga tungkulin, matutulungan nating lahat ang mga anak na ito ng Ama sa Langit at maipadarama na sila ay kabilang, matuturuan ng mga alituntunin ng ebanghelyo, at mahihikayat na maging aktibo sa mga pulong at aktibidad.

"Plano ng Ama sa Langit na isilang tayo sa isang pamilya—ang pinakapangunahin, pinakabanal, at pinakamalakas na grupo sa mundo," sabi ni Virginia H. Pearce, dating tagapayo sa Young Women general presidency. "At sa pamilya nangyayari ang ilan sa pinakamahalagang bagay na matututuhan natin. Bukod pa sa pamilyang iyon, naglaan din ang Panginoon ng pamilya sa ward o branch. . . . Hindi nilayong halinhan ng mga ward ang pamilya, kundi ang suportahan ang pamilya at mabubuting turo nito. Ang ward ay isang lugar kung saan sapat ang matibay na pangako at lakas na makabubuo ng pamilyang 'ligtas na kanlungan' para sa bawat isa sa atin kapag hindi maibigay ng ating pamilya ang lahat ng turo at nagpapalagong karanasang kailangan natin para makabalik sa Ama sa Langit. Kailangan nating pasalamatan nang lubos ang lakas ng kinabibilangan nating ward at panibaguhin ang ating pangako na makibahaging mabuti sa komunidad na iyon ng mga Banal."[1]

Napakalaki ng pasasalamat ko sa mga yaong naging kanlungan ko, na itinanim sa akin ang hangarin na gayon din ang gawin sa iba. ■

**TALA**

1. Virginia H. Pearce, "The Rewards of a Ward," *New Era,* Mar. 1995, 41.

PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY



MGA SALITA NI CRISTO

*Gagaling Ako,* ni Al Young

*"At narito, isang babaing inaagasang may labingdalawang taon na, ay lumapit sa kaniyang likuran, at hinipo ang laylayan ng kaniyang damit:*

*"Sapagka't sinabi niya sa kaniyang kalooban, Kung mahipo ko man lamang ang kaniyang damit, ay gagaling ako.*

*"Datapuwa't paglingon ni Jesus at pagkakita sa kaniya, ay sinabi, Anak, laksan mo ang iyong loob; pinagaling ka ng iyong pananampalataya. At gumaling ang babae mula sa oras na yaon" (Mateo 9:20–22).*



"Ang kapangyarihang magpagaling ng Diyos ay kamangha-mangha, nakapupukaw, at nakalulugod," pagsulat ni Elder Yoshihiko Kikuchi ng Pitumpu. "Pinasasalamatan ko Siya sa Kanyang awa, pagmamahal, at mahimala at dakilang pagpapagaling. Pinasasalamatan ko Siya na tunay na Nagbayad-sala ang Tagapagligtas, na sa Kanyang biyaya ay 'nagbibigay ng kapangyarihan na mahugasan ang mga kasalanan, magpagaling, at magkaloob ng buhay na walang hanggan.'" Tingnan sa "Ang Kapangyarihan ng Tagapagpagaling," pahina 18.

TAGALOG
4 02096 83893 0